

Liahona



Elder Gong at Elder Soares:
“Mga Saksi ng Pangalan ni Cristo
sa Buong Daigdig,” pp. 12, 18

8 Bagay na Dapat Maunawaan tungkol sa
Bishop Ninyo, p. 24

Joseph Smith: “Nabigyang-Inspirasyon na
Isulong ang Layunin ng Sion,” p. 28

Ang Kuwento sa mga Huling Araw tungkol
sa Ating mga Tipan sa Diyos, p. 34

**“ANG PAGKAALAM NA
NAGPLANO ANG ATING
MGA MAGULANG SA LANGIT
PARA SA ATING SUKDULANG
KALIGAYAHAN AT KADAKILAAN**

AY NAGLALAN SA ATIN NG
PANANAW, NAGBIBIGAY SA ATIN NG
PAGKAKAKILANLAN BILANG MGA
MINAMAHAL NA ANAK NG MGA BANAL
NA MAGULANG, AT NAGPAPAIBAYO SA
ATING TIWALA SA PANGINOON.”

ELDER QUENTIN L. COOK


Mula sa “Napakamaawain ng Panginoon,” pahina 34.



TAMPOK NA MGA ARTIKULO

6 Mga Alituntunin ng Ministering: Paghingi ng Tulong na Tulungan ang Iba

Paano natin malalaman kung kailan at paano isasali ang iba sa ating ministering?



SA PABALAT

Ang Nasa Akin, ay Siya Kong Ibinibigay sa Iyo, ni Walter Rane.

12 Elder Gerrit W. Gong: Mahalin ang Panginoon at Magtiwala sa Kanya

Ni Elder D. Todd Christofferson

18 Elder Ulisses Soares: Isang Taong Walang Pandaraya

Ni Elder Neil L. Andersen

24 Ang Nais ng Bawat Bishop na Malaman ng Bawat Miyembro ng Kanyang Ward

Ni Michael Meyers

Kung minsan nalilimutan natin na ang mga bishop ay tao ring tulad natin, na ginagawa ang lahat para makapaglingkod nang maayos sa kanilang tungkulin.

28 Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan—Kabanata 8: Ang Pagsisimula ng Simbahan ni Jesucristo

Habang inililimbag ang Aklat ni Mormon, naaakay ang ilang tao sa totoong Simbahan. Kasunod ng paglalathala, inorganisa ni Joseph ang Simbahan.

34 Napakamaawain ng Panginoon

Ni Elder Quentin L. Cook

Ang mga miyembro ay mabibigyang-inspirasyon kapag nagbasa sila tungkol sa matatapat na Banal sa mga Huling Araw sa bagong maramihang aklat ng kasaysayan ng Simbahan.

MAIIKLING BABASAHIN

4 Mga Larawan ng Pananampalata: Michael Isaac—Bydgoszcz, Poland

10 Ang Ating Paniniwala: Saan Napupunta ang Pera ng Ikapu

40 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw

80 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ang Ating Sumusupportang Pagsang-ayon

Ni Pangulong James E. Faust



48

44 Ang Naggaganyak sa Atin na Ipamuhay ang Ebanghelyo

Ni Mindy Selu

Talagang iisa ang dahilan kaya tayo namumuhay nang matwid.

48 Ang Unang Hakbang Tungo sa Pagsisisi

Ni Aurilas Peterson

Kinailangan kong lakasan nang husto ang loob ko sa pagharap sa bishop ko, pero nakagawa ito ng malaking kaibhan.



Tingnan kung makikita mo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Paano mo pinaniningning ang iyong liwanag?



50

50 Pagkatuto sa Paraan ng Panginoon

Ni Elder David A. Bednar

Kapag tinulutan natin ang Espiritu ang magturo, lalago ang kakayahang nating matuto.

54 5 Paraan para Matuto mula sa Pangkalahatang Kumperensya

Tingnan ang mga ideyang ito para mas matuto mula sa mga mensahe sa kumperensya.

56 Tinuruan ng Espiritu Santo

Ibinahagi ng mga tinedyer na ito ang natutuhan nila mula sa pangkalahatang kumperensya.

58 Poster: Kung Makikinig Kayo

59 Mga Katotohanan tungkol sa Pangkalahatang Kumperensya

60 Mga Tanong at mga Sagot

Paano ko maaanyayahan ang Espiritu sa aking tahanan samantalang nag-aaway o nagtatalo ang mga tao roon?

62 Mga Landas na Maghahanda sa Inyo para sa Inyong Kinabukasan

Maipapakita sa iyo ng mga karanasang ito ng apat na young adult kung paano magtagumpay sa hinaharap.



72

66 Pagpapadama ng Pag-ibig ng Diyos

Ni Allie B.

Nang lumipat kami, napansin ko na walang gaanong tao sa branch namin. Kaya nagpasiya akong kumilos para malutas iyon.

67 Panalangin sa Canyon

Ni Carsen K.

Nangamba ako na baka hindi na namin matagpuan ang daan pabalik sa kotse.

68 Paningningin ang Iyong Liwanag: Maningning ang Liwanag sa Czech Republic

70 Pinatotohanan ng mga Apostol si Cristo

Ni Elder Jeffrey R. Holland

71 Ang Ating Pahina

72 Pananampalataya, Pag-asa, at si Grace—Bahagi 3: Pag-asa sa Holland

Ni Megan Armknecht

74 Samahan ng mga Nagbabasa ng Aklat ni Mormon

75 Mga Bayani sa Lumang Tipan: Si Esther ay Matapang

76 Mga Kuwento sa mga Banal na Kasulatan: Si Reyna Esther

Ni Kim Webb Reid

79 Pahinang Kukulayan: Maipadarama Ko sa Iba na May Nagmamahal sa Kanila

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo
ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks,
Henry B. Eyring

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard,
Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar,
Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen,
Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund,
Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

Patnugot: Hugo E. Martinez

Mga Assistant na Patnugot: Randall K. Bennett,
Becky Craven

Mga Tagapayo: Brian K. Ashton, LeGrand R. Curtis Jr.,
Edward Dube, Sharon Eubank, Christina B. Franco,
Donald L. Hallstrom, Douglas D. Holmes

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton

Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson

Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Publications Assistant: Francisca Olson

Writing at Editing Team: Maryssa Dennis, David Dickson,
David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H.
Garff, LaRene Porter Gaunt, Jon Ryan Jensen, Charlotte Larcabal,
Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk,
Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy
Selu, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley,
C. Kimball Bott, Thomas Child, David Green, Colleen Hinckley,
Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko
Remington, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhurst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Production Team: Ira Glen Adair, Julie Burdett, Thomas G.
Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Derek Richardson

Bago Ilimbag: Joshua Dennis, Ammon Harris

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis

Direktor sa Pamamahagi: Troy R. Barker

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila
Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines
sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan
ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive,
Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila,
Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue,
Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-
9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon;
P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa
liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420,
50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o
mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin
ay “kompas” o “panuro ng direksyon”) ay inilalathala sa
wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian,
Cebuano, Chinese, Chinese (pinyin), Croatian, Czech,
Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German,
Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano,
Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese,
Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian,
Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian,
Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng
paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2018 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay
nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Impormasyon tungkol sa karapatang-sipi: Maliban kung
iba ang nakasaad, maaaring kumopya ng materyal ang mga
indibiduwal mula sa *Liahona* para sa personal at di-pangkalakal
na gamit (pati na para sa mga calling sa Simbahan). Ang
karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Ang visual
material ay hindi maaaring kopyahin kung may nakasaad na mga
pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong
tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual
Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT
84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:

October 2018 Vol. 21 No. 10. LIAHONA (USPS 311-480)
Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church
of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt
Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year;
Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid
at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of
address. Include address label from a recent issue; old and new
address must be included. Send USA and Canadian subscriptions
to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription
help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard,
American Express) may be taken by phone or at store.lds.org.
(Canada Post Information: Publication Agreement #40017431)
POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2).
NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes
to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368,
Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

Marami pang Iba Online



Magbasa ng mga artikulo at
magsumite ng sarili mong artikulo sa
liahona.lds.org

Maghanap ng nakasisigla at
maibabahaging mga mensahe (sa
English, Portuguese, at Spanish)
sa facebook.com/liahona



Magpadala ng feedback
sa liahona@ldschurch.org

Mag-subscribe sa store.lds.org
O bumisita sa isang distribution center, mag-
tanong sa mga lider ng ward, o tumawag sa
1-800-537-5971 (U.S. at Canada)



MGAIKON MULA SA GETTY IMAGES

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Aklat ni Mormon, 28, 74
Ama sa Langit, 34, 43
Bishop, mga, 24, 48
Espiritu Santo, 50, 56, 60
Gawaing misyonero,
43, 66
Halimbawa, 68
Ikapu, 10
Jesucristo, 44, 70
Joseph Smith, 28, 34
Kapatawaran,
Pagpapatawad, 48, 72

Kasaysayan ng
Simbahan, 28, 34
Katapangan,
Lakas-ng-loob, 75, 76
Lumang Tipan, 75, 76
Ministering, 6, 24
Pag-asa sa sarili,
Self-reliance, 40, 62
Paghahayag, 41, 50
Paghihirap, 4
Pagkakaisa, 24, 43, 60
Pagkatuto, Pag-aaral, 50
Pagmamahal, Pag-ibig,
66, 79

Pagsisisi, 48
Panalangin, 4, 40, 41,
67, 68
Pananampalataya, 4, 40,
42, 44
Pangkalahatang kumpe-
rensyang, 54, 56, 58, 59
Patotoo, 56, 68, 71
pinuno ng Simbahan,
mga, 12, 18
Propeta, mga, 42, 71, 80
Templo, mga, 42, 71
Trabaho, 62





MGA LARAWAN NG PANANAMPALATAYA

“Maraming magandang bagay na maidudulot ang karamdaman,” sabi ni Michael, na may kidney failure. Dahil naragdagan ang kanyang pasasalamat para sa ebanghelyo dahil sa kanyang karamdaman, sabi niya, “magandang pagsubok ito.”

LESLIE NILSSON, RETRATISTA

Michael Isaac

Bydgoszcz, Poland

Nagalit ako noong una.

“Bakit ako?” pagdarasal ko. “Naglingkod ako sa Inyo, Panginoon.” Di-nagtagal, naunawaan ko na. Sabi sa mga banal na kasulatan, “Siya na may pananampalataya sa akin na mapagaling, at hindi itinakda sa kamatayan, ay mapagagaling” (D at T 42:48).

Patuloy akong ipinagdarasal ng mga miyembro ng Simbahan, pero lumalala ang sakit ko. Iniisip nila na hindi sinasagot ang kanilang mga panalangin, pero dinirinig ang mga ito dahil naging mas mabubuting tao sila at dahil nadarama ko ang pagmamahal nila sa akin.

Kahit malusog ako, gaano pa ba ang itatagal ng buhay ko sa edad kong ito? Gayunman, marami pa ring pagkakataong naghihintay sa akin.

Nariyan ang Simbahan. May paraan ako para makaugnayan ang Diyos sa panalangin, sa pag-aayuno, sa lahat ng ginagawa natin. Ano pa ang kailangan ko?

Kung minsan sinasabi ko sa sarili ko, “Kaya siguro ako nagkasakit—para maunawaan ko ang kadakilaan ng Simbahan at ng ebanghelyo.”

HANAPIN ANG IBA PA

Alamin ang iba pa tungkol sa pagharap sa mga hamon ng buhay taglay ang kapangyarihan ng pag-asa mula kay Pangulong Russell M. Nelson sa [lds.org/go/10185](https://www.lds.org/go/10185). Hanapin ang iba pang Mga Larawan ng Pananampalataya sa [lds.org/go/18](https://www.lds.org/go/18).

Mga Alituntunin ng Ministering

PAGHINGI NG TULONG NA TULUNGAN ANG IBA

Paano natin maisasali ang iba kapag kailangan natin ng tulong sa ating mga pagsisikap na mag-minister? Makibahagi sa mga interbyu sa ministering at council meeting sa unang Linggo.

Nang maupo si Kathy sa wheelchair dahil sa multiple sclerosis, nalaman niya na kailangan niya ng tulong gabi-gabi sa paglipat sa higaan mula sa kanyang upuan. Napakabigat ng trabaho para sa sinumang miyembro. Kaya't nag-usap-usap ang elders quorum tungkol sa kanyang sitwasyon at nagpasiyang gumawa ng iskedyul ng pagtulong sa kanya gabi-gabi.¹

Kapag nalaman natin ang mga pangangailangan at kalakasan ng mga pinaglilingkuran natin, maaaring makita natin na kailangan natin ng tulong para matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ang mga interbyu sa ministering at mga council meeting sa unang Linggo ay dalawang pagkakataon para talakayin kung paano angkop na maisasali ang iba.

Mga Interbyu sa Ministering

Ang mga quarterly interview na ito sa pagitan ng mga ministering sister at ng Relief Society presidency o ng mga ministering brother at ng elders quorum presidency ang tanging *pormal* na report na ginagawa

natin hinggil sa mga pinaglilingkuran natin. Ang interbyu ay pagkakataon minsan sa isang quarter na (1) magpayuhan tungkol sa mga kalakasan, pangangailangan, at hamon ng naka-assign na mga pamilya at indibiduwal, (2) alamin ang mga pangangailangan kung saan maaaring makatulong ang korum, Relief Society, o ward council, at (3) matuto mula sa mga lider at mahikayat sa mga pagsisikap na mag-minister.

Ipinararating ng elders quorum president at ng Relief Society president sa bishop mismo ang mahahalagang pangangailangan at tatanggap sila ng payo at tagubilin mula sa kanya.

Makikita mo ang iba pang impormasyon tungkol sa mga interbyu sa ministering sa ministering.lds.org.

Pagdaraos ng mga Makabuluhang Interbyu sa Ministering

Sa pagsuporta sa pahayag ni Pangulong Russell M. Nelson na sa ministering program iikot ang takbo ng Simbahan na makaaapekto sa kinabukasan nito, itinuro ni Elder

Ang mga artikulo tungkol sa “Mga Alituntunin ng Ministering” ay nilayon para tulungan tayong magmalasakit sa isa’t isa—hindi para ibahagi bilang mga mensahe sa mga oras ng pagbisita. Kapag nakilala natin ang mga pinaglingkuran natin, magpapahiwatig ang Espiritu Santo para malaman natin kung anong mensahe ang maaaring kailangan nila bilang karagdagan sa ating pangangalaga at habag.



ISINALI NI JESUS ANG IBA

Pinakain ni Jesus ang isang grupo na may 5,000 katao mula sa limang piraso ng sebada at dalawang isda. Basahin ang Juan 6:5–14 para matukoy kung ilang beses isinali ng Tagapagligtas ang iba sa ministering na ito.



Gary E. Stevenson ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang katuparan ng kanyang pangitain . . . ay maaaring nakasalalay sa kung gaano kahusay na naturuan at naitutok ang mga ministering brother at sister sa interbyu sa ministering.”²

Apat na tip para sa mga ministering brother at sister:

- Pumunta sa interbyu na naghahangad na mapayuhan. Maging handang matuto.
- Maging handang talakayin ang mga pangangailangan na maaaring kailangan ninyo ng tulong para matugunan.
- Magtuon sa mga kalakasan at kakayahan ng indibiduwal, hindi lang sa mga pangangailangan.
- Kontakin ang presidency para magpayo sa pagitan ng mga quarterly interview kung kailangan.

Limang tip para sa mga lider:

- Hindi kailangang habaan ang mga interbyu ngunit mag-iskedyul ng sapat na panahon para bumisita sa isang lugar na naghihikayat ng makabuluhang pag-uusap.
- Samantalain ang pagkakataong mag-minister sa ministering brother o sister.
- Huwag magtanong ng mga bagay na nagbibigay ng impresyon na nagbibilang lang kayo ng mga pagbisita o nabisita ninyo ang isang contact (“Nakapag-minister ba kayo?”). Magtanong ng mga bagay na nagpapatibay sa ninanais na mga pag-uugali (“Anong pahiwatig ang nadama

ninyo nang ipagdasal ninyo ang pamilya? Ano ang nangyari nang kumilos kayo ayon sa mga paramdam na iyon?”).

- Taos-pusong makinig at magtala.
- Magpayuhan. Ang mga ministering companionship ay may karapatang tumanggap ng paghahayag para sa mga naka-assign sa kanila na paglingkuran.³

Mga Tanong at mga Sagot tungkol sa mga Interbyu sa Ministering

Ano ang interbyu sa ministering?

Ito ay isang talakayan sa pagitan ng mga ministering brother at ng isang miyembro ng elders quorum presidency o sa pagitan ng mga ministering sister at ng isang miyembro ng Relief Society presidency sa isang lugar na naghihikayat sa kanila na maghangad at tumanggap ng inspirasyon mula sa Espiritu Santo. Dahil dito, maaaring mahikayat ang mga ministering brother at sister na mangalaga, magmahal, magturo, at mag-alo sa paraan ng Tagapagligtas.

Kailangan bang maging harapan ang mga quarterly interview na ito?

Karaniwan ay idinaraos ang mga ito nang harapan, ngunit maaari itong idaos sa pamamagitan ng telepono o online kapag imposible silang mag-usap nang harapan. Karaniwan, magkasamang lumalahok sa interbyu ang magkompanyon kapag naaangkop.

Ano ang layunin ng interbyu sa ministering?

Ang mga interbyu sa ministering ay isang pagkakataon para marebyu ng mga ministering brother at sister ang mga kasalukuyang sitwasyon, magplano para sa hinaharap, at humingi ng kailangang tulong sa mga indibiduwal o pamilya na kanilang pinaglilingkuran. Ito ay isang pagkakataong pag-usapan kung anong resources ang maibibigay ng

korum at Relief Society.

Paano ko haharapin ang kumpidensyal o maseselang isyu?

Ibinabahagi lamang ng mga ministering brother at sister ang kumpidensyal na impormasyon sa elders quorum o Relief Society president—o sa bishop mismo. Ang kumpidensyal o maseselang impormasyon ay hindi dapat ibahagi sa mga council meeting sa unang Linggo.

*Mapapanood ninyo ang mga training video na nagpapakita ng mga interbyu sa ministering sa **ministering.lds.org**.*

Ang pagpapayuhan tungkol sa mga pangangailangan ng iba ay nasa sentro ng mga interbyu sa ministering. Tingnan din sa artikulo tungkol sa Mga Alituntunin ng Ministering, “Sumangguni tungkol sa Kanilang mga Pangangailangan,” sa isyu ng Setyembre 2018.



Mga Council Meeting sa Unang Linggo

Bukod pa sa mga interbyu sa ministering, ang mga council meeting sa unang Linggo ay isa pang paraan para maisali ang iba pa sa ministering. Sa mga miting ng Relief Society at elders quorum, maaaring makatanggap ng inspirasyon ang mga dumalo mula sa Espiritu at sa iba pa sa grupo.

Ang layunin ng council meeting ay para:

- “Mag-usap tungkol sa mga lokal na responsibilidad, oportunidad, at hamon;
- “Matuto sa mga ideya at karanasan ng isa’t isa; at
- “Magplano ng mga paraan para kumilos upang sundin ang mga pahiwatig na natanggap mula sa Espiritu.”⁴

Ang mga council meeting ay higit pa sa mga talakayan: ang mga miting ay nag-uudyok sa atin na kumilos nang mag-isa o bilang grupo ayon sa inspirasyon ng Espiritu. Ang mga miyembro ay makadarama ng paghahangad na isakatuparan ang gawain ng Panginoon dahil sa mga miting na ito.

Paanyayang Kumilos

“Ang dalangin namin ngayon,” sabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, “ay ang bawat lalaki at babae—at ang ating mga nakatatandang young men at young women—ay umuwi mula sa pang-kalahatang kumperensyang ito nang may mas malalim na pangako na taos-pusong pangangalagaan ang bawat isa, ginaganyak ng dalisay na pag-ibig ni Cristo na gawin ito.”⁵ ■

MGA TALA

1. Tingnan sa *Mormon Messages* video “Lift,” lds.org/media-library.
2. Gary E. Stevenson, sa “Interbyu sa Ministering” (video), ministering.lds.org.
3. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Ministering” *Liahona*, Mayo 2018, 100.
4. *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Melchizedek Priesthood at Relief Society*, sa o *Liahona*, Nob. 2017, 140; makukuha rin sa comefollowme.lds.org.
5. Jeffrey R. Holland, “Makapiling at Palakasin Sila,” *Liahona*, Mayo 2018, 103.

SAAN NAPUPUNTA ANG PERA NG IKAPU

Ano ang nangyayari sa ibinabayad mo sa ikapu?



Kumikita ka.



Ibinibigay mo ang 10 porsiyento ng iyong kita sa ikapu (tingnan sa D at T 119).



Ibinibigay mo ang iyong ikapu sa isang miyembro ng inyong bishopric o branch presidency o ipinadadala ito online sa donations.lds.org.



Sa headquarters ng Simbahan, ang Unang Panguluhan, Korum ng Labindalawang Apostol, at Presiding Bishopric ang Council on the Disposition of Tithes (tingnan sa D at T 120). Ayon sa patnubay ng Panginoon, gumagawa sila ng inspiradong mga desisyon kung paano gagamitin itong mga sagradong ikapu.

ANG IKAPU AY MAAARING GAMITIN SA:



Pagtatayo at pagmentena ng mga templo, simbahan, at iba pang mga gusaling pag-aari ng Simbahan



Pagpapatakbo ng mga programa ng Simbahan sa edukasyon



Paglilimbag ng mga banal na kasulatan at iba pang mga materyal



Paggawa ng family history research



Paglalaan ng welfare at humanitarian effort



Paggawa ng gawaing misyonero



Paglalaan ng mga aktibidad sa Simbahan para magkasama-sama ang mga miyembro ng ward o branch

ALAMIN ANG IBA PA

- Elder David A. Bednar, "Mga Dungawan sa Langit," pangkalahatang kumpe-rensya ng Oktubre 2013
- Malakias 3:7–18
- "Ikapu," *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 35–37



Ni Elder D. Todd Christofferson

Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

ELDER GERRIT W. GONG:

Mahalin ang Panginoon at Magtiwala sa Kanya

Isang bagong kasal na graduate student noon sa University of Oxford sa England, natutuhan ni Gerrit W. Gong mula sa personal na karanasan na kapag minahal natin ang Panginoon at nagtiwala tayo sa Kanya, tutulungan, gagabayan, at palalakasin Niya tayo.

Si Gerrit ay isang Rhodes Scholar na nagtrabaho para makatapos ng dalawang graduate degree, at ang isa sa mga ito ay doctorate. Kasabay niyon, naglingkod siya sa Oxford Ward bishopric. Naalala nila ng kanyang asawang si Susan ang payo ni Elder David B. Haight (1906–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol nang ikasal sila nito sa Salt Lake Temple. “Dapat daw kaming magkaroon palagi ng calling,” sabi ni Elder Gong. “Nabatid namin na kung magtitiwala kami sa Diyos at gagawin namin ang lahat, tutulungan Niya kami.”

Tumanggap nga sina Gerrit at Susan ng “banal na tulong at awa,” sabi niya. Habang naglilingkod sa bishopric, natapos ni Gerrit ang lahat ng academic requirement para sa doctoral degree, maliban sa kanyang thesis. Humingi siya ng priesthood blessing sa bishop ng Oxford Ward na si Alan Webster. Sa basbas o blessing, natanggap ni Gerrit ang pangakong ito: “Patuloy mong gawin ang lahat ng makakaya mo, at pagpapalain ka ng Panginoon.”

Nagboluntaryong tumulong ang dalawang miyembro ng ward na may karanasan na sa pagiging legal secretary na i-type ang kanyang manuskrito, at natapos ni Gerrit ang kanyang thesis sa loob ng ilang buwan. Sa katunayan, natapos niya kapwa ang isang masters at isang doctoral degree sa loob lang ng mahigit tatlong taon. Nang maka-graduate tumanggap din siya ng posisyon sa faculty research sa unibersidad. Ang kanyang karanasan sa

Oxford ay nagpalakas ng kanyang tiwala sa Panginoon, tiwala na naroon pa rin hanggang sa ngayon at patuloy na magpapala kay Gerrit W. Gong habang naglilingkod siya ngayon sa Korum ng Labindalawang Apostol.

Mga Tinapay at Isda

“Mabait at mapagmahal ang Panginoon at hangad Niyang pagpalain tayo,” sabi ni Elder Gong. “Kung gagawin natin ang lahat, bibigyan Niya tayo ng kakayahang gawin ang higit pa sa magagawa natin. Katulad ito ng pagpaparami sa mga tinapay at isda. Ginagamit ng Panginoon kung ano ang nariyan at pinararami o pinalalaki ito nang higit pa sa magagawa nating mag-isa.”

Ang alituntunin ng mga tinapay at isda ay angkop din sa pagkatuto, ayon sa kanya. “Kahit hindi pormal na nakapag-aral, ang diwa ng pagkatuto ang mahalaga, dahil ang pagkatuto ay walang hanggan. Maaari nating hanaping lahat





ang liwanag at katotohanan, anuman ang ating sitwasyon. Kapag ginawa natin ito, tutulungan tayo ng Panginoon na matagpuan ito.”

Makabilang sa Tipan

Habang nasa Oxford, natuto si Elder Gong ng isa pang alituntunin ng ebanghelyo, na tinatawag niyang “pagiging kabilang sa tipan.”

“Habang napapalapit tayo sa Panginoon, napapalapit din tayo sa isa’t isa,” wika niya. “Sa Oxford, itinangi namin ni Susan ang aming karanasan sa ward tulad ng pagtatangi namin sa aming karanasan sa akademya. Marami sa aming pinakamamahal na mga kaibigan hanggang ngayon ay mula sa Oxford Ward.”

Kabilang sa mga kaibigang iyon sina Tim at Katherine Wits, na naaalala na nagpunta sila

Sinasabi ni Elder Gong na ang malaking bahagi ng kanyang kaligayahan ay dahil sa kanyang mga magulang, kina Jean at Walter, at sa kanyang asawang si Susan. Ang tahanan ng kanyang mga magulang “ay puno ng malaking pagpipitagan sa pag-ibig ng Diyos sa bawat isa sa Kanyang mga anak,” sabi niya. Nang makilala ni Elder Gong ang kanyang asawa sa unang pagkakataon, nadama niya na parang matagal na niyang kilala si Susan.

sa templo kasama ang mga Gong. “Malinaw pa sa alaala ko na inalis ni Brother Gong ang kanyang relo para hindi siya magambala o magmadali kapag nagninilay siya tungkol sa kawalang-hanggan,” sabi ni Sister Wits. “Ang munting kilos na iyon ay nakatulong na maging mas masigasig sa sarili kong pagsamba sa templo.”

Madalas makakita ang mga Gong ng mga kaibigang kakilala nila dahil sa ebanghelyo. “Sasabihin ng mga tao, ‘Nagkatulungan tayo noong nasa high council kayo,’ mga ganoong bagay,” sabi ni Elder Gong, “at gayon din kami. Nagpapasalamat ako sa isang stake president at isang ward council na tumulong sa akin noong bishop pa ako. May utang-na-

loob kaming lahat sa mga magulang, biyenang kapitbahay, mission president, kapatid, at priesthood leader na mabait, gumagabay, at naghihikayat sa amin na lumapit kay Cristo.”

Pamana ng Angkan

Mababakas ang kasaysayan ng pamilya ni Elder Gong pabalik sa 34 na henerasyon hanggang kay First Dragon Gong, na isinilang noong AD 837. Nandayuhan sa Estados Unidos ang mga lolo’t lola ni Elder Gong mula sa China. Sumapi ang kanyang inang si Jean sa Simbahan noong tinedyer siya sa Hawaii, USA, at kalaunan ay nag-aral sa Brigham Young University sa Provo, Utah, USA, kung saan nakitira siya sa pamilya ni Gerrit de Jong, ang unang dekanong ng College of Fine Arts. “Ipinaunawa sa akin ng

mga de Jong kung ano ang hitsura ng pamilyang namumuhay sa ebanghelyo,” sabi niya.

Pagkatapos mag-aral sa BYU, nag-aral si Jean sa Stanford University sa Palo Alto, California, USA, kung saan sila nagkakilala ni Walter A. Gong. “Kristiyano na siya noon at agad niyang naunawaan kung ano ang iniaalok ng ipinangbabalik na ebanghelyo,” sabi ni Jean. Sumapi siya sa Simbahan, at pagkaraan ng isang taon ay ikinasal sila sa Salt Lake Temple. Kapwa sila naging propesyonal na guro at magkasamang nagturo nang mahigit 70 taon.

“Naging patriarch din si Tatay,” sabi ni Elder Gong, “at dahil sa bahay namin isinasagawa ang mga patriarchal blessing, napuspos ng pagpipitagan ang aming tahanan sa pag-ibig ng Diyos para sa bawat isa sa Kanyang mga anak.”

Noong Disyembre 23, 1953, sa Redwood City, California, ipinanganak ang panganay sa tatlong anak nina Jean at Walter. “Ang pangalan niyang Gerrit ay Dutch, bilang papugay kay Gerrit de Jong,” paliwanag ni Jean. “Ang gitnang pangalan niya ay Walter, bilang papugay sa kanyang ama. At ang apelyido ng aming pamilya ay Chinese, na nagbibigay-pugay sa kanyang angkan.”

Sabi ni Jean, mapagbigay si Gerrit sa nakababata niyang mga kapatid na sina Brian at Marguerite. “Gusto niya silang tulungan,” sabi niya, “kahit sa maliliit na bagay tulad ng pagtuturo sa kanila na itali ang kanilang sapatos.” Naaalala niya na pag-uwi niya galing sa simbahan isang araw, narinig niyang sinasabi nina Gerrit at Brian na nakakawalang-gana ang isang mensahe sa sacrament meeting. “Kaya hinamon ko sila: ‘Kung gayo’y bumuo kayo ng mas magandang mensahe.’ Tinanggap nila ang hamon at nagsimula silang mas makinig sa lahat ng mensahe,” sabi niya.

Noong tinedyer si Gerrit, mahilig siya sa backpacking at hiking kasama ang iba pang mga kabataang lalaki sa kanyang ward. Naaalala ni Wally Salbacka, isang matagal na niyang kaibigan, ang isang partikular na camping trip. “Kasama ko roon sina Gerrit at kapatid niyang si Brian, at isang kaibigan na hindi miyembro

Mula kaliwa: Binati nina Marjorie at Gordon B. Hinckley sina Gerrit at Susan sa salu-salo sa kasal ng mga Gong. Bilang missionary sa Taiwan, may tinuruang pamilya si Elder Gong at pagkaraan ng ilang taon, bilang General Authority, nakilala niya ang apong lalaki ng isa sa mga anak na babae sa pamilyang iyon. Sa Vietnam, nagpinta ng isang mural sina Elder at Sister Gong para maghatid ng galak sa mga batang nagdaranas ng mga hamon sa buhay. Nakitipon ang mga miyembro ng pamilya Gong sa mga taong tumulong sa pagpipinta ng mural sa Vietnam.

ng ating Simbahan. Sa kung anong dahilan, nagsimula kaming kumanta ng mga himno. Kinanta ni Gerrit ang himig, kinanta ni Brian ang tenor, at kinanta ko ang baho. Sa tingin ko 10 o 20 himno ang kinanta namin, dahil lang sa masayang kumanta. Magandang karanasan iyon. Humanga ang kaibigan naming di-miyembro.”

Naaalala rin ni Brother Salbacka na noong high school, hinilingan ni Gerrit ang cheerleaders na mamuno sa tahimik na pagcheer para sa chess team. “Nakumbinsi niya sila na makakabuti ang moral support na iyon para sa lahat,”



sabi niya, “at talagang pumunta sila sa isang kumpetisyon!”

Pagkatapos ng high school, nag-aral si Elder Gong sa Brigham Young University. Mula 1973 hanggang 1975, naglingkod siya sa Taiwan Taipei Mission, pagkatapos ay bumalik sa BYU, kung saan tumanggap siya ng

bachelor's degree sa Asian studies at university studies noong 1977.

Pagliligawan at Pag-aasawa

Pagkatapos ng kanyang misyon, nagboluntaryo si Elder Gong na maglaan ng mga evening fireside tuwing Linggo sa Provo Missionary Training Center. Nakatulong ang mga fireside para maipaalam sa mga missionary na papuntang Taiwan ang tungkol sa mga tao, kaugalian, at kultura doon. Ang isa sa mga missionary ay si Sister Susan Lindsay mula sa Taylorsville, Utah, anak nina Richard P. at Marian B. Lindsay. Si

Brother Lindsay ay miyembro ng Pangalawang Korum ng Pitumpu. “Pakiramdam ko matagal ko nang kilala si Susan,” sabi ni Elder Gong.

Pagkaraan ng dalawang taon, ilang buwan matapos makabalik si Susan sa BYU kasunod ng kanyang misyon, nasa Provo si Gerrit at ang kanyang pamilya. Nagtuturo noon ang kanyang ama sa unibersidad, at nagplano si Gerrit ng dalawang-linggong pagbisita. Tumagal nang apat na linggo ang pagbisita, dahil araw-araw silang nagdeyt ni Susan. Pagkatapos ay nagtungo na si Gerrit sa Hawaii para sa internship bago siya bumalik sa Oxford.

“Nagligawan kami mula sa dalawang magkaibang hemisphere,” paggunita ni Elder Gong. “Sinikap kong mag-aral sa England habang inaalam ko ang lahat tungkol sa kanya mula sa kabilang panig ng Atlantic Ocean.”

“Naging magnobyong kami sa telepono,” sabi ni Sister Gong. “Umuwi siya ulit noong Thanksgiving, at ikinasal kami sa unang araw na nagbukas ang templo sa bagong



taon.” Dalawang linggo kalaunan, lumipad sila patungong England para magkasamang magsimula ng bagong buhay.

“Kapag nagpapakasal ang mga tao, nag-uusap sila tungkol sa dalawang pamilyang pinag-iisa,” sabi ni Elder Gong. “At ganyan nga ang nangyari sa akin. Pakiramdam ko bahagi ako ng pamilya Lindsay, tulad ng pagiging bahagi ko ng pamilya Gong.”

Isang Bukod-Tanging Propesyon

Pagkatapos ng maikling panahong ginugol niya sa faculty sa Oxford, nagbago ng propesyon si Gerrit at naglingkod sa pamahalaan sa Washington, D.C., USA. Noong 1984, naglingkod siya bilang tauhan ng Reagan-Bush reelection campaign, kung saan nakasama niya sa iisang opisina si Mike Leavitt, na kalaunan ay naging gobernador ng Utah. “Si Gerrit ay mapagmasid at maalalahanin,” sabi ni Brother Leavitt, “pero kilala siya sa kanyang walang-sawang kabaitan.”

Noong 1985 naglingkod si Gerrit bilang special assistant sa Under Secretary ng State Department. Noong 1987 naging special assistant siya sa U.S. ambassador sa Beijing, China. At mula 1989 hanggang 2001, pinunan niya ang ilang posisyon sa Center for Strategic and International Studies sa Washington, D.C. Pagkatapos ay bumalik siya sa akademya nang tanggapin niya ang isang posisyon bilang assistant sa president ng strategic planning sa BYU. Siyam na taon siya sa tungkuling iyon.

Si Carri Jenkins, assistant sa president ng university communications sa BYU, ay nasa katabing opisina. Naaalala nito ang kakayahan ni Gerrit Gong na palakasin ang loob ng mga tao sa paligid niya. “Kung wala kang tiwala sa sarili na makakaya mo ang isang mahirap na tungkulin, taglay niya ang tiwala iyan para sa iyo,” sabi nito. “Ginagawa niya lahat ng makakaya niya para payuhan ka, bigyan ka ng pag-asa, at hikayatin kang sumulong at patunayan ang sarili mo.”

Ganito ang paglalarawan ng federal judge na si Thomas B. Griffith, na kakilala noon ni Elder Gong sa Washington at sa BYU, sa pag-uusap nilang dalawa: “Sa pagtatapos ng pag-uusap, matatanto mo na ikaw pala ang





pinag-uusapan ninyo. Napakagaling niyang makinig. At pag-iisipin ka ng mga tanong niya.”

Sabi ni Cecil O. Samuelson, emeritus General Authority Seventy at dating pangulo ng BYU, Si Elder Gong ay “karaniwang tahimik, pero palaging umaandar ang utak.”

Buhay-Pamilya

Sina Gerrit at Susan Gong ay may apat na anak na lalaki—sina Abraham, Samuel, Christopher, at Matthew—na lumaki sa iba’t ibang lugar.

“Noong nasa Beijing kami, napagpalang maging matalik na magkakaibigan ang aming mga anak,” sabi ni Elder Gong.

“Sa isang banda, nagkaroon sila ng pagkakataong makita nang malawakan ang mundo,” dagdag pa ni Sister Gong. “Sa kabilang banda, nakatulong ito para maging matibay at magkalapit kami nang husto bilang pamilya. Sinasabi pa rin ng mga anak namin na ang pinakamagan-da naming ginawa bilang mga magulang ay bigyan sila ng mga kapatid na lalaki.”

“Minsan, ginamit namin ang frequent-flyer miles namin,” sabi ni Elder Gong. “Pinapili namin ng destinasyon ang bawat isa. Nagsimula kami sa Washington, D.C., kung saan kami nakatira noon, pagkatapos ay nagtungo kami sa England, Czech Republic, Greece, Turkey, India, China, at Japan.

“May isa kaming matibay na panuntunan sa paglalakbay na iyon,” sabi ni Susan. “Saanman kami nagpunta, kinain namin ang kinakain ng mga lokal na taong nakatira roon.” Sa huli, sa Japan sa kahuli-hulihang biyahe, sinabi ni Elder Gong sa kanyang mga anak na dadalhin niya sila sa isang restoran na kilala sa buong mundo sa kanilang masarap na karneng baka. Sa McDonald’s, nakaubos ng 17 hamburger ang apat na gutom na mga anak at mga magulang nila!

“Parehong mataas ang pagpapahalaga nina Inay at Itay sa pagkatuto mula sa karanasan,” sabi ni Abraham. “Mas-yadong mahalaga kay Itay kung paano hinuhubog ng mga karanasan ang mga tao, pati na ang mga kultura.” Napansin

din ni Abraham na ang kanyang ama ay “maingat magsalita dahil gusto nitong iparating ang talagang ibig niyang sabihin o lubos na pinaniniwalaan.”

Naaalala ni Sam na “kahit abala si Itay sa State Department, nag-ukol siya ng panahon gabi-gabi para turuan at sanayin ako sa isang math competition na gusto kong salihan noong grade three ako, na tinatawag na ‘Challenge 24.’ Sabi niya kung mananalo ako, magpa-party kami na may mga ice cream sundae at 24 toppings.” Umabot si Sam sa national finals pero hindi nanalo. Kumain pa rin ng sundae ang pamilya Gong. Pero hindi naging madaling gumawa ng 24 toppings—isa rito ang beef jerky o tapa.

Nagbigay ng puna sina Christopher at Matthew kung gaano nila “pinahahalagahan ang ibinabahaging tiwala, pagmamahal, at katapatan ng aming ama’t ina.” Ito ang pagmamahal na ipinapakita nina Elder at Sister Gong sa isa’t isa at sa bawat anak at kaanak.

“Katulad ng pagiging tapat na ama, si Gerrit ay isa ring tapat na anak at kapatid,” sabi ni Susan. “Ang mga tungkuling iyon ay mahalaga sa kanya. Ipinaunawa niya sa amin na ang mga ugnayan sa pamilya ang pinakamahalaga sa lahat.”



Karanasan sa Simbahan

Kahit abala si Elder Gong sa trabaho at pamilya, maluwag sa loob na patuloy siyang naglingkod sa Simbahan, tumupad ng mga tungkulin bilang high councilor, high priests group leader, stake Sunday School president, seminary teacher, bishop, stake mission president, stake president, at Area Seventy.

Anuman ang ipinagagawa sa kanya, at kahit sa kanyang pamilya, palagi siyang nagpapamalas ng ilang katangian. “Ang tingin niya sa lahat ay anak na lalaki o anak na babae ng Ama sa Langit,” sabi ni Sister Gong. “Pero higit sa lahat, mahal niya ang Panginoon. Talagang buong puso niyang hinahangad



Mula kaliwa: Sa Thailand, nakipagpu-long si Elder Gong sa Kanyang Kamahalan na si Francis Xavier Cardinal Kriengsak Kovithavanij, ang Catholic Archbishop ng Bangkok. Masaya si Elder Gong na makasama nang sarilinan ang kanyang mga anak sa mga paglalakbay, tulad ng paglalakbay na ito sa Canada kasama ang anak niyang si Sam. Nagbahagi ng mga ideya si Elder Gong tungkol sa Tinapay ng Kabuhayan sa mga guro ng seminary at institute noong 2017. Nakipagpalitan ng pagbati si Sister Gong sa bahay ng isang miyembrong Cambodian.

na itayo ang kaharian at pagpalain ang mga anak ng Ama sa Langit.”

At hinahangaan niya ang kanyang asawa. “Anuman ang ipagawa sa akin,” sabi niya, “nasa tabi ko si Susan. Komportable siya sa lahat at sanay sa ibang tao. Palagi siyang handang magpunta sa iba’t ibang lugar at sumubok ng mga bagong bagay, at pinasasalamatan ko ito.”

Paglilingkod Kasama ang Pitumpu

Noong Abril 3, 2010, sinang-ayunan si Elder Gerrit W. Gong bilang General Authority Seventy. Inatasan siyang maglingkod sa

Asia Area Presidency, na ang headquarters ay nasa Hong Kong. Kalaunan ay naging Asia Area President siya. Noong Oktubre 6, 2015, sinang-ayunan si Elder Gong sa Pangu-luhan ng Pitumpu, kung saan nagpatuloy ang karanasan niya sa iba’t ibang bansa, pati na ang mga area review sa iba’t ibang lugar sa mundo tulad ng Africa at Central America.

“Nakikilala mo at napapamahal sa iyo ang mga Banal sa lahat ng lugar na ito,” sabi niya. “Nadarama mo na pinagpala ka na may taong nagsasabi sa iyo tungkol sa kanilang pananampalataya, dahil ang karanasan nila sa Diyos na umiimpluwensya sa buhay nila ay nagiging bahagi ng pag-unawa kung sino ang Diyos at kung paano Niya minamahal ang bawat isa sa atin.”

“Kapag ipinadadala namin si Elder Gong sa anumang sitwasyon, ang pakiramdam ng mga nakasama niya ay nakatagpo sila ng isang kaibigan,” sabi ni Pangulong Russell M. Nelson. “Napakalawak ng kanyang kaalaman, pero mapagpakumbaba siya. Nakakaugnay siya sa mga tao sa lahat ng antas at laging handanganda at mapanghikayat.”

Tungkulin Bilang Apostol

Nang bigyan ng tungkulin ni Pangulong Nelson si Elder Gong na maglingkod bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, “[mapagmahal na hinawakan ng propeta] ang aking mga kamay habang katabi ko ang pinakamamahal kong si Susan at ipinaabot ang sagradong tungkulin mula sa Panginoon na talagang gumulat sa akin” (“Si Cristo Ngayong Nabuhay,” *Liahona*, Mayo 2018, 97). Mapagpakumbaba, ngunit nakatitiyak sa pagmamahal at tiwala niya sa Panginoon, tinanggap ni Elder Gong ang tungkulin. Siya ay sinang-ayunan noong Marso 31, 2018. Inihandang mabuti ng Panginoon, magministeryo siya ngayon bilang “espesyal na [saksi] ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig” (D at T 107:23). ■



**Ni Elder
Neil L. Andersen**

Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

ELDER ULISSES SOARES:

Isang Taong Walang Pandaraya

Sa pagsisimula ng Kanyang ministeryo, habang pinipili ni Jesus ang Kanyang mga Apostol, nakita niyang papalapit si Natanael sa Kanya. Agad Niyang nahiwatigan ang kabutihan ni Natanael, at sinabing, “Narito, ang isang tunay na Israelita, na sa kaniya’y walang daya!”¹

Alam ni Jesus na si Natanael ay isang taong dalisay ang puso, tapat sa kanyang mga layunin, at hindi mapagkunjari o mapanlinlang. Mahal ng Panginoon ang kalidad na ito ng matwid na integridad, at tinawag Niya si Natanael na maging Apostol.²

Si Ulisses Soares ay parang si Natanael ng sinauna, at tinawag din siya ng Tagapagligtas.

“Ang Halimbawa ng Aking mga Magulang”

Si Ulisses, ang bunso sa apat na magkakapatid na lalaki, ay ipinanganak sa São Paulo, Brazil, noong Oktubre 2, 1958. Aba ang kanyang pinagmulan, pero ang kanyang mga magulang na sina Aparecido at Mercedes Carecho Soares ay mararangal at masisipag na tao na tapat na nakinig sa mga missionary. Sumapi sila sa Simbahan noong 1965 noong anim na taong gulang si Ulisses.

“Hindi ko pa nakita si Brother Aparecido na hindi dumalo sa isang miting,” sabi ni Osi-
ris Cabral, na naglingkod bilang stake president noong binata pa si Ulisses. “Napakatapat din ni Mercedes. Minana ni Ulisses ang dedikasyon ng kanyang mga magulang.”

Yumabong ang likas na kabutihan sa puso ni Ulisses nang matutuhan niya ang mga paraan ng Panginoon. “Lumaki ako sa Simbahan na sumusunod sa halimbawa ng aking mga magulang,” sabi ni Elder Soares. Habang

sinusundan niya ang liwanag o halimbawang iyon, lumakas ang patotoo niya sa kabila ng oposisyon.

“Ako lang ang miyembro ng Simbahan sa paaralan namin, at palagi akong tinutukso at itinutulak ng ibang mga bata na gumawa ng masama,” sabi niya. “Kinailangan kong matutong ipagtanggol ang sarili ko sa mga hamon na ito, pero nagtiwala ako palagi sa Panginoon nang buong puso na tutulungan Niya akong magtagumpay. Natutuhan ko noong binata pa ako na kung gagawin mo ang tungkulin mo, gagawin ng Panginoon ang Kanyang bahagi. Pero kailangan mong kumapit nang mahigpit sa Kanyang kamay at sa Kanyang ebanghelyo.”

Noong 15 anyos si Ulisses, hinilingan siya ng bishop niya na magturo sa youth Sunday School class. Nagturo siya ng isang lesson tungkol sa pagtatamo ng patotoo sa





ebanghelyo. Napag-aralan na ni Ulisses ang Aklat ni Mormon, nadama noon pa man na ang Simbahan ay totoo, at nanalig siya sa Tagapagligtas na si Jesucristo.

Sa paghahanda niya ng kanyang lesson, ginusto niyang patotohanan nang husto sa klase niya ang katotohanan ng ebanghelyo. “Nag-aral at nagdasal ako nang taimtim,” paggunita ni Elder Soares. “Nang nakaluhod na ako, napasapuso ko ang isang napakagandang pakiramdam, isang munting tinig na nagpatibay sa akin na ako ay nasa tamang landas. Napakalakas niyon kung kaya’t hindi ko kailanman masasabing hindi ko alam.”

Sa pagtanda ni Ulisses, natutuhan niya na kung gagawin niya ang higit pa sa inaasahan

Si Ulisses Soares ay “lumaki sa Simbahan na sumusunod sa halimbawa” ng kanyang mga magulang na sina Aparecido at Mercedes Soares (kaliwa). Nang magtiwala si Ulisses sa Panginoon sa kabila ng oposisyon, natutuhan niya noong bata pa siya na humawak nang mahigpit sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo.

o hinihiling, lubos siyang pagpalain ng Panginoon. Dumating ang isa sa gayong mga aral nang maghanda siya para sa misyon. Sa mga interbyu kay Ulisses, binigyang-diin ng kanyang bishop ang kahalagahan ng pagsunod sa mga utos at pamumuhay nang marapat. Binigyang-diin din niya ang pinansiyal na paghahanda.

Ngayon lahat ng missionary na taga-Brazil ay nag-aambag sa kaniyang gastusin sa misyon, kasama ang maraming pamilya na nag-aambag sa lahat ng gastusin. Nang nalalapit na ang edad ni Ulisses para magmisyon, naisip niya na pagtatrabahuhan niya ang lahat ng perang kailangan para sa kanyang misyon. Dahil sa natutuhan niyang magandang sistema sa pagtatrabaho sa munting negosyo ng kanyang ama

at kakayahang mag-type nang mabilis, nakakita ng trabaho si Ulisses sa pagtulong sa isang kumpanya na maghanda ng pasuweldo nito.

Matapos pumasa sa isang mahirap na exam para makapasok, nagsimula siyang mag-aral ng accounting sa isang technical high school sa gabi. Bawat buwan, matapos magbayad ng ikapu, nag-iipon siya ng pera para sa kanyang misyon. Pagkaraan ng isang taon, nalipat siya sa accounting department ng kanyang kumpanya.

“Iyan ang ginawa ko para makaipon ng pera para sa misyon ko,” sabi ni Elder Soares. “At kada buwan sa loob ng tatlong taon bago ako umalis, bumibili ako ng isang bagay na kailangan ko—isang polo, isang pantalon, isang

pares ng medyas, isang kurbata, isang maleta.” Kinailangan din niya, at tumanggap siya, ng matinding pagmamahal at suporta mula sa kanyang mga magulang at lokal na lider.

Tinawag si Ulisses na maglingkod sa Brazil Rio de Janeiro Mission. Naglingkod siya sa unang bahagi ng kanyang misyon sa ilalim na pamumuno ni President Helio da Rocha Camargo, na kalaunan ay naging unang General Authority na tinawag mula sa Brazil. Sinimulan ni Ulisses ang kanyang misyon sa mga unang buwan ng 1978. Ang unang templo sa Latin America ay inilaan ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) sa São Paulo noong mga huling buwan ng taon ding iyon.

Noong Enero 1980, si Ulisses at ang kanyang kompanyon, na hindi pa rin nakatanggap ng kanyang endowment, ay sumakay ng bus sa Rio de Janeiro para sa walong-oras na biyahe patungong São Paulo Brazil Temple. Nagkita sila roon ng mga magulang at kapatid ni Ulisses, at nabuklod ang pamilya Soares para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Hindi na nalimutan ni Ulisses ang limang oras na pagsasama-sama nilang iyon sa São Paulo Temple. Kalaunan nang araw na iyon, bumalik sila ng kompanyon niya sa mission field.

Pag-uuna sa Diyos

Masaya si Ulisses sa kanyang matagumpay na misyon, na lalong nagpalakas ng kanyang patotoo. Pag-uwi niya, nakakita siya ng trabaho at nagsimulang mag-aral ng accounting at economics sa isang lokal na unibersidad.

Mga pitong buwan na siyang nakakauwi nang magtagpo sila ni “Sister Morgado” sa isang multistake dance. Nakapaglingkod sandali si Ulisses bilang zone leader ni Sister, at ginugol ng dalawa ang gabi sa pagbabalitaan at pagkukuwentuhan tungkol sa misyon. Matapos ang tatlong linggo, nagsimula silang magdeyt.

Si Rosana Fernandes Morgado ay walong taong gulang nang simulan siyang isama ng ate niyang si Margareth sa simbahan. Kalaunan, pinayagan ng kanilang ama ang dalawang matatapat na kabataang investigator na mabinyagan, pero kinailangang maghintay ng bawat

Pinasasalamatan ni Elder Soares ang kanyang asawang si Rosana, sa “lahat ng mabubuting bagay sa buhay ko.” Nagpakasal ang magkasintahan noong 1982 (dulog kanan), dalawang taon matapos ang isang hindi inaasahang pagkikita kasunod ng kanilang paglilingkod bilang mga missionary sa Brazil Rio de Janeiro Mission.



Si Elder Soares kasama si Rosana noong 2000 (itaas); kasama ang kanyang pamilya (ibabang kanan); at bilang full-time missionary noong 1979 (itaas kanan), kasama ang bagong miyembrong si Eliezer Wagner de Souza Santos at ang nobya nito noon (ngayo’y asawana), si Regina. Si Brother Santos ay kasalukuyang naglilingkod bilang pangulo ng Vila Velha Brazil Stake, sa estado ng Espírito Santo. Makikita si Kim Pickett, kompanyon ni Elder Soares, sa background.

isa hanggang sa mag-17 anyos siya. Nagsimba si Rosana nang siyam na taon bago siya pina-yagang mabinyagan.

Si Ulisses ay nakatira sa hilagang São Paulo, at si Rosana ay nakatira kasama ang kanyang mga magulang sa katimugang bahagi ng lungsod. Ang pagbibiyahen sa pamamagitan ng bus o subway sa malawak na lungsod ay inaabot ng dalawa hanggang tatlong oras. Mabuti na lamang nakatira si Margareth at ang kanyang asawang si Claudio malapit sa bahay ng mga magulang ni Rosana.

“Kapag dumarating si Ulisses tuwing Sabado’t Linggo para ideyt si Rosana, nahihirapan siyang umuwi nang malayo kapag



gabi,” paggunita ni Elder Claudio R. M. Costa, General Authority Seventy, tungkol sa kanyang magiging bayaw. Kaya, inanyayahan nila ni Margareth si Ulisses na sa bahay na lang nila matulog pagkatapos nilang magdeyt. “Inampon namin siya sandali,” dagdag pa ni Elder Costa.

“Natutulog siya sa sofa sa sala namin,” sabi ni Sister Costa. “Bagong kasal pa lang kami noon, kaya wala kaming mga ekstra na kumot. Pero nagkukumot siya gamit ang lumang kurtina namin. Masaya siya dahil nakikita niya ulit si Rosana kinabukasan. Mabait siya sa kapatid ko, at gustung-gusto siya ng mga magulang ko.”

Ikinasal sina Ulisses at Rosana sa São Paulo Brazil Temple noong Oktubre 30, 1982.

Kung gugugol ka ng ilang minuto na kasama sina Elder at Sister Soares, madali mong makikita ang kanilang pagmamahal, paghanga, at paggalang sa isa’t isa. Para kay Elder Soares, si Rosana

ay “isang halimbawa ng kabutihan, pagmamahal, at tunay na katapatan sa Panginoon para sa akin at sa aming pamilya.”³ Para kay Sister Soares, si Ulisses ay “kaloob ng langit.”

Dagdag pa ni Sister Soares: “Lubhang responsable at matwid siya palagi, lagi niyang pinangangalagaan nang husto ang aming pamilya, at napakaganda palagi ng pagtrato niya sa akin. Sa lahat ng tungkulin niya sa Simbahan, ginawa niya ang lahat ng kanyang makakaya. Humahayo siya at gumagawa. Lagi niyang inuuna ang mga bagay ng Diyos sa kanyang buhay. Paulit-ulit akong umiibig sa kanya dahil alam ko na kung inuuna niya ang mga bagay ng Diyos, uunahin niya rin ako.”

Tungkol sa kanyang asawa, sinabi ni Elder Soares: “Siya ang tunay na bayani at inspirasyon sa aming pamilya.

Siya’y mapagmahal, mabait, at mapagpasensya sa lahat. Pinagkakaisa niya ang aming pamilya, at nakikita niya ang mabuti sa lahat ng tao. Malaki ang naiambag niya sa nangyari sa buhay ko. Sa calling ko sa Korum ng Labindalawang Apostol, pabiro kong sinabi sa kanya, ‘Ikaw ang may kagagawan nito kasi napalaki mo nang husto ang kapangyarihan ng ebanghelyo sa buhay ko.’”

Napakabait at Mapagbigay na Tao

Naaalala ni Gustavo, ang panganay ng mga Soares, ang gabi noong bata pa siya na sinuway niya ang kanyang mga magulang at tumalilis para panoorin ang isang taunang pagdiriwang sa kanilang lugar sa São Paulo na tinatawag na Festa Junina.

“Nasa gitna ako ng malaking pulutong ng mga tao na nagkakatuwaan nang marinig ko na pinapupunta ako ng isang announcer sa harap,” sabi niya. “Doon ko nakita si Itay.”

Alalang-alala na pala ang mga magulang niya, pero sa halip na pagalitan si Gustavo, niyakap siya nang mahigpit ni Ulisses.

“Nag-usap kami nang seryoso tungkol sa pagkawala ko, pero iginalang ako ng mga magulang ko,” paggunita ni Gustavo. “Nadama kong protektado ako, at nalaman ko na talagang mahal nila ako.”

Si Ulisses ay tapat sa kanyang pamilya. Sa kabila ng marami niyang gawain at iskedyul ng biyahe sa paglipas ng mga taon, nag-ukol siya ng panahon para patatagin ang ugnayan nila ng kanyang mga anak.

Nang sang-ayunan si Elder Soares sa Korum ng Labindalawang Apostol noong Marso 31, 2018, wala sigurong mas nagulat pa kaysa kay Gustavo at sa kanyang dalawang kapatid na sina Lethicia Caravello at Nathalia Soares Avila. Pero kung pagmamahal, kasipagan, pagdamay, at pagpapakumbaba ang nagpapagindapat sa isang tao para maging apostol, sabi nila, nauunawaan nila kung bakit tinawag ng Panginoon ang kanilang ama.

“Nang tawagin ni Jesus ang Kanyang mga Apostol, hindi Niya pinili ang pinaka-maalam na mga Fariseo, pinili Niya ang mga mangingisda,” sabi ni Lethicia. “Ganoon ang aking ama’t ina. Lubos silang nagtitiwala sa Panginoon, at ginagamit Niya sila para isagawa ang Kanyang mga gawain dahil alam Niya na hindi sila makasarili, handa silang magsumigasig, at sapat silang mapagpakumbaba para tumanggap ng pagtutuwid.”

Ang “kabaitan at pagiging mapagbigay” ng kanilang ama ay tutulong sa pagsulong niya bilang isa sa mga natatanging saksi ng Tagapagligtas, dagdag pa ni Nathalia. “Sapat ang habag niya para magawa iyon,” sabi niya. “Dama niya





ang impluwensya ng langit, at mahal niya ang lahat ng tao at nais niyang gawin ang tama.”

“Magiging Maayos ang Lahat”

Nang maglingkod si Elder Soares bilang pangulo ng Portugal Porto Mission mula 2000 hanggang 2003, naging kilala siya sa paggamit ng mga katagang Portuges na “Tudo vai dar certo”—magiging maayos ang lahat.

“Itinuro niya ito sa amin,” paggunita ni Ty Bennett, isa sa kanyang mga missionary. “Nabubuhay siya nang may pananampalataya at magandang pananaw na kung gagawin natin ang nais ipagawa sa atin ng Panginoon, magiging maayos ang lahat.”

Itinuro din niya sa kanyang mga missionary na huwag gamitin ang mga salitang *mahirap* o *imposible*, sabi ni Richard Shields, isa sa kanyang mga missionary. “Tinawag namin ang mga ito na ‘mga hamon.’ Ang payong iyon ay nakatulong sa paghubog sa buhay ko nang ituring ko itong ‘mga hamon’ na daraigin sa halip na ‘mahirap’ o ‘imposible.’”

Ang gayong pananampalataya at magandang pananaw ay hindi nagmula sa madaling buhay. Alam na alam nina Elder at Sister Soares ang hirap ng paghihikahos, ang kapaguran ng mahahabang araw ng pagtatrabaho at pag-aaral, ang mga hamon ng pagkaka-sakit, at ang pighati ng naudlot na pagbubuntis, pagsisilang ng patay na sanggol, at ang mawalan ng mga kapatid at magulang.

Pero sa paglalakbay sa buhay, sumampalataya sila sa mga salita sa paboritong talata ni Elder Soares sa banal na kasulatan: “Maging mapagpakumbaba ka; at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin.”⁴

“Ang mga hamon ay bahagi ng ating pag-unlad,” sabi ni Elder Soares. “Pero kapag matiisin tayo sa pagdurusa, kapag natuto tayong kayanin ang mga hamon ng buhay, kapag nanatili tayong tapat, mananatiling mataas ang pagtingin sa atin ng Panginoon at bibiyayaan tayo ng mga pagpapalang ipinangako Niya.”

At kapag kumapit tayo nang mahigpit sa gabay na bakal, dagdag pa niya, hindi tayo pababayaan ng Panginoon.

“Ang palagiang pagkapit nang mahigpit sa mga kautusan, sa ebanghelyo, sa mga banal na kasulatan, at sa Panginoong Jesucristo ang tutulong sa atin na madaig ang mga hamon ng buhay,” pagpapatotoo ni Elder Soares.

“Kapag lumuhod tayo para magdasal, mapapasaatin Siya at gagabayan Niya tayo. Bibigyang-inspirasyon Niya tayo kung saan tayo pupunta at kung ano ang ating gagawin. Kapag tayo ay masunurin at mapagpakumbaba, sinasagot ng Panginoon ang ating mga dalangin.”

Tapat na Disipulo

Si Ulisses Soares ay isang taong may kakayahan at paghahanda. Ang kanyang pag-aaral, pati na ang masters ng business administration, ay naghanda sa kanya na makapagtrabaho bilang accountant at auditor para sa mga multinational na korporasyon sa Brazil. Ang karanasang iyon ay naghanda sa kanya na makapagtrabaho sa finance department ng Simbahan, na naghanda naman sa kanya sa edad na 31 na maging isa sa mga pinakabatang director of temporal affairs ng Simbahan. Ang paghahandang iyon ay nagsilbing malaking tulong sa kanya bilang mission president at sa kanyang tungkulin bilang General Authority Seventy noong Abril 2, 2005.

Bago tinawag si Elder Soares sa Panguluhan ng Pitumpu noong Enero 6, 2013, naglingkod siya bilang tagapayo sa at pagkatapos ay bilang Pangulo ng Brazil Area Presidency at bilang tagapayo sa Africa Southeast Area. Doon, naglingkod siya bilang tagapayo kay Elder Dale G. Renlund, na noon ay isang General

Authority Seventy. Pinahahalagahan ni Elder Renlund, na ngayon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang panahon na magkasama sila.

“Si Elder Soares ay isang masaya, tapat, at debotong disipulo ni Jesucristo,” sabi ni Elder Renlund. “Wala akong kilalang sinuman na mas seryoso ang pakiramdam na siya ay nasa paglilingkod sa Panginoon. Kung hinilingan siyang gawin ang isang bagay, ginagawa niya ito nang buong lakas.”

Sabi niya, agad “napamahal” kay Elder Soares ang mga Banal sa Africa. Isa sa kanyang mga unang tungkulin sa area ay mamuno sa isang stake conference sa Kananga, Democratic

Kasama man ang mga Banal ng Peru (kaliwa), Ghana (ibaba), o iba pang mga bansa kung saan siya naglingkod at nag-minister, “madaling mapamahal ang mga tao” kay Elder Soares,” sabi ni Elder Claudio R. M. Costa.



Republic of Congo. “Pagbalik niya, wala siyang tigil sa pagkuwento tungkol sa kabutihan at katapatan ng mga taong nakilala niya,” sabi ni Elder Renlund.

Si Elder L. Whitney Clayton, na kasama ni Elder Soares na naglingkod nang lima’t kalahating taon sa Panguluhan ng Pitumpu, ay tinatawag si Elder Soares na isang tagagawa ng kasunduan. “Nakikinig siya at nag-iingat sa kanyang mga iniisip. Maingat siya sa kanyang mga kilos sa mga miting kaya nagkakaisa ang aming mga tinig, sa halip na mag-unahan kami sa pagsasalita.”

Si Elder Soares ay mapagpakumbaba tungkol sa kanyang kakayahang makipag-ugnayan sa Portuguese, English, Spanish, at French.

Sa kabila ng marami niyang gawain at iskedyul ng biyahe sa paglipas ng mga taon, palaging inuuna ni Elder Soares ang kanyang asawa, mga anak, at mga apo (ibabang kaliwa) sa kanyang buhay. Nag-ukol din siya ng oras, kasama ang asawa niya, para maging magaling na chef (dulong kaliwa).


Pero ang kaloob na iyon, na nangangailangan ng palagiang atensyon, ay isang pagpapala sa Simbahan, sabi ni Elder Clayton. Si Elder Soares ay makapagsasalita sa karamihan ng mga miyembro ng Simbahan sa sarili nilang wika.

“Lider na si Ulisses kahit noong bata pa siya,” sabi ni Elder Claudio Costa tungkol sa kanyang bayaw. “Napakatalino niya at napakagaling, at ramdam niya ang responsibilidad na laging ibigay ang lahat ng kanyang makakaya. Madaling mapamahal sa kanya ang mga nasa paligid niya. Taglay niya ang puso ng isang tunay na disipulo ng Tagapagligtas, at may matibay na patotoo na si Jesus ang Cristo. Mahal ko siya at nagpapasalamat akong masang-ayunan siya bilang Apostol ng Panginoon.”

At idinagdag pa ni Elder David A. Bednar, nang magsalita siya para sa Korum ng Labindalawang Apostol: “Si Elder Soares ay isang dalisay, walang pandaraya, at inosenteng disipulo ng Tagapagligtas. Sa liwanag sa kanyang mukha, kanyang matamis na ngiti, at kanyang mapagmahal na paraan, maraming tao at mga pamilya ang nabigyang-inspirasyon, nabibigyang-inspirasyon, at mabibigyang-inspirasyon na mas hangaring sundin ang Tagapagligtas at ipamuhay ang mga tuntunin ng Kanyang ebanghelyo.”

At sa ating dispensasyon, sinabi ng Panginoon tungkol kay Edward Partridge, “Ang kanyang puso ay dalisay sa harapan ko, sapagkat siya ay katulad ni Natanael noong sinauna, na sa kanya ay walang pandaraya.”⁵ Tungkol kay Hyrum Smith, sinabi ng Panginoon, “Ako, ang Panginoon, ay minamahal siya dahil sa katapatan ng kanyang puso, at dahil kanyang minamahal yaong tama sa aking harapan.”⁶

Iyon din ang sasabihin ng Panginoon tungkol kay Ulisses Soares. ■



Ang Nais ng **Bawat Bishop** na Malaman ng Bawat Miyembro ng Kanyang Ward

Narito ang walong katotohanang natutuhan ko sa aking paglilingkod bilang bishop.

Ni Michael Meyers

Nagkaroon ako ng napakagandang pagkakataong maglingkod bilang bishop. Sa mga taon na iyon, hindi ko na mabilang ang mga aral na natutuhan ko. Pero natutuhan ko talaga ang walong katotohanan na pinaniniwalaan kong para sa lahat. Bagama't maaaring hindi ganito ang pananaw ng lahat, sisikapin kong ibahagi ang mga inaasam ng bawat bishop na malaman ng mga miyembro ng kanyang ward.

1. Totoong mahal ng bishop ang bawat miyembro ng kanyang ward.


Ang pagmamahal ng bishop para sa kanyang ward ay konektado sa pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo para sa atin. Kapag tiningnan ng bishop ang mga miyembro sa sacrament meeting, naroon ang habag at pagdamay niya sa paraang hindi mai-hahalintulad sa anupamang naranasan niya. Kapag tumayo ang bishop at nagbahagi kung gaano niya kamahal ang mga miyembro ng kanyang ward, taos-puso at tunay ang damdamin niyang iyon. Dapat ninyong malaman na mahal kayo ng inyong bishop, inaalala niya kayo, at nagmamalasakit siya sa inyo nang higit pa sa alam ninyo.



2. Ang bishop ay pisikal, emosyonal, at espirtuwal na pinalalakas ng pananampalataya at mga dalangin ng mga miyembro.

Hindi mabibilang ang oras ng paglilingkod ng bishop. Madalas siyang gugugol ng maraming oras sa simbahan tuwing Linggo at iba pang mga gabi sa loob ng isang linggo pagkatapos ng trabaho sa pag-bisita, pag-interbyu, at pangangalaga sa mga miyembro ng kanyang ward.

Nagagawa ito ng bishop linggu-linggo dahil sa pananam-palataya at mga panalangin ng mga miyembro ng ward. Bilang bagong tawag na bishop, hindi ko sinasadyang maluha tuwing marinig ko ang isang miyembro na ipinag-darasal na “basbasan po Ninyo ang bishop.” Ang inyong mga panalangin ng pananam-palataya ay tunay na sinasagot, at natatanggap at nadarama ng bishop ang nagpapalakas na impluwensya ng mga panalanging iyon. Sinasagot ng Panginoon ang mga panalanging iyon na puno ng pananam-palataya sa ulunan ng mga bishop ng Simbahan.



3. Kadalasan ay nadarama ng bishop na kulang ang kakayahan niya para sa tungkulin (kahit lumipas na ang tatlo o apat na taon).

Iilan lang ang nakilala kong bishop na nakadama na talagang “handa” sila para sa tungkulin. Gayunpaman, alam ko na “sinumang tinawag ng Panginoon ay pinagigindapat ng Panginoon.”¹ Kahit alam ng bishop na pinagigindapat siya, nadarama pa rin niya na hindi niya magagampanan nang maayos ang tungkulin kailanman. Gagawin niya ang lahat ng kanyang makakaya na magbigay ng matalinong payo kung kailangan, hindi makasakit ng damdamin, at marinig at madama ang Espiritu, pero kung minsan ay iniisip pa rin niya kung talagang nagagawa niya nang katanggap-tanggap ang kanyang tungkulin.

4. Maiimpluwensyahan ng Espiritu ng Diyos ang bishop kapag pinapayuhan niya ang mga miyembro ng ward.

Kapag tinatanong ako kung ano ang hinahanap-hanap ko sa paglilingkod bilang bishop, sinasabi ko sa mga tao na iyo'y ang malakas na impluwensya ng Espiritu na kasama ng awtoridad ng isang bishop. Ito man ay pag-alo sa mga nawalan ng mahal sa buhay, pakikipag-usap sa mga nahihirapan dahil sa asawang nagtaksil, o pananawagan sa mga tao na magsisi, ang Espiritung nadarama ng isang tapat na bishop ay ang Espiritu ng Diyos at ang diwa ng paghahayag.

Kamakailan ay humingi ng tulong sa akin ang isang dating miyembro ng ward tungkol sa kanyang mga personal na problema. Lumipat siya sa ibang ward at hindi siya sigurado kung gusto niyang lumapit sa kanyang bagong bishop para humingi ng tulong. Ibinahagi ko sa kanya ang maraming beses ko nang ibinahagi simula nang ma-release ako, na kahit ikasisiya kong tumulong, hindi ko na hawak ang mga susing hawak ng bishop at napakahalaga ng mga susing iyon sa pagbibigay ng suportang kailangan niya. Pinayuhan ko siya na kausapin niya ang kanyang bishop. Binisita ko siya makalipas ang dalawang linggo, at sinabi niya na nakausap na niya ang kanyang bishop at parang alam na nito ang mga problema niya at kung paano siya higit na matutulungan. Bagama't maaaring magkamali ang bishop, binibigyang-inspirasyon siya ng Panginoon, ginagabayan siya, at pinagpapala ang maraming buhay sa pamamagitan ng kanyang mga salita.




5. Tao lamang ang bishop; kung minsan ay nagkamali siya at kung minsan ay mali ang paraan ng paggawa niya.

7. Talagang-talagang kailangan ng inyong bishop na mag-minister kayo sa bawat isa.

Noong bishop ako, tuwing sinasabihan ako na nahihirapan ang isang miyembro ng ward, ang tanong ko palagi ay, “Sino ang mga home at visiting teacher niya?” Isang paraan ito para masiguro na matutugunan ang mga pangangailangan ng miyembrong iyon, kapwa pansamantala at pangmatagalan. Ang bishop, kung walang tulong mula sa iba pang mga miyembro ng ward at stake, ay limitado ang resources. Siguradong kaya niya—at gagawin niya—na bisitahin ang mga tao sa panahon ng krisis. Ngunit sa tulong ng priesthood at Relief Society, mapapalawak pa ang tulong na maibibigay niya.

Ganyan ang ministering. May mga pagkakataon na nalilimutan ng ilan sa atin kung bakit tayo nagmi-minister sa isa’t isa: Inutusan tayo ng Panginoon na “mahalin ang bawat isa” (Juan 13:34). Dapat ninyong malaman na ginagamit ng inyong bishop ang ministering bilang isang inspiradong paraan para “lalong makaimpluwensya” sa buhay ng mga miyembro ng ward.



8. Gustong gawin ng bishop ang lahat para sa kanyang kawan.

Anumang oras, araw o gabi, ito man ay basbas ng priesthood, pagpapayo sa isang batang naliligaw ng landas, o mabilis na pagresponde sa isang aksidente, gusto niyang asikasuhin ang anumang kailangan ng isang miyembro. Hindi niya palaging magagawa ang lahat ng ito, at maaaring hindi siya ang tamang tao para sa bawat sitwasyon, ngunit huwag matakot na humingi ng tulong kapag kailangan ninyo ito. Dapat ninyong malaman na nariyan ang bishop upang maglingkod sa mga panahong iyon at na kapwa kayo pinagpapala nang husto sa pagtutulongan ninyo.

Nakadarama ako ng pagpapakumbaba sa sagradong pagkakataon kong ito na maglingkod





KABANATA 8

Ang Pagsisimula ng Simbahan ni Jesucristo

Ito ang kabanata 8 ng bagong apat-na-tomong salaysay ng kasaysayan ng Simbahan na pinamagatang Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw. Ang aklat na ito ay nakalimbag sa 14 na wika, sa bahaging Church History ng Gospel Library app, at sa mgabanal.lds.org. Ang naunang mga kabanata ay inilathala sa nakaraang mga isyu at makukuha sa 47 wika sa Gospel Library app at sa mgabanal.lds.org.

Noong unang bahagi ng Hulyo 1828, hawak ang manuskrito, batid ni Joseph na nais ng Panginoon na kanyang ilimbag ang Aklat ni Mormon at ipalaganap ang mensahe nito sa lahat ng dako. Subalit siya at ang kanyang pamilya ay walang alam sa kalakalan ng pagpapalathala. Kailangan niyang mapanatiling ligtas ang manuskrito, makahanap ng maglilimbag, at kahit papaano ay maipagkatiwala ang aklat sa kamay ng mga taong handang kilalanin na posibleng magkaroon ng bagong banal na kasulatan.

Ang pagpapalathala ng isang aklat na kasinghaba ng Aklat ni Mormon ay hindi rin mura. Ang pananalapi ni Joseph ay hindi umunlad mula nang sinimulan niya ang pagsasalin, at lahat ng perang kanyang kinita ay napunta sa pagtustos ng pangangailangan ng kanyang pamilya. Ganoon din ang kalagayan ng kanyang mga magulang, na hanggang ngayon ay mga maralitanag magsasaka na nagbubungkal ng lupang hindi nila pag-aari. Ang tanging kaibigan ni Joseph na maaaring magtustos sa proyekto ay si Martin Harris.

Agad na kumilos si Joseph. Bago niya natapos ang pagsasalin, ipinasa niya ang mga kailangan para mabigyan ng karapatang-sipi ang aklat upang pangalagaan ang teksto mula sa sinumang magnanakaw o mangongopya nito.¹ Sa tulong ni Martin, nagsimula ring maghanap si Joseph ng manlilimbag na papayag ilathala ang aklat.

Una silang nagtungo kay Egbert Grandin, isang manlilimbag sa Palmyra na kaedad ni Joseph. Agad na tumanggi si Grandin, na naniniwalang ang aklat ay isang huwad. Hindi pinanghinaan ng loob, patuloy na naghanap sina Joseph at Martin at nakakita ng manlilimbag mula sa kalapit na lunsod na handang tanggapin ang proyekto. Subalit bago nila tinanggap ang kanyang alok, bumalik sila sa Palmyra at muling tinanong si Grandin kung nais niyang ilathala ang aklat.²

Ngayon, tila mas handa na si Grandin na tanggapin ang proyekto, ngunit nais muna niyang bayaran siya ng \$3,000 para sa paglilimbag at paglalathala ng

limang libong kopya ng aklat bago siya magsimulang gumawa. Nangako na si Martin na tutulong sa pagbabayad ng paglilimbag, ngunit upang makalikom ng ganoon kala-king halaga, napag-isip-isip niya na maaaring kailanganin niyang isangla ang kanyang sakahan. Isa itong malaking problema para kay Martin, ngunit alam niyang wala nang iba pa sa mga kaibigan ni Joseph ang makatutulong sa gastusin.

Naguguluhan, nagsimulang magdalawang-isip si Martin tungkol sa pagtustos sa Aklat ni Mormon. Pag-aari niya ang isa sa pinakamasaganang sakahan sa lugar. Kung isasangla niya ang kanyang lupain, maaaring hindi niya mabawi ito. Ang yaman na buong buhay niyang inipon ay maaaring mawala sa isang iglap kung hindi magiging maganda ang benta ng Aklat ni Mormon.

Sinabi ni Martin ang kanyang mga alalahanin kay Joseph, at hiniling niyang humingi ng paghahayag si Joseph para sa kanya. Bilang tugon, inilahad ng Tagapagligtas ang Kanyang sakripisyo upang gawin ang kalooban ng Kanyang Ama, anuman ang kapalit. Inilarawan niya ang Kanyang walang-hanggang pagdurusa habang pinagba-bayaran ang kasalanan upang ang lahat ay makapagsisi at mapatawad. Pagkatapos ay inutusan niya si Martin na isakripisyo ang kanyang sariling interes upang maisakatuparan ang plano ng Diyos.

“Huwag kang mag-imbots sa sarili mong ari-arian,” wika ng Panginoon, “kundi malaya itong ibahagi sa pagpapalimbag ng Aklat ni Mormon.” Nilalaman ng aklat ang tunay na salita ng Diyos, pagtitiyak ng Panginoon kay Martin, at makatutulong ito sa iba na paniwalaan ang ebanghelyo.³

Bagama’t hindi mauunawaan ng kanyang mga kapit-bahay ang kanyang desisyon, sinunod ni Martin ang Panginoon at isinangla ang kanyang sakahan upang magarantiyahan ang bayad.⁴

Pumirma ng kontrata si Grandin at sinimulang gawin ang napakalaking proyekto.⁵ Isinalin ni Joseph ang Aklat ni Mormon sa loob ng tatlong buwan, na may katulong na isang tagasulat sa bawat pagkakataon. Kakailanganin ni Grandin at ng isang dosenang kalalakihan ang pitong buwan upang malimbag at magawang aklat ang mga unang kopya ng akdang may 590 pahina.⁶

Ngayong may nakuha nang tagapaglathala, bumalik si Joseph sa Harmony noong Oktubre 1829 upang magtrabaho sa kanyang sakahan at makasama si Emma. Samantala,

sina Oliver, Martin, at Hyrum naman ang mangangasiwa sa pagpapalimbag at regular na magpapadala kay Joseph ng balita tungkol sa progreso nito.⁷

Naaalala ang labis na kalungkutang kanyang naramdaman nang mawala ang mga unang pahinang isinalin, pina-kiusapan ni Joseph si Oliver na kopyahin ang bawat pahina ng manuskrito ng Aklat ni Mormon, gagawan ito ng kopya na dadalhin sa manlilimbag upang ang bantas ay maaaring idagdag at ang mga letra ay maiayos para sa paglilimbag.⁸

Nasiyahan si Oliver sa pagkopya ng aklat, at ang mga liham na kanyang isinulat noong panahong iyon ay puno ng mga salita mula sa pagsasalin. Sumasang-ayon sa mga winika nina Nephi, Jacob, at Amuek mula sa Aklat ni Mormon, sumulat si Oliver kay Joseph tungkol sa kanyang pasasalamat sa walang-hanggang pagbabayad-sala ni Cristo.

“Nang nagsimula akong magsulat tungkol sa mga awa ng Diyos,” sabi niya kay Joseph, “hindi ko alam kung kailan ako titigil, at wala nang sapat na panahon at papel para magsulat.”⁹

Ang damdamin ding iyon ang naghi-kayat sa iba sa Aklat ni Mormon habang ito ay inililimbag. Si Thomas Marsh, isang dating apprentice ng isang manlilimbag, ay sinubukang mapabilang sa ibang mga simbahan, ngunit tila wala sa mga ito ang nangangaral ng ebanghelyo na kanyang nakita sa Biblia. Naniniwala siyang isang bagong simbahan ang itatatag sa lalong madaling panahon at

siyang magtuturo ng ipinanumbalik na katotohanan.

Noong tag-araw na iyon, naramdaman ni Thomas na ginagabayan siya ng Espiritu na maglakbay nang ilang daang milya patimog mula sa kanyang tahanan sa Boston patungo sa kanlurang New York. Nanatili siya sa lugar sa loob nang tatlong buwan bago siya lumisan pauwi, hindi maunawaan kung bakit siya naglakbay nang ganoon kalayo. Gayunman, sa isang bahay na kanyang tinuluyan sa paglalakbay pauwi, itinanong ng may-ari kung narinig na ba ni Thomas ang tungkol sa “gintong aklat” ni Joseph Smith. Sinabi ni Thomas sa babae na hindi, at pakiramdam niya ay lalo pa niyang dapat malaman ang tungkol dito.

Sinabi nito na dapat niyang kausapin si Martin Harris at pinapunta siya sa Palmyra. Agad na nagtungo roon si Thomas at nadatnan si Martin sa palimbagan ni Grandin. Binigyan siya ng manlilimbag ng labing-anim na pahina ng Aklat ni Mormon, at dinala ni Thomas ang mga ito pabalik sa Boston, sabik na maibahagi sa kanyang asawang si Elizabeth, ang unang karanasan niya sa bagong relihiyong ito.

Binasa ni Elizabeth ang mga pahina, at siya rin ay naniwala na ang mga ito ay gawa ng Diyos.¹⁰

Noong taglagas na iyon, habang ang mga manlilimbag ay walang humpay sa paglimbag ng Aklat ni Mormon, isang dating hukom na nagngangalang Abner Cole ang nagsimulang maglathala ng isang pahayagan sa palimbagan ni Grandin. Dahil nagtatrabaho siya sa gabi sa palimbagan matapos umuwi ang mga tauhan ni Grandin, nakikita ni Abner ang mga nalimbag na mga pahina mula sa Aklat ni Mormon, na hiwa-hiwalay pa ang mga pahina o hindi pa handa upang ibenta.

Hindi nagtagal ay nagsimulang kutyain ni Abner ang “Gintong Biblia” sa kanyang pahayagan, at noong taglamig ay naglimbag siya ng mga sipi mula sa aklat na nilagyan ng mga mapangutyang komentaryo.¹¹

Nang malaman nina Hyrum at Oliver ang ginawa ni Abner, kinausap nila ito. “Anong karapatan mo para ilathala ang Aklat ni Mormon sa ganitong paraan?” tanong ni Hyrum. “Hindi mo ba alam na mayroon kaming karapatang-sipi?”

“Wala kayong pakialam,” sabi ni Abner. “Inupahan ko ang palimbagan at ililimbag ko kahit ano pa ang gusto ko.”

“Pinagbabawalan kitang ilathala pa ang anumang nasa aklat na iyon sa iyong pahayagan,” wika ni Hyrum.

“Wala akong pakialam,” sabi ni Abner.

Hindi tiyak ang gagawin, ipinarating ito nina Hyrum at Oliver kay Joseph sa Harmony, na agad bumalik sa Palmyra. Nadatnan niya si Abner sa tanggapan ng palimbagan, kaswal na binabasa ang kanyang sariling pahayagan.

“Tila subsob ka sa trabaho,” sabi ni Joseph.

“Kumusta, Ginoong Smith,” mapanuyang sagot ni Abner.

“Ginoong Cole,” sabi ni Joseph, “ang Aklat ni Mormon at ang karapatan sa paglimbag nito ay pag-aari ko, at pinagbabawalan kitang makialam rito.”

Hinubad ni Abner ang kanyang amerikana at itinaas ang kanyang mga manggas. “Nais mo bang makipag-away, ginoo?” sigaw niya, isinusuntok ang kanyang mga kamao. “Kung gusto mong makipag-away, sige lang.”

Ngumiti si Joseph. “Mas mainam na isuot mo ang iyong amerikana,” sabi niya. “Malamig, at hindi ako makikipag-away sa iyo.” Malumanay siyang nagpatuloy, “At dapat mong itigil ang paglalathala ng aking aklat.”

“Kung sa tingin mo ay ikaw ang pinakamagaling,” wika ni Abner, “hubarin mo lang ang iyong amerikana at subukan mo.”

“Mayroong batas,” sagot ni Joseph, “at malalaman mo ito kung hindi mo alam ito noon. At hindi kita lalabanan, sapagkat wala itong mabuting idudulot.”

Batid ni Abner na siya ang may pagkakamali. Nakapag-isip-isip siya at itinigil ang paglalathala ng mga sipi mula sa Aklat ni Mormon sa kanyang pahayagan.¹²

Si Solomon Chamberlin, isang mangangaral na patungo ng Canada, ay unang narinig ang tungkol sa “Gintong Biblia” mula sa isang pamilya kung saan siya nanirahan malapit sa Palmyra. Tulad ni Thomas Marsh, palipatlipat siya ng simbahan sa buong buhay niya ngunit hindi pa rin siya nasisiyahan sa kanyang mga nasasaksihan. May ilang simbahan na ipinangangaral ang mga alituntunin ng ebanghelyo at naniniwala sa mga espirituwal na kaloob, ngunit wala silang mga propeta ng Diyos o Kanyang priesthood. Pakiramdam ni Solomon ay nalalapit na ang panahon na itatatag ng Diyos ang Kanyang simbahan.

Habang pinakikilingan ni Solomon ang pag-uusap ng pamilya tungkol kay Joseph Smith at sa mga gintong lami-na, pakiramdam niya ay parang may kuryenteng dumaloy sa kanya mula ulo hanggang paa, at ipinasiya niyang hanapin ang mga Smith at mas alamin pa ang tungkol sa aklat.

Nagtungo siya sa tahanan ng mga Smith at nakasalubong si Hyrum sa pintuan. “Sumainyo ang kapayapaan,” wika ni Solomon.

“Hari nawa ay kapayapaan nga,” tugon ni Hyrum.

“Mayroon bang tao rito,” tanong ni Solomon, “na naniniwala sa mga pangitain o paghahayag?”

“Oo,” sabi ni Hyrum, “lahat kami rito ay naniniwala sa pangitain.”

Ikinuwento ni Solomon kay Hyrum ang tungkol sa pangitain na kanyang nakita ilang taon na ang nakararaan. Sa pangitain ito, isang anghel ang nagsabi na ang Diyos ay walang simbahan sa mundo ngunit sa lalong madaling panahon ay magtatayo ng isang simbahan na may kapangyarihang tulad ng sinaunang simbahan ng mga apostol. Naintindihan ni Hyrum at ng iba pang naroon sa bahay ang sinabi ni Solomon at sinabi sa kanya na gayundin ang kanilang paniniwala.

“Sana ay ipaalam din ninyo sa akin ang inyong mga natuklasan,” wika ni Solomon. “Sa palagay ko ay matatanggap ko ang mga iyon.”

Inimbitahan siya ni Hyrum na manatili sa sakahan ng mga Smith bilang isang bisita at ipinakita sa kanya ang manuskrito ng Aklat ni Mormon. Pinag-aralan ito ni Solomon sa loob ng dalawang araw at nagpunta kasama si Hyrum sa tanggapan ng palimbagan ni Grandin, kung saan binigyan siya ng isang manlilimbag ng animnapu't apat na pahina. Dala ang hiwa-hiwalay pang mga pahina, tumuloy na si Solomon sa Canada, ipinangangaral sa daan ang lahat ng kanyang alam tungkol sa bagong relihiyon.¹³

Noong Marso 26, 1830, ang mga unang kopya ng Aklat ni Mormon ay naisaayos na at maaari nang ibenta sa silong ng tanggapan ng palimbagan ni Grandin. Ang mga ito ay mahigpit na nakatali sa pabalat na yari sa balat ng baka na kulay kayumanggi at naaamoy pa rito ang ginamit na pandikit, papel at tinta. Ang mga salitang *Aklat ni Mormon* ay makikita sa gulugod (spine) ng pabalat sa kulay-gintong mga titik.¹⁴

Pinahalagahan ni Lucy Smith ang bagong banal na kasulatan at itinuring ito bilang tanda na titipunin ng Diyos ang Kanyang mga anak sa lalong madaling panahon upang ipanumbalik ang Kanyang sinaunang tipan. Nakasaad sa pahina ng pamagat na ang layunin ng aklat ay ipakita ang mga dakilang bagay na ginawa ng Diyos para sa Kanyang mga tao noong mga nakaraang panahon, ibigay ang mga biyaya ring iyon sa Kanyang mga tao ngayon, at hikayatin ang buong mundo na si Jesus ang Taga-pagligtas ng sanlibutan.¹⁵

Naroon sa likod ng aklat ang mga patotoo ng Tatlong Saksi at ng Walong Saksi, nagpapahayag sa mundo na kani-lang nakita ang mga lamina at batid na ang pagsasalin ay totoo.¹⁶

Sa kabila ng mga patotoong ito, batid ni Lucy na may mga ilang tao na iniisip na ang aklat ay kathang-isip lamang. Karamihan sa kanyang mga kapitbahay ay naniniwala na sapat na ang Biblia bilang banal na kasulatan para sa kanila, at hindi napagtatanto na pinagpapala ng Diyos ang higit pa sa isang bayan sa pamamagitan ng Kanyang salita. Alam din niya na may mga taong hindi tumanggap ng mensahe nito sapagkat naniniwala sila na ang Diyos ay nagsalita nang minsan sa mundo at hindi na muling magsasalita pa.

Bunsod ng mga dahilang ito at iba pa, karamihan sa mga tao sa Palmyra ay hindi bumili ng aklat.¹⁷ Ngunit ang ilan ay pinag-aralan ang mga pahina nito, naramdaman ang kapangyarihan ng mga itinuturo nito, at nangaluhod upang tanungin ang Panginoon kung tunay nga ba ito. Batid mismo ni Lucy na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos at nais niyang ibahagi ito sa ibang mga tao.¹⁸

Matapos mailimbag ang Aklat ni Mormon, agad na naghanda sina Joseph at Oliver upang itatag ang simbahan ni Jesucristo. Ilang buwan na ang nakararaan, ang mga sinaunang apostol ng Panginoon na sina Pedro, Santiago, at Juan ay nagpakita at iginawad sa kanila ang Melchizedek Priesthood, tulad ng ipinangako ni Juan Bautista. Ang karagdagang awtoridad na ito ay nagtulot kina Joseph at Oliver na ibigay ang kaloob na Espiritu Santo sa kanilang

mga binibinyagan. Inordenan din sila nina Pedro, Santiago, at Juan bilang mga apostol ni Jesucristo.¹⁹

Sa panahon ding iyon, habang nakatira sa tahanan ng mga Whitmer, nagdasal sina Joseph at Oliver para sa karagdagang kaalaman tungkol sa awtoridad na ito. Bilang tugon, inatasan sila ng tinig ng Panginoon na iorden ang bawat isa bilang mga elder ng simbahan, ngunit kailangang sumang-ayon muna ang mga mananampalataya na susundin sila bilang mga pinuno ng simbahan ng Tagapagligtas. Inatasan din silang mag-orden ng iba pang mga opisyal ng simbahan at igawad ang kaloob na Espiritu Santo sa mga taong bininyagan.²⁰

Noong Abril 6, 1830, sina Joseph at Oliver ay nagtipon sa loob ng bahay ng mga Whitmer upang sundin ang utos ng Panginoon at itatag ang Kanyang simbahan. Upang masunod ang mga hinihingi ng batas, pumili sila ng anim

na taong magiging mga unang kasapi ng bagong simbahan. Mga apatna-pung kababaihan at kalalakihan ang nagsiksikan sa loob at sa paligid ng maliit na bahay upang saksihan ang pangyayari.²¹

Bilang pagsunod sa mga naunang tagubilin ng Panginoon, hiniling nina Joseph at Oliver sa kongregasyon na sang-ayunan sila bilang mga pinuno sa kaharian ng Diyos at ipakita kung naniniwala silang tama lamang na sila ay magtipon bilang isang simbahan.

Bawat kasapi ng kongregasyon ay sumang-ayon, at ipinatong ni Joseph ang kanyang kamay sa ulunan ni Oliver at inordenan siya bilang elder ng simbahan. Pagkatapos ay nagpalit sila ng puwesto, at inordenan naman ni Oliver si Joseph.

Kasunod nito, ibinahagi nila ang tinapay at alak ng sakramento bilang paggunita sa Pagbabayad-sala ni Cristo. Pagkatapos ay ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa kanilang mga nabinyagan, kinukumpirma sila na mga kasapi ng simbahan at ibinibigay sa kanila ang kaloob na Espiritu Santo.²² Ang Espiritu ng Panginoon ay ibinuhos sa mga nasa pagpupulong, at nagsimulang magpropesiya ang ilan sa kongregasyon. Pinuri ng ilan ang Panginoon, at lahat ay nagalak nang magkakasama.

Natanggap din ni Joseph ang unang paghahayag para sa lahat ng kasapi ng bagong simbahan. “Masdan, may talaang iingatan sa inyo,” iniutos ng Panginoon, ipinapaalala sa Kanyang mga tao na dapat nilang isulat ang kanilang banal na kasaysayan, pinapangalagaan ang ulat ng kanilang mga kilos at magpapatotoo sa tungkulin ni Joseph bilang propeta, tagakita, at tagahayag.

“Siya na aking pinukaw upang isulong ang kapakanan ng Sion sa malakas na kapangyarihan para sa kabutihan,” ipinahayag ng Panginoon. “Ang kanyang salita ay inyong tatanggapin, na parang mula sa sarili kong bibig, nang buong pagtitiis at pananampalataya. Sapagkat sa pama- magitan ng paggawa ng mga bagay na ito ang pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa inyo.”²³

Pagkatapos, naroon at makikita si Joseph sa tabi ng isang sapa at sinaksihan ang pagbibinyag sa kanyang ina at ama sa simbahan. Makalipas ang mga taon na iba’t ibang landas ang tinahak sa paghahanap ng katotoha- nan, sa wakas ay nagkaisa sila sa pananampalataya. Nang umahon ang kanyang ama mula sa tubig, inalalayan siya ni Joseph, tinulungan siyang makarating sa pampang, at niyakap siya.

“Diyos ko,” wika niya, isinusubsob ang kanyang mukha sa dibdib ng kanyang ama, “nabuhay pa ako para saksi- han ang ama ko na mabinyagan sa tunay na simbahan ni Jesucristo!”²⁴

Noong gaging iyon, tahimik na nagtungo si Joseph sa malapit na kakahuyan, punung-puno ng emosyon ang kanyang puso. Nais niyang mapag-isa, malayo sa paningin ng mga kaibigan at pamilya. Sa sampung taon mula noong una niyang pangitain, nakita niyang nabuksan ang kala- ngitan, nadama ang Espiritu ng Diyos, at tinuruan ng mga anghel. Siya rin ay nagkasala at nawalan ng kaloob, ngunit nagsisi, kinaawaan ng Diyos, at isinalin ang Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan at biyaya.

Ngayo’y ipinanumbalik na ni Jesucristo ang Kanyang simbahan at binigyan ng karapatan si Joseph sa priest- hood na tinaglay rin ng sinaunang mga apostol noong ipalaganap nila ang ebanghelyo sa mundo.²⁵ Parang sasabog ang puso niya sa matinding kaligayahan, at nang matagpuan siya nina Joseph Knight at Oliver noong gaging iyon, siya ay umiiyak.

Napuspos siya ng kagalakan. Ang gawain ay nagsimu- la na.²⁶ ■

Ang kumpletong listahan ng mga babasahing nabanggit ay makukuha sa English sa saints.lds.org.

Ang salitang *Paksa* sa mga tala ay nagpapahiwatig ng karagdagang impormasyon sa internet sa mgabanal.lds.org.

MGA TALA

- Copyright for Book of Mormon, Hunyo 11, 1829, sa *JSP*, D1:76–81.
- “Prospect of Peace with Utah,” *Albany Evening Journal*, Mayo 19, 1858, [2]; “From the Troy Times,” *Albany Evening Journal*, Mayo 21, 1858, [2]; John H. Gilbert, Memorandum, Set. 8, 1892, photocopy, Church History Library.
- Doktrina at mga Tipan 19 (Revelation, circa Summer 1829, sa josephsmithpapers.org); tingnan din sa Historical Introduction to Revelation, circa Summer 1829 [DC 19], sa *JSP*, D1:85–89; at Knight, *Reminiscences*, 6–7.
- McBride, “Contributions of Martin Harris,” 1–9; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 34, sa *JSP*, H1:352 (banghay 2).
- John H. Gilbert, Statement, Okt. 23, 1887, Church History Library; Indenture, Martin Harris to Egbert B. Grandin, Wayne County, NY, Ago. 25, 1829, Wayne County, NY, Mortgage Records, tomo 3, 325–26, microfilm 479,556, U.S. and Canada Record Collection, Family History Library; Historical Introduction to Revelation, circa Summer 1829 [DC 19], sa *JSP*, D1:85–89.
- Copyright for Book of Mormon, Hunyo 11, 1829, sa *JSP*, D1:76–81; John H. Gilbert, Memorandum, Set. 8, 1892, photocopy, Church History Library; Porter, “The Book of Mormon,” 53–54.
- John H. Gilbert, Memorandum, Set. 8, 1892, photocopy, Church History Library; Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 9, [8]; Joseph Smith to Oliver Cowdery, Okt. 22, 1829, sa *JSP*, D1:94–97.
- John H. Gilbert, Memorandum, Set. 8, 1892, photocopy, Church History Library; Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 9, [2]; “Printer’s Manuscript of the Book of Mormon,” sa *JSP*, R3, Part 1:xxvi. **Paksa:** Pag-iimprenta at Paglilimbag ng Aklat ni Mormon
- Oliver Cowdery to Joseph Smith, Nob. 6, 1829, sa *JSP*, D1:100–101; Mosias 3:18–19; 5:5–7; 4 Nephi 1:17; tingnan din sa Oliver Cowdery to Joseph Smith, Dis. 28, 1829, sa *JSP*, D1:101–4.
- Thomas B. Marsh, “History of Thomas Baldwin Marsh,” *LDS Millennial Star*, Hunyo 4, 1864, 26:359–60; Hunyo 11, 1864, 26:375–76.
- Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 9, [9]. Para sa mga halimba- wa ng mga sipi mula sa Aklat ni Mormon na inilathala ni Abner Cole, tingnan sa “The Book of Mormon,” *Reflector*, Set. 16, 1829, 10; “Selected Items,” *Reflector*, Set. 23, 1829, 14; “The First Book of Nephi,” *Reflector*, Ene. 2, 1830, 1; at “The First Book of Nephi,” *Reflector*, Ene. 13, 1830, 1. **Paksa:** Mga Kritiko ng Aklat ni Mormon
- Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 9, [9]–[12]; Lucy Mack Smith, History, 1845, 166–68.
- Chamberlin, *Autobiography*, 4–11.
- Copyright for Book of Mormon, Hunyo 11, 1829, sa *JSP*, D1:76–81; John H. Gilbert, Memorandum, Set. 8, 1892, photocopy, Church History Library; “Book of Mormon,” *Wayne Sentinel*, Mar. 26, 1830, [3]. Ilan sa mga aklat ay may pabalat na yari sa balat ng tupa.
- Title Page of Book of Mormon, circa early June 1829, sa *JSP*, D1:63–65; tingnan rin sa Lucy Mack Smith to Solomon Mack, Ene. 6, 1831, Church History Library.
- Testimony of Three Witnesses, Late June 1829, sa *JSP*, D1:378–82; Testi- mony of Eight Witnesses, Late June 1829, sa *JSP*, D1:385–87.
- Tucker, *Origin, Rise, and Progress of Mormonism*, 60–61.
- Tingnan sa Lucy Mack Smith to Solomon Mack, Ene. 6, 1831, Church History Library.
- Joseph Smith History, circa Summer 1832, 1, sa *JSP*, H1:10; Doktrina at mga Tipan 27:12–13 (Revelation, circa Aug. 1830, sa Doktrina at mga Tipan 50:3, 1835 edition, sa josephsmithpapers.org); Oliver Cowdery to Phineas Young, Mar. 23, 1846, Church History Library; “Joseph Smith Documents Dating through June 1831,” sa *JSP*, D1:xxxvii–xxxix; tingnan din sa Cannon and others, “Priesthood Restoration Documents,” 163–207. **Paksa:** Panunumbalik ng Melchizedek Priesthood
- Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 27, sa *JSP*, H1:326–28 (banghay 2).
- Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 37, sa *JSP*, H1:364 (bang- hay 2); Stevenson, Journal, Dis. 22, 1877; Ene. 2, 1887; An Act to Provide for the Incorporation of Religious Societies (Abr. 5, 1813), *Laus of the State of New-York* (1813), 2:212–19. **Paksa:** Pulong sa Pagtatagtag ng Simbahan ni Cristo
- Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 37–38, sa *JSP*, H1:364–71 (banghay 2).
- Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 37, sa *JSP*, H1:366; Doktrina at mga Tipan 21 (Revelation, Apr. 6, 1830, sa josephsmithpapers.org); “History of Joseph Smith,” *Times and Seasons*, Okt. 1, 1842, 3:928–29.
- Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 9, [12]; Knight, *Reminiscen- ces*, 8; tingnan din sa Bushman, *Rough Stone Rolling*, 110.
- Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 38, sa *JSP*, H1:372 (bang- hay 2); Joseph Smith, “Latter Day Saints,” sa Rupp, *He Pasa Ekklesia*, 404–5, sa *JSP*, H1:506.
- Knight, *Reminiscences*, 7.



Ni Elder
Quentin L. Cook

Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

Napakamaawain ng Panginoon

Ang bagong maramihang-aklat na kasaysayan ng Simbahan ay tutulungan tayong tuparin ang ating mga tipan sa pamamagitan ng pagpapalawak sa ating alaala tungkol sa nagawa ng Panginoon para sa atin.

Sa unang pagkakataon sa loob ng halos isang daang taon, isang bagong maramihang-aklat na kasaysayan ng Simbahan ay inilalathala sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol. Pinamagatang *Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw*, ang salaysay na ito ay naglalahad ng totoong kuwento ng mga ordinaryong tao na naging Banal sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo (tingnan sa Mosias 3:19). Kumpleto na ang unang aklat na, *Ang Pamantayan ng Katotohanan, 1815–1846*, at naisalin na sa 14 na wika para ipamahagi sa maraming lugar sa mundo.

Ang *Mga Banal* ay ang kuwento kung paano ipinanumbalik ng Diyos ang Kanyang walang-hanggang tipan dahil sa Kanyang pagmamahal sa Kanyang mga anak. Ipinapakita rito kung paano ipinanumbalik ng Panginoon ang Kanyang ebanghelyo para magbigay ng pag-asa at kapayapaan sa mga panahon ng kaguluhan, pagsubok, at pagdurusa. Ipinapakita rin dito kung paano humahantong ang ipinanumbalik na mga tipan sa kadakilaan sa pamamagitan ni Jesucristo.



Sa pamamagitan ng Kanyang propeta, pinanibago ng Diyos ang kanyang mga tipan na hindi nag-aalis ng kasamaan, kalungkutan, pagdurusa, at paghihiwalay sa kamatayan ngunit talagang nangangako ng paggaling sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at sinisiguro sa atin na ang mga relasyon ay magtatagal sa kawalang-hanggan.

Maaaring inaasahan ninyong magsimula ang kuwento kay Joseph Smith, ngunit ang *Mga Banal* ay nagsisimula sa pagputok ng isang bulkan sa Indonezia noong 1815, na nagsanhi ng laganap na kamatayan, sakit, at kaguluhan. Ang panimulang bahaging ito ay pinili dahil sa inihayag ng Panginoon kung paano Niya ipinanumbalik ang mga tipan na nagbibigkis sa atin sa Tagapagligtas at tinutulungan tayong makayanan ang lahat ng problema sa buhay:

“Ako, ang Panginoon, nalalaman ang kapahamakang sasapit sa mga naninirahan sa mundo, ay tinawag ang aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., at nangusap sa kanya mula sa langit, at nagbigay sa kanya ng mga kautusan; . . .

“Nang ang aking walang hanggang tipan ay mapagti-bay” (D at T 1:17, 22).

Mula sa simula hanggang sa pamamahagi nito sa buong mundo, ang *Mga Banal* ay hudyat sa mga anak ng Diyos sa buong mundo na ito ang kuwento ng kanilang tipan sa Diyos, na nakakaalam sa lahat ng paghihirap nila. Sa pamamagitan ng Kanyang propeta, pinanibago ng Diyos ang mga tipan na hindi nag-aalis ng kasamaan, kalungkutan, pagdurusa, at paghihiwalay sa kamatayan ngunit talagang nangangako ng paggaling sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, nagpapabanal



at nagbibigay ng higit na kahulugan sa ating buhay, at sinisiguro sa atin na ang mga relasyong itinatangi natin dito sa mundo ay magtatagal sa kawalang-hanggan, na “may kakabit na walang hanggang kaluwalhatian” (tingnan sa D at T 130:2).

Ang unang walong kabanata ng *Ang Pamantayan ng Katotohanan* ay inilathala na sa mga isyu ng magasing ito sa buong taon. Matatapos sa isyu ngayong buwan ang serye ng mga kabanata mula sa *Mga Banal*, ngunit magpapatuloy ang kuwento sa **saints.lds.org**, sa Gospel Library app, and sa nakalimbag na aklat (umorder sa **store.lds.org**). Inaaanyayahan ko kayong patuloy na basahin ito gamit ang anuman sa nabanggit na media.

Isang Banal na Huwaran at Plano

Ang *Mga Banal* ay itinutuloy ang banal na huwaran kung saan ginagamit ng mga propeta ang nakaraan, bilang bahagi ng kanilang ministeryo, para tulungan tayong malaman kung sino tayo at makita ang mga layunin ng Diyos sa ating buhay. Sa mga banal na kasulatan, sinisimulan ng maraming propeta ang ang kanilang pagtuturo sa pagsasalaysay ng mga kuwento tungkol sa awa ng Diyos sa kanilang mga ninuno.¹ Pinayuhan ni Moroni ang mga mambabasa ng Aklat ni Mormon na “[lalalahanin] kung paano naging maawain ang Diyos” sa buong kasaysayan “at pagbulay-bulayin ang mga yaon sa inyong mga puso” (Moroni 10:3). Ang pagninilay tungkol sa kabutihan ng Diyos ay inihahanda tayong matanggap ang patotoo ng Espiritu, na nagtuturo sa atin ng “mga bagay kung ano tala-ga ang mga ito, at mga bagay kung ano talaga ang magiging ito” (Jacob 4:13; tingnan din sa Moroni 10:4–5).

Ang pagkaalam na nagplano ang ating mga Magulang sa Langit para sa ating sukdulang kaligayahan at kadakilaan ay naglalaan sa atin ng pananaw, nagbibigay sa atin ng pagkakakilanlan bilang mga minamahal na anak ng mga banal na magulang, at nagpapaibayo sa ating tiwala sa Panginoon, maging sa oras ng paghihirap. Ang pag-alaala sa kabutihan ng Panginoon ay maaari din tayong protektahan laban sa kayabangan at kapahamakang dulot ng kasaganaan. Nagsulat si Mormon tungkol sa panahon na “nagsimula[ng] magsiyaman nang labis” ang mga Nepita. Ngunit hindi tulad ng ibang mga panahon sa Aklat ni Mormom kung kailan tinulutan ng mga tao na ibagsak sila ng kanilang kayabangan at kayamanan, ibang landas ang tinahak nila sa panahong ito: “Subalit sa kabila ng kanilang mga kayamanan, o ng kanilang lakas, o ng kanilang kasaganaan, hindi sila iniangat sa kapalaluan ng kanilang mga paningin; ni hindi sila naging mabagal sa pag-aalaala sa Panginoon nilang Diyos kundi sila ay nagpakumbaba nang labis sa kanyang harapan.” Tinupad nila ang kanilang mga tipan at nanatiling matwid dahil “naalaala nila ang mabubuting bagay na ginawa ng Panginoon para sa kanila” (tingnan sa Alma 62:48–50).

Itinuturo sa *Mga Banal* ang mga bagay na katu-lad nito at marami pang iba. Tutulungan kayo nitong makita ang patnubay ng Panginoon sa inyong buhay habang parang kayo mismo ang nagdaranas ng mga pagsubok sa pananampalata-ya, mga pighati at kagalakan, mga paghahayag at pagtitika ng mga taong di-perpekto na minahal ang Diyos at nadama ang Kanyang pagmamahal.

Habang nagbabasa kayo, makatutuklas kayo ng bagong kabatiran at kahulugan kahit sa mga kuwentong narinig na ninyo dati. Walang

pangyayari sa kasaysayan ng Simbahan na mas kilala pa kaysa sa Unang Pangitain ni Joseph Smith, ngunit mas ipa-uunawa sa atin ng *Mga Banal* kung paano pinagsikapan ni Joseph na pagkasunduin ang nadama niya sa kanyang puso at ang laman ng kanyang isipan.

Ang taos-pusong hangarin ni Joseph na madama ang kapatawaran ng Tagapagligtas ay hindi natupad dahil nakita niya na wala sa mga simbahan noon ang nagtuturo ng “ebanghelyo ni Jesucristo tulad ng nakatala sa Bagong Tipan.”² Sa kanyang isipan, pinagnilayan ni Joseph kung aling Simbahan ang tama o kung mali ba silang lahat. Sa puso niya ay labis siyang umasa na isa sa mga ito ang tama para masumpungan niya ang kapayapaang hangad niya. Habang nagtutunggali ang kanyang puso’t isipan, natuklasan ni Joseph na maaari siyang magtanong sa Diyos. Pumunta siya sa kakahuyan upang magdasal. Nakita niya roon ang Ama at ang Anak, na pinatawad siya at nilutas ang kanyang problema sa paraang hindi niya naisip kailanman.³



Ipinapakita sa Mga Banal na ang pagkaalam tungkol sa mga pakikitungo ng Diyos ay binibigyan tayo ng walang-hanggang pananaw, tinutulungan tayong makita ang mga bagay kung ano talaga ito at magiging ito, at tinutulungan tayong manampalataya na tutulungan tayo ng Panginoon sa mga panahon ng paghihirap.

Ninai si Joseph, ng kanyang pamilya, at ng marami pang iba na tumanggap sa ipinangbabalik na tipan ng Panginoon na madama ang pagmamahal ng Diyos sa kanila, matutuhan kung paano sila mas mapapalapit sa Kanya, at maisaayos ang mga relasyon nila sa kanilang mga mahal sa buhay. Nakalahad sa *Mga Banal* ang kanilang mga kuwento.

Pagtitiwala sa Diyos sa mga Oras ng Pagsubok

Kabilang sa Tomo 1 ng *Mga Banal* ang makabagbag-damdaming kuwento ni Amanda Barnes Smith at ng kanyang pamilya, na sumunod sa mga utos ng Panginoon at sa Kanyang kalooban.⁴ Malupit na pinatay ang asawa ni Amanda at isa sa kanyang mga anak na lalaki kasama ang 15 iba pang mga Banal sa mga Huling Araw na nagkakampo sa isang maliit na pamayanan sa Shoal Creek sa Missouri. Pinalakas ng Panginoon si Amanda sa malagim na karanasang ito, sinagot ang kanyang mga panalangin, pinalakas ang kanyang loob, at binigyan siya ng kakayahang pagalingin ang kanyang anak na lalaki na lubhang nasugatan.⁵

Ipinapakita sa *Mga Banal* kung paano natutuhan ni Amanda na magtiwala sa Panginoon sa gitna ng matinding paghihirap. Nakalahad din dito ang natutuhan ni Joseph Smith tungkol sa kabutihan ng Diyos kahit sa oras ng pagdurusa. Ipinapakita rito na ang pagkaalam tungkol sa mga pakikitungo ng Diyos ay binibigyan tayo ng walang-hanggang pananaw, tinutulungan tayong makita ang mga bagay kung ano talaga ito at magiging ito, at



tinutulungan tayong manampalataya na tutulungan tayo ng Panginoon sa mga panahon ng paghihirap.

Nang malaman ni Propetang Joseph ang nangyari sa pamilya ni Amanda at sa iba pa sa Shoal Creek, nadama niya na mas gugustuhin pa niyang makulong o mamatay kaysa hayaang mapatay ang mga Banal. Kinabukasan, sinubukan niyang makipag-ayos nang payapa sa militar ng Missouri, na nakahanda nang umatake sa pangunahing tirahan ng mga Banal sa Far West. Sa halip, hinuli si Joseph at ibinilanggo.

Halos limang buwan pagkaraan, nanatili sa bilangguan si Joseph, na nakakulong sa loob ng isang malamig at masikip na selda sa silong sa Liberty, Missouri. Inisip

niya kung saan nagtatago ang Diyos at kung gaano katagal Niyang titiising makinig sa mga daing ng mga balo at ulila. Nanalangin siya, “O Panginoon, hanggang kailan sila magdurusa sa mga kaapihang ito at hindi makatarungang kalupitan, bago ang inyong puso ay lumambot para sa kanila, at ang inyong kalooban ay maantig sa habag para sa kanila?” (D at T 121:3).

Itinuturo sa atin sa *Mga Banal* na ang kahirapan ay hindi katunayan na hindi nasisiyahan ang Diyos, ni isang pagbawi ng Kanyang mga biyaya. Ang oposisyon ay bahagi ng plano ng Diyos para patinuin at ihanda tayo para sa isang walang-hanggan at selestiyal na tadhana (tingnan sa 2 Nephi 2:11). Nalaman ni Joseph na ang walang-katapusang paghihirap ng Tagapagligtas ay binibigyan Siya ng kakayahang tulungan tayo kapag tayo ay nagdurusa at para dakilain tayo sa huli (tingnan sa Alma 7:11–13). Bilang sagot sa nagdadalamhating paghibik ni Joseph, inilista ng Panginoon ang lahat ng uri ng pagsubok bago sinabing:

“Kung ang pinakapanga ng impiyerno ay ibubuka nang malaki ang bibig sa iyo, alamin mo, aking anak, na ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti.

“Ang Anak ng Tao ay nagpakababa-baba sa kanilang lahat. Ikaw ba’y nakahihigit sa kanya?” (D at T 122:7–8).

Ang pagdanas natin mismo ng *mga bagay na ito* ay mabibigyan tayo ng damdamin ng pakikiramay na tulad ni Cristo para sa mga naghihirap. “Mas mapagmahal ang aking puso tuwina matapos ito kaysa noon,” napagtanto ni Joseph habang nasa kulungan. Ninais niyang makasama ang mga Banal upang aliwin at aluin sila. “Hindi ko mada-rama ang nadarama ko ngayon,” paliwanag niya, “kung hindi ko naranasang mapagmalupitan.”⁶

Ang isang dahilan kaya ipinagawa at inaprubahan ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol ang *Mga Banal* ay para maiparanas nito sa bawat isa sa atin ang *mga bagay na ito* sa mga kuwento ng iba. Matutuhan natin kay Amanda na kahit akma sa tingin ng Diyos sa Kanyang walang-hanggan karunungan na hindi pigilan ang kasamaan o pagdurusa, mahal Niya tayo at lagi tayong inaalala. Dinirinig Niya ang ating mga dalangin at Siya ay maawain at mabait.

Ipinanumbalik na mga Pagpapala ng Templo

Wala nang ibang lugar na mas naipapakita sa atin ang awa at kabutihang iyon kaysa sa templo. Ang *Mga Banal* ay talagang kuwento ng ipinanumbalik na mga pagpapala ng templo. Ang unang aklat ay nagwawakas sa pagtanggap ng libu-libong Banal sa mga Huling Araw ng mga sagradong ordenansa sa Nauvoo Temple noong 1846. Ang pangalawang aklat ay hahantong sa paglalaan ng Salt Lake Temple at pagsisimula ng mga Banal sa pagtanggap ng mga

ordenansa roon noong 1893. Ang pangatlong aklat ay magwawakas sa pagsisimula ng pagtitipon ng mga Banal mula sa Europe sa templo sa Switzerland noong 1955. Ang pangapat na aklat ay dadalhin ang kuwento sa kasalukuyan, kung kailan dumarami ang mga templo sa daigdig at tinatanggap ng mga Banal sa buong mundo ang ordenansa ng kadakilaan, tulad ng nakinita ng mga propeta noong araw.

Sa bahay ng Diyos, gumagawa tayo ng mga tipan at pinagkakalooban ng kapangyarihang madaig ang mga epekto ng Pagkahulog, pati na ang kasamaan at pagdurusa sa mundong ito. Tumatanggap tayo ng proteksyon at ng kapangyarihang magbangon sa Pagkabuhay na Mag-uli sa huli, na nakabuklod sa mga mahal sa buhay magpakailanman.

Ang *Mga Banal* ay tutulungan tayong tumupad ng mga tipan sa pamamagitan ng pagpapalawak sa ating mga ala-ala sa pagtanggap ng sakramento. Tutulungan tayo nito na laging alalahanin ang nagawa ng Tagapagligtas para sa atin. Kung hindi sa mga talaan ng mga pakikitungo ng Diyos noong araw, hindi natin “maalaala kung paano naging maa-wain ang Panginoon sa mga anak ng tao” (Moroni 10:3). Dahil dito, may utang na loob tayo sa Panginoon at sa mga Banal na nagtala ng kanilang mga karanasan sa Kanyang pagmamahal para sa kanila. Inutusan ng Panginoon si Joseph Smith na itala ang kanyang mga karanasan (tingnan sa D at T 21:1). Inutusan niya ang isang Church histori-an na nagtatrabaho sa ilalim ng pamumuno ni Joseph na “patuloy na mag-ingat ng talaan at kasaysayan ng simbahan” (D at T 47:3). Iniutos Niya na isama sa kasaysayan ang “lahat ng bagay na para sa ikabubuti ng simbahan, at para sa bumabangong salinlahi” (D at T 69:8).

Sa mga paghahayag na ito at sa pangako sa tipan na laging isasaisip ang Panginoon, sinimulang planuhin ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol ang *Mga Banal* 10 taon na ang nakararaan. Ngayon ay hinihikayat namin kayong basahin ito, na nagtitiwala na tutulungan kayo nitong maunawaan ang plano ng Diyos, nakikita na napakamaawain ng Panginoon, nagtitiis nang tapat sa mga panahon ng kaginhawahan at paghihirap, nagtatamo ng pakikiramay na tulad ni Cristo para sa iba, at tumutupad ng mga tipan na umaakay sa inyo sa kadakilaan. ■

MGA TALA


1. Kabilang sa mga halimbawa sina Nephi (1 Nephi 17:23–43), Haring Benjamin (Mosias 1), Limhi (Mosias 7), isang anghel na isinugo ng Panginoon kay Alma (Mosias 27), Alma (Alma 9:10), Mormon (Mormon 3:17–22), at Moises (Exodo 13:3).
2. Joseph Smith, sa “History, circa Summer 1832,” 2, josephsmithpapers.org.
3. Tingnan sa “History, 1838–1856, volume A-1 [23 December 1805–30 August 1834],” 3, josephsmithpapers.org.
4. Tingnan sa “Revelation, 12 January 1838–C,” [1], josephsmithpapers.org.
5. Tingnan sa *Mga Banal*, tomo 1, kabanata 30, “Lumaban na Tulad ng mga Anghel.”
6. “Letter to Presendia Huntington Buell, 15 March 1839,” [1], josephsmithpapers.org.

MGA ITLOG, MGA FUSE, AT PANANAMPALATAYA

Ang isa sa aming mga mithiin bilang pamilya ay makaipon ng sapat na pera para makapagbigay ng paunang bayad para sa sarili naming tahanan. Kung hindi sa mithiing iyon, baka sayangin ko lang ang mga Sabado't Linggo ko sa panonood ng telebisyon, paghihintay na lumapit sa akin ang mga pagkakataon na magkapera.

Bilang driver sa isang kumpanya ng pagmimina sa hilagang bahagi ng Chile, apat na araw akong nagtatrabaho nang malayo sa bahay sa mga minahan at pagkatapos ay may tatlong araw akong bakasyon—Sabado hanggang Lunes. Para maragdagan ang aming kita at ipon para sa isang bahay, nagpasiya kaming magbenta ng mga itlog. Ang plano namin ay kumuha ng mga order mula sa mga kaibigan, kapitbahay, at miyembro ng Simbahan; bumili ng mga 1,000 itlog kada linggo mula sa isang mama-makyaw; at pagkatapos ay kunin at i-deliver ang mga itlog tuwing Sabado at Lunes.

Nagpasiya kami ng asawa kong si Laura na isama ang dalawa naming anak sa pagde-deliver at masaya kaming magkasama-sama. Gayunman, habang papunta kami para bumili ng unang batch ng mga itlog, may aksidenteng nangyari. Inihagis ng isa sa mga anak namin, na nilalaro ang isang maliit na metal na pantasa ng lapis, ang pantasa at direktso itong bumagsak sa bakanteng lalagyan ng lighter ng



Nang bumagsak ang isang maliit na metal na pantasa ng lapis sa bakanteng lalagyan ng lighter ng sigarilyo, biglang huminto ang van namin. Nasunog ang isang fuse namin.

sigarilyo. Sumiklab ito, at nawalan ng kuryente ang van namin, at biglang huminto sa gitna mismo ng highway. Nasunog ang isang fuse namin.

Habang nakaupo kami roon at naantala ng trapiko at nag-iisip kami kung ano ang gagawin, inis na inis na kami at gusto na naming umiyak. Pero sa sandaling iyon, naalala ko na nangako ang Panginoon na pasisiglahin at tutulungan tayo kung

magtitiwala tayo sa Kanya. Napanatag ako. Natanto ko na hindi maaaring umupo lang ako roon at magreklamo. May problema kami, at sa tulong ng Diyos, lulutasin namin iyon.

Bumaling kami ni Laura sa isa't isa at sinabi namin, “Kailangan tayong manalig.” Nagdasal kami at pinunasan ang aming mga luha. Pagkatapos, habang si Laura ang nasa manibela, lumabas ako para itulak ang kotse. Nagsilabas ang ilang tao mula sa kaniyang sasakyan at tinulungan ako.

Itinulak namin ang kotse nang mga 200 metro bago kami nakakita ng ligtas na mapaparadahan sa highway. Nang tumigil ang kotse, napansin ko na pumarada pala kami sa harap mismo ng isang tindahan ng stereo ng kotse.

Hinanap ko ang nasunog na fuse, pumasok ako sa loob ng tindahan, at nagtanong, “May ganito ba kayo?”

Sagot ng clerk, “Oo naman.”

Bumili ako ng fuse at inilagay ko ito sa lugar nito, umandar kaagad ang kotse, at umalis na kami. Magsasara na ang wholesaler o mamamakyaw ng itlog nang pumarada kami. Bumili kami ng mga itlog at nakapag-deliver.

Kapag may mga hamon tayo, alalahanin nating humingi ng tulong sa ating Ama sa Langit. Alam ko na sasagutin Niya tayo habang sumusulong tayo at nagpapakita ng pananam-palataya sa Kanya. ■

Alvaro Alcaino, Antofagasta, Chile

ISANG PAGPAPALA SA SULAT-KAMAY NG AKING INA

Isang gabi pinag-isipan ko kung anong mensahe ang ibibigay sa parating na ward conference. Buong linggo ko nang pinag-aralan ang mga banal na kasulatan, at kahit nakatanggap na ako ng magandang tagubilin at mga ideya, wala pa rin akong malinaw na direksyon kung ano ang gustong ipabahagi sa akin ng Panginoon, bilang stake president, sa mga miyembro ng ward.

Sa taimtim na panalangin, humingi ako ng patnubay mula sa Espiritu para magabayan ang mga naiisip ko. Pagkatapos binuklat ko ang mga banal na kasulatan at sinimulang basahin itong muli. Agad bumaling ang isip ko sa mga mithiin ng ward na napag-usapan namin ng bishop kamakailan. Ang isa sa mga mithiin ay gamitin ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga kaibigan at kapitbahay.

Naisipan kong isama ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* sa sarili kong pag-aaral nang gabing iyon. Kinuha ko ito at binuklat sa kahit anong pahina. Sa pahinang iyon, nakita ko ang dalawang scripture reference na nakasulat-kamay—1 Nephi 8:8–11 at 1 Nephi 11:21–22. Nang tingnan kong mabuti iyon, natanto ko na sulat-kamay ng aking ina ang mga reperensyang iyon. Ilang taon nang pumanaw ang mahal kong ina, dalawang buwan pagkaraan ng kanyang ika-80 kaarawan. Isa siyang halimbawa ng katapangan at pagiging

di-makasarili, na laging nakikita ang kabutihan sa mga tao. At mahal niya ang mga banal na kasulatan.

Binuklat ko ang mga banal na kasulatan sa mga talatang iyon para alamin kung ano ang nagtulak sa kanya na isulat ang mga ito. Habang binabasa ko ang mga iyon, agad kong naisip ang mensaheng dapat kong ibigay. Isang simpleng mensahe na kung minsa'y maaaring nalilimutan ng mga miyembro ng Simbahan na nakatikim na ng masarap na bunga ng ebanghelyo na marami pang ibang naghahangad na matikman ang bungang iyon. Kailangan natin silang kausapin at sabihin sa kanila kung saan ito matatagpuan.

Habang naghahanda para sa ward conference, binuklat ko ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* sa isang pahina na may mga scripture reference na sulat-kamay ng aking ina.

Naisip ko ang mabait kong ina nang basahin ko ang natitirang bahagi ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*. Walang pangalan, walang iba pang mga tala, o anumang bagay na nagpapahiwatig na sa kanya ang aklat na iyon. Napaupo ako sa paghanga nang pagnilayan ko ang sunud-sunod na mga espirituwal na pahiwatig na humantong sa sandaling ito. Pinagtibay sa akin ng Espiritu na nagabayan ako sa aking mga iniisip, na siya ko mismong ipinagdasal. Hindi alam ng aking ina, kahit gaano katagal na niyang isinulat ang mga reperensyang iyon, na gagamitin iyon ng Panginoon para sagutin ang abang dalangin ng kanyang anak. ■
Douglas Hedger, Nevada, USA



ISANG HIMALA SA BAHAY NG PANGINOON SA KYIV

Sabik kami ng pamilya ko na maglakbay sakay ng kotse mula Romania hanggang Kyiv, Ukraine, para sa paglalaan ng templo noong Agosto 2010. Batid na ito ang magiging templo para sa mga Banal sa Romania/Moldova Mission, nagbiyahe kami nang 14 na oras para makarating doon. Pagdating namin, nakilala namin ang isa pang grupo na nagbiyahe rin mula Romania. Masaya kaming lahat na makarating sa Kyiv para sa sagradong kaganapang ito.

Sa araw ng paglalaan, inatasan ang grupo namin mula sa Romania na panoorin ang brodkast ng paglalaan sa isang silid sa unang palapag ng templo. Nagsimulang magpahayag ng pagkadismaya ang ilan. Umasa silang makalahok sa paglalaan na kasama ang propeta sa silid selestiyal. Sinabi pa ng ilan na naglagi na lang sana sila sa bahay at nanood ng brodkast mula sa chapel nila sa Romania.

Nagsimula akong magdasal nang taimtim, “Ama sa Langit, paano namin matutulungan ang mga

miyembrong ito mula sa Romania na magkaroon ng di-malilimutang karanasan sa Inyong bahay?”

Wala pa rin akong natanggap na sagot nang magsimula ang sesyon sa paglalaan. Di-nagtagal nalaman namin na bababa ang propetang si Pangulong Thomas S. Monson (1927–2018) at ilalagay sa puwesto ang batong-panulok. Ito na yata ang sagot sa amin! Ipinagdasal ko na mabigyang-daan na lapitan at batiin ng propeta ang mga Banal na taga-Romania.



“Hindi po ito para sa akin,” pag-darasal ko, “kundi para sa aking mga kapatid.”

Pagkatapos ng seremonya sa pag-lalagay ng batong-panulok, dumaan si Pangulong Monson sa aming silid nang pabalik na siya sa silid selestiyal. Bigla kong nadama na dapat akong tumayo at anyayahan siyang pumasok sa aming silid.

Tumayo ako at sinabi kong, “Ang propeta natin! Tuloy po kayo at kausapin ninyo kami. Taga-Romania po kami.”

Parang hindi niya ako narinig. At, makalipas ang ilang sandali, bumalik siya. “Romania!” sabi niya at pumasok siya sa silid.

Binati niya kaming lahat at sinabi na mahal na mahal niya kami. Puno

ng kasiyahan ang puso ko habang minamasdan ko ang masasayang mukha ng mahal naming mga miyembro. “Salamat po, mahal na Ama,” pagdarasal ko, “sa himalang ito sa Inyong bahay.”

Nang lisanin ng propeta ang silid, wala nang malungkot. Pakiramdam ko nasa pinakamapalad na silid kami sa templo. Isang karanasan iyon na hindang-hindi ko malilimutan. ■

Doru Vasile, Bucharest, Romania

ISANG NGITI NG PAGTANGGAP

Isang gabi nagdaos ang ward namin ng isang aktibidad na ilang oras naming pinaghandaan. Pagkatapos ng aktibidad nagpaalam sa akin ang isang kabataang investigator pero makalipas ang ilang minuto ay bumalik siya at nagtanong, “Bishop, kailan po ako kailangang bumalik?” Sabi ko sa kanya, sa Linggo, at agad sinabi ng bata na, “Hindi po, wala na po bang ibang aktibidad?” Masaya siyang makasama ang mga kabataan ng ward namin kaya gusto niyang bumalik.

Kinausap ko rin ang isang bisitang mag-asawang dumalo sa aktibidad at tinanong sila kung ano ang palagay nila. Sabi ng lalaki, “Mula nang duma-tang kami rito, nakadama na kami ng kapayapaan at katiwasayan,” na sinang-ayunan ng kanyang asawa sa pamamagitan ng pagtango. Nagulat ako rito dahil nang una silang duma-tang, maraming taong nagdadaldalan at nagkakaingay. Pero nagpatuloy siya at tumingin sa akin at nagtanong, “Iyan ang Espiritu Santo, hindi ba?” Sa gulat, ang tanging nasabi ko ay oo.

Napakaraming gagawin para mapaghandaan ang aktibidad na ito, kaya nang gabing iyon nang tapos na ang lahat, ang gusto ko na lang gawin ay umuwi at matulog. Dahil pagod na pagod na ako, hindi ko na napag-isipan ang pakikipag-usap ko sa mga investigator. Pagdating ko sa bahay, nagdasal ako at humiga, pero hindi ako makatulog; nakinita ko sa aking isipan na nakangiti ang Panginoon. Isang ngiti iyon ng pag-tanggap. Sa sandaling iyon naalala ko ang magagandang bagay na nangyari sa aktibidad.


Naunawaan ko na ang pagsisikap at pagmamahal ng mga miyembro ng ward ang nagbigay-daan para maan-tig ang puso ng tatlong investigator. Naunawaan ko na ang ngiti ng pag-tanggap ay para sa ginagawa namin. Hindi ko maiwasang umiyak, at labis kong pinasalamatan ang kaloob ng Panginoon sa amin. Binigyan Niya kami ng isang ngiti ng pagtanggap. Pinatotohanan ko na ang mga salita ng Panginoon ay totoo; na kapag nagdala tayo ng kahit isang kaluluwa sa Kanya, malaki ang ating magiging kagalakan sa kaharian ng Ama (tingnan sa D at T 18:15). ■

Franklin Romero, Manabí, Ecuador

IBAHAGI ANG IYONG KUWENTO

Ang Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw ay naglalathala ng mga tunay na salaysay tungkol sa anumang paksa ng ebanghelyo, ngunit ang hinahanap namin ay ang inyong mga karanasan lalo na sa pagmi-minister sa iba at sa pagpapakita ng lakas-ng-loob na ipamahay ang ebanghelyo. Ipadala ang inyong artikulo online sa liahona.lds.org (i-klik ang “Submit an Article or Feedback”).

Nagdasal ako nang taimtim, “Ama sa Langit, paano namin matutulungan ang mga miyembrong ito mula sa Romania na magkaroon ng di-malilimutang karanasan sa Inyong bahay?”



ANG Naggaganyak SA ATIN NA Ipamuhay ang Ebanghelyo

Ni Mindy Selu

Mga Magasin ng Simbahan

**Laging magkakaroon
ng “mga turong
mahirap tanggapin.”
Ngunit laging may
opsiyon na piliing
manampalataya
kaysa magduda o
mag-alinlangan.**

Ang landas ng pagkadisipulo ay puno ng mga pagpapala—yaong mga “nakikita at di nakikita.”¹ Ngunit may mga pagkakataon na ang landas na iyon, sa kabila ng mga pagpapala nito, ay hindi madali o kumbinyente. Ang pagiging disipulo ni Jesucristo ay nangangailangan ng pagsisikap at sakripisyo, at kung minsa’y mahirap maganyak na sundin ang mga kautusan at gawin ang mga sakripisyong iyon.

Bilang young adult, malamang ay abala ka ring gumanap sa mga bagong responsibilidad, gumawa ng mga desisyong magpapabago sa buhay mo, at magpasiya kung ano ang bubuo sa sarili mong landas ng pagkadisipulo sa buong buhay mo. Bukod pa ryan, maaaring may mga bagay sa mga patakarán o kasaysayan ng Simbahan o sa doktrina ng ebanghelyo na hindi mo lubos na nauunawaan at mga tuksong nagpapahirap sa iyo, at mga pagpapalang hinihintay mo pa rin at mga tanong tungkol sa plano ng Diyos para sa iyo.

Maaaring magtaka ang ilan sa atin paminsan-minsan kung ang pamumuhay ayon sa ebanghelyo ay nararapat sa mga pagpapalang ipinangako sa atin. Maaaring sabihin natin na ayaw sa atin ng iba, na napakaraming gagawin, o na parang marami kang tanong na hindi nasasagot. Ngunit talagang depende lang iyan sa motibasyon. Bakit mo ginagawa ang ginagawa mo at bakit ka namumuhay nang ganyan? Bakit mo patuloy na sinusunod ang mga kautusan, kahit walang nakakapansin kung ginagawa mo ito?

Sino ka man at ano man ang sitwasyon ng buhay mo, nasa iyo na kung pipiliin mong maghanap ng maggaganyak sa iyo sa pamamagitan ng pagpapalakas ng iyong pananampalataya sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo.



Kanino Kami Magsisiparoon?

Ang paghahanap at patuloy na pagkakaroon ng motibasyon na ipamuhay ang ebanghelyo ay hindi kakaibang hamon sa ating panahon. Kahit noong narito sa lupa ang Tagapagligtas, nahirapan pa rin ang mga tao na unawain at sundin ang mga alituntuning itinuro Niya. Nakinig ang ilan sa Kanyang mga disipulo nang ipaliwanag Niya ang isang konsepto na tila nakasakit sa kanila—ang Kanyang papel bilang “tinapay ng kabuhatan” (tingnan sa Juan 6:35–58). Nag-aalinlangan silang sumagot, na nagsasabing, “Matigas ang pananalitang ito; sino ang makaririnig noon?” (Juan 6:60).

Nang makita ni Cristo na nahihirapan silang paniwalaan o tanggapin ang doktrinang ito, nagtanong Siya, “Ito baga’y nakapagpapatissod sa inyo?” (Juan 6:61). Sa halip na manampalataya kaysa magduda, marami sa Kanyang mga disipulo ang “nagsitalikod, at hindi na nagsisama sa kaniya” (Juan 6:66).

Ngunit nang tanungin ni Cristo ang iba pang mga disipulo Niya kung sila man ay “magsi[si] alis,” ibinigay ni Pedro ang tanging sagot na maibibigay: “Kanino kami magsisiparoon? ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan” (Juan 6:67–68).

Ang Pinagmumulan ng Ating Motibasyon o Pagkaganyak

Alam ni Pedro ang pinagmumulan ng kanyang motibasyon o pagkaganyak. Depende ito sa pangunahing dahilan kung bakit ginagawa natin ang ginagawa natin sa ebanghelyo: ang ating patotoo at pananampalataya kay Jesucristo. “At kami’y nagsisampalataya at *nakikilala namin*,” sabi ni Pedro, “na ikaw [ang Cristo,] ang [Anak] ng [buhay na] Dios” (Juan 6:69; idinagdag ang pagbibigay-diin). Sa pagkakaroon ng gayong malakas na pananalig kay Jesucristo, sa Kanyang kabanalan, at sa Kanyang gawa-in, magaganyak din tayo na patuloy na ipamuhay ang ebanghelyo—kahit mukhang mahirap gawin ito, kahit walang ibang makakapansin, at kahit hindi tayo sigurado na gusto natin.

Laging magkakaroon ng “mga turong mahirap tanggapin.” Nguni’t laging may opsiyon na piliing manampalataya kaysa magduda o mag-alinlangan. Tulad ng sabi ni Elder L. Whitney Clayton ng Pangu-luhan ng Pitumpu, “Ang desisyong maniwala ang pinakamahalagang pagpiling ginagawa natin.”²

Kaya ano ang gagawin natin kung nasa kabilang panig tayo ng isa sa “mga turong mahirap tanggapin”?

1. Sundan ang halimbawa ni Pedro at ng iba pang mga disipulo na nanatiling tapat kahit madali sanang “magsialis.” Makinig sa payo ng mga propeta, apostol, at iba pang mga pinuno:

“Sa mga sandali ng takot o pag-aalinlangan o problema, panindigan ang inyong pananampalataya. . . . *Manangan nang mahigpit sa nalalaman na ninyo at manindigan hanggang sa dumating ang karagdagang kaalaman.*”³

“Sumulong nang may pananampalataya—sa paisa-isang hakbang. . . . Magtuon sa mga katotohanang pina-niwalaan [ninyo] at hayaang puspu-sin nito ang [inyong] puso’t isipan. . . .



“... Magsimula sa mga pangunahing katotohanan ng ebanghelyo.”⁴

2. Manatiling malapit sa mga banal na kasulatan at sundin ang mga turo nito:

“Pag-aralan at pagnilayan nang may panalangin ang Aklat ni Mormon araw-araw.”⁵

“Kung ang sinomang tao ay nagibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito’y sa Dios, o kung ako’y nagsasalita na mula sa aking sarili” (Juan 7:17).

“Maging tagatupad kayo ng salita, at huwag tagapakinig lamang” (Santiago 1:22).

3. Patuloy na sundin ang mga kautusan.

“Ang mga sagot sa ating tapat na mga tanong ay dumarating kapag masigasig nating hinahanap at sinusunod ang mga kautusan. . . . Matutulungan tayo ng ating pananampalataya na maniwala sa mga bagay na walang kabuluhan sa atin sa oras na iyon.”⁶

“Kung patuloy kayong magiging masunurin, . . . ibibigay sa inyo ang kaalaman at pang-unawang hangad ninyo.”⁷

Sa huli, ang naggaganyak sa atin ay yaon lamang sinabi ni Pedro. Naniniwala ba tayo na si Jesus ang Cristo, na Siya ang nagpapatakbo ng Kanyang Simbahan at nasa Kanya ang mga salita ng buhay na walang hanggan? Nangingibabaw ba ang ating pananampalataya sa Kanya kaysa “mga turong mahirap tanggapin” na maaaring hindi natin maunawaan sa ngayon?

Mga Gantimpala ng Pamumuhay ayon sa Ebanghelyo

Kapag nagdesisyon tayong mahalin at sundin ang Diyos at si Jesucristo at tuparin ang mga utos kahit hindi natin lubos na nauunawaan ang mga ito, napakalaki ng mga gantimpala. Ang tanong ng likas na tao, “Ano’ng mapapala ko ryan?” Ang tugon sa mga turo

ng ebanghelyo: “Kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating”; isang lugar na inihanda para sa iyo sa mga mansiyon ng Diyos; lahat ng mayroon ang Ama sa Langit; “walang katapusang kaligayahan” (tingnan sa D at T 59:23; Eter 12:34; D at T 84:38; Mosias 2:41); at, tulad ng sabi ni Elder Dieter F. Uchtdorf ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Dito [sa Simbahan] ay matatagpuan ninyo ang isang bagay na hindi matutumbasan ng salapi. . . . Pinatotohohan ko na makikita ninyo rito ang mga salita ng buhay na walang hanggan, ang pangako ng dakilang pagtubos, at ang landas tungo sa kapayapaan at kaligayahan.”⁸ Ilan lang iyan sa pagpapalang ipinangako sa atin.

Kapag inilaan natin ang ating sarili sa pagsunod kay Cristo at sa Kanyang mga utos, ipinangako sa atin ang lahat ng ito at marami pang iba. Hindi iyan nangangahulugan na laging magiging madali o maliwanag ang landas, ngunit ang mga pagpapalang ipinangako sa atin sa pananatiling matatag ay patuloy na darating habang tayo’y nabubuhay at maging sa kabilang-buhay.

Gayunman, kahit kamanghamanga ang mga pagpapalang ito, hindi dapat ang mga ito ang pangunahing naggaganyak sa atin na ipamuhay ang ebanghelyo. Ano man ang inyong mga tanong, ano mang doktrina ang hindi ninyo nauunawaan, ang inyong pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala ang magiging susi para maganyak kayong ipamuhay ang Kanyang ebanghelyo, tulad noon kay Pedro at sa iba.

“Iniimpluwensyahan ng ating mga hangarin at isipin ang ating mga kilos sa bandang huli,” sabi ni Elder Uchtdorf. “Ang patotoo sa katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo

ni Jesucristo ang pinakamabisa at nakagaganyak na puwersa sa ating buhay. Paulit-ulit na binigyang-diin ni Jesus ang kapangyarihan ng mabubuting kaisipan at wastong hangarin: ‘Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; Huwag mag-alinlangan, huwag matakot’ (D at T 6:36).

“Makakatulong sa ating buhay ang patotoo tungkol kay Jesucristo at sa ipinanumbalik na ebanghelyo na malaman ang mismong plano ng Diyos para sa atin at kumilos ayon dito. Tinitiyak sa atin nito ang katunayan, katotohanan, at kabutihan ng Diyos, ang mga turo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo, at ang banal na tungkulin ng mga propeta sa mga huling araw.”⁹

Ako naman, patuloy akong magsisikap, kahit parang mahirap. Patuloy akong magdarasal at pag-aaralan ang aking mga banal na kasulatan. Patuloy akong magsisikap na patatagin ang aking patotoo sa Tagapagligtas araw-araw. At patuloy akong magsisikap na mamuhay sa paraang gusto Niyang ipamuhay ko at aasa na tuturuan ako ng Kanyang mga salita at ng Kanyang mga buhay na propeta at apostol kung paano, na umaasang magaganyak hindi lamang ng aking pananampalataya at pagmamahal sa Kanya kundi maging ng Kanyang walang-hanggang sakripisyo at pagmamahal para sa akin. ■

MGA TALA

1. Dieter F. Uchtdorf, “Ang Landas Tungo sa Pagkadisipulo,” *Liahona*, Mayo 2009, 76.
2. L. Whitney Clayton, “Piliing Maniwala,” *Liahona*, Mayo 2015, 38.
3. Jeffrey R. Holland, “Panginoon, Nananampalataya Ako,” *Liahona*, Mayo 2013, 93–94; binigyang-diin ang orihinal.
4. Rosemary M. Wixom, “Pagbalik sa Pananampalataya,” *Liahona*, Mayo 2015, 94.
5. Thomas S. Monson, “Ang Kapangyarihan ng Aklat ni Mormon,” *Liahona*, Mayo 2017, 87.
6. Rosemary M. Wixom, “Pagbalik sa Pananampalataya,” 95.
7. Russell M. Nelson, “Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay,” *Liahona*, Mayo 2018, 95–96.
8. Dieter F. Uchtdorf, “Halina, Sumama sa Amin,” *Liahona*, Nob. 2013, 24.
9. Dieter F. Uchtdorf, “Ang Bisa ng Personal na Patotoo,” *Liahona*, Nob. 2006, 37.



DALAWANG PAGPIPIILIAN

“Ang paraan ng Panginoon ay hindi mahirap. Mahirap ang buhay, hindi ang ebanghelyo. . . . Mahirap ang buhay para sa ating lahat, ngunit simple rin naman ang buhay. Dalawa lamang ang ating pagpipilian. Maaari nating sundin ang Panginoon at mapagkalooban ng Kanyang kapangyarihan at magkaroon ng kapayapaan, liwanag, lakas, kaalaman, tiwala, pagmamahal, at galak o maaari tayong umiba ng daan, anumang iba pang daan, kahit saan, at mamuhay mag-isa—nang walang suporta Niya, walang kapangyarihan Niya, walang patnubay, sa kadiliman, pag-aalinlangan, dalamhati, at kalungkutan. At ang tanong ko, aling daan ang mas madali?”

Elder Lawrence E. Corbridge of the Seventy, “Ang Daan,” *Liahona*, Nob. 2008, 36.

Nadama kong may kadilimang lumukob sa buhay ko. At pagkatapos ay natanto ko na kailangan kong kausapin ang bishop ko.

Ang Unang Hakbang Tungo sa Pagsisisi

Ni Aurilas Peterson

Naalala ko na itinakda ko ang petsa ng binyag ko sa mga missionary. Tinanong nila ako kung handa na akong gawin ang tipan na ito sa ating Ama sa Langit. Hindi na ako nag-isip tungkol dito at masayang-masaya kong sinabing, “Oo!” Gusto kong matanggap ang espesyal na kaloob na bigay sa akin ng aking mapagmahal na Ama, at alam kong hindi ako ganito kasaya kung wala sa buhay ko ang Tagapagligtas. Pero hindi ako talaga sigurado kung anong kinabukasan ang naghihintay sa akin.

Sa wakas, dumating ang araw ng binyag. Hinding-hindi ko iyon malilimutan, at napakasaya ko.

Madidilim na Araw

Matapos akong mabinyagan at makumpirma, parang biglang nagdilim ang mga araw. Naharap ako sa mga problema sa pamilya, at nahirapan akong sundin ang lahat ng utos ng Diyos. Hindi ko alam ang gagawin ko, at gusto ko nang isuko ang lahat. Parang walang nakakaunawa sa akin.

Palabasa ako ng Aklat ni Mormon, pero noong panahong iyon ay isinang- tabi ko ito. Isang araw, nang mag-isa ako sa bahay, nadama ko ang magiliw na paramdam sa akin ng Espiritu

na basahin ang Aklat ni Mormon. Nagdasal muna ako, sa kagustuhang makahanap ng sagot na maghahatid ng kapanatagan sa paghihirap ko. Binuklat ko ito kaagad sa Alma kabanata 5. Sabi sa talata 27: “Kayo ba ay lumakad na pinananatiling walang sala ang inyong sarili sa harapan ng Diyos? Masasabi ba ninyo sa inyong sarili, kung kayo ay tatawaging mamatay sa mga sandaling ito, na kayo ay naging sapat na mapagpakumbaba? Na ang inyong mga kasuotan ay nalinis at nagawang maputi sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, na paparito upang tubusin ang kanyang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan?”

Sa wakas, naantig ako sa mga salitang ito. Alam kong kailangan kong magsisi, kaya gumawa ako ng appointment na makipagkita sa bishop ko. Talagang takot ako, pero pinilit ko ang sarili ko na pumunta at kausapin siya.

Pag-unawa sa Pangako ng Diyos

Pagdating ko sa opisina ng bishop, nakonsiyensya ako talaga kaya gusto ko nang umalis nang hindi siya nakakausap. Pero ipinagdasal kong magkaroon ng tapang na sabihin ang lahat ng kailangan kong sabihin. Pinapasok ako ni bishop sa

opisina niya, at pagkatapos ay nagdasal siya para humingi ng tulong sa Diyos. Kinausap niya ako na parang anak niya ako at ipinakitang mahal niya ako sa kanyang pananalita. Pinayuhan niya ako at hiniling na gawin ko ang ilang bagay para mapatawad ako ng Diyos at pagkatapos ay bumalik para magkausap kami.

Masayang-masaya ako sa pagkakataong ito. Sinunod ko ang payo niya at kalaunan ay naunawaan ko na ang ipinangakong pagpapatawad ng Panginoon kay Alma: “Kung magtatapat siya ng kanyang mga kasalanan sa iyo at sa akin, at magsisisi

nang taos sa kanyang puso, siya ay iyong patatawarin, at akin din siyang patatawarin” (Mosias 26:29). Pagkatapos magsisi nang taos-puso, alam kong pinatawad na ako ng Diyos. Sa wakas ay nadama ko na ang pagmamahal ng Ama sa Langit sa puso ko, at napawi ang kadiliman. Masaya ako at natuwa sa sarili ko.

Nariyan ang Bishop para Tumulong

Ang bishop ang kinatawan ng Panginoon sa ward. Dapat mong malaman na nariyan siya para tulungan kang mahanap ang tunay na

kaligayahang laan ng Diyos para sa iyo. Magtiwala sa kanya. Kung mayroon kang mga problema o kailangan mong magsisi, humayo ka at hanapin mo siya. Tutulungan ka niya.

Alam kong hindi madaling magpunta sa kanya kung minsan. Pero gaya ng ipinaliwanag ni Pangulong Lorenzo Snow (1814–1901) tungkol sa walang-hanggang plano ng ating Ama sa Langit: “Naniniwala ako na sa [premortal] na daigdig ng mga espiritu, nang imungkahi sa atin na . . . pagdaraan natin ang mga dinaranas natin ngayon, sa pangkalahatan ay hindi iyon kalugud-lugod at nakasisiya. . . . Gayunman walang alinlangan na nakita at naunawaan nating mabuti doon na upang maisakatuparan ang ating kadakilaan at kaluwalhatian ay kailangan ang karanasang ito.” Sinabi pa niya na, “Handa tayo noon na sumunod sa kagustuhan ng Diyos, at dahil doon ay narito tayo ngayon” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* [2012], 124).

Ang pagsisisi ay bahagi ng pag-sunod sa kalooban ng Diyos. Kaya sa halip na matakot sa bishop, kaibiganin mo siya. Pinili siya ng Diyos, at matutulungan ka niyang magsisi at pagalingin ang iyong kaluluwa sa paglapit kay Jesucristo. Nais ng Panginoon na tulungan tayo, pero kailangan nating gawin ang unang hakbang tungo sa pagsisisi. Sa gayong paraan makikita natin ang katuparan ng pangako sa Isaias 1:18: “Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe.” At dahil diyan, nariyan ang bishop para tumulong.

Pinatotohanan ko na ang Diyos ay buhay at na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas. Mahal na mahal Nila tayo! ■

Ang awtor ay naninirahan sa Ouest, Haiti.



PAGKATUTO SA PARAAN NG PANGINOON



**Ni Elder
David A. Bednar**

Ng Korum ng Labin-
dalawang Apostol

Sa pagpapabilis ng Panginoon sa Kan-
yang gawain, kailangan nating patu-
loy na matuto, magbago, at sumulong
nang may pananampalataya sa
Tagapagligtas.

Isang Huwaran sa Lahat ng Bagay

Sa isang paghahayag na ibinigay sa pama-
magitan ni Propetang Joseph Smith noong
Hunyo ng 1831, sinabi ng Panginoon: “Ako
ay magbibigay sa inyo ng isang huwaran sa
lahat ng bagay, nang hindi kayo malinlang;
sapagkat si Satanas ay nagtungo sa lupa, at
siya ay naglilibot [na] nilililang ang mga
bansa” (D at T 52:14).

Ang nakakatuwa, binigyan tayo ng
Panginoon ng “isang” at hindi “ng” huwaran
para sa lahat ng bagay. Hindi ako naniniwala
na ipinahihiwatig ng Panginoon sa panana-
litang “isang huwaran sa lahat ng bagay” na
isa lang ang huwaran Niya na gagamitin sa
bawat sitwasyon. Bagkus, kabilang sa paraan

ng Panginoon ang sari-saring huwaran na
magagamit upang makamit ang iba’t ibang
mga espirituwal na layunin.

Ang pinakamimithi natin dapat sa anu-
mang karanasan sa pagkatuto at pagtuturo ay
alamin at gamitin ang huwaran o mga huwa-
ran na higit na tutugon sa ating mga panga-
ngailangan at maghahatid ng hinahangad
nating mga resulta sa pagkatuto.

Ang Espiritu Santo ang Guro

Ang Espiritu Santo ang ikatlong miyembro
ng Panguluhang Diyos at isang Tagapagha-
yag, Guro, Mang-aaliw, Tagapagpabanal, at
Siyang nagpapaalala sa atin sa lahat ng bagay
(tingnan sa Juan 14:16–17, 26; 3 Nephi 27:20).
Ipinaliwanag ni Elder James E. Talmage
(1862–1933) ng Korum ng Labindalawang
Apostol, “Ang Katungkulan ng Espiritu Santo
sa pagtulong Niya sa mga tao ay inilarawan
sa banal na kasulatan. Siya ay isang guro
na isinugo ng Ama; at sa mga taong may

*Ang pag-anyaya sa Espiritu Santo
na maging guro ay isang panguna-
hing layunin sa lahat ng huwaran
ng Panginoon sa pagkatuto.*



ANG PAGKATUTO SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA AY NANGANGAILANGAN KAPWA NG PUSO AT NG MAY PAGKUKUSANG ISIPAN.



karapatan sa Kanyang pagtuturo ay ihahayag Niya ang lahat ng bagay na kailangan para umunlad ang kaluluwa.”¹ Ang pag-anyaya sa Espiritu Santo na *maging* guro ay isang pangunahing layunin sa lahat ng huwaran ng Panginoon sa pagkatuto at pagtuturo.

Ang isang mag-aaral na gumagamit ng kalayaang moral at kumikilos ayon sa tamang alituntunin ay binubuksan ang nilalaman ng kanyang puso sa Espiritu Santo—at sa gayo’y inaanyayahan ang Kanyang pagtuturo, kapangyarihang magpatotoo, at nagpapatunay na pagsaksi. Ang pagkatuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay nangangailangan ng espirituwal, mental, at pisikal na pagsisikap at hindi sa pagtanggap lamang nang walang ginagawa. Sa katapatan at patuloy na paggawa nang may pananampalataya, naipapakita natin sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo na tayo ay handang matuto at tumanggap ng tagubilin mula sa Espiritu Santo.

Bigyang-pansin kung paano tinutulongan ng mga missionary ang mga investigator na matuto sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang paggawa at pagtupad ng mga espirituwal na pangako, gaya ng pag-aaral at

pagdarasal tungkol sa Aklat ni Mormon, pagtupad sa mga kautusan, at pagdalo sa mga miting ng Simbahan ay nangangailangan ng pananampalataya at pagkilos. Angkop din ang alituntuning ito sa lahat ng miyembro, kabilang na ang mga magulang, guro, at lider.

Ang pagtuturo, paghihikayat, at pagpapaliwanag—mahalaga man ang mga ito—ay hindi kailanman magbibigay sa isang investigator, bata, estudyante, o miyembro ng patotoo sa katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Kapag pinakilos sila ng kanilang pananampalataya at nagbukas ito ng daan tungo sa puso, saka lamang magpapadala ng nagpapatibay na mga patotoo ang Espiritu Santo. Malinaw na kailangang matuto ang mga missionary, magulang, guro, at lider na magturo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu. Gayunman, mahalaga ring katulad nito ang responsibilidad nilang tulungan ang iba na matuto para sa kanilang sarili sa pamamagitan ng pananampalataya.

Ang pagkatutong inilalarawan ko ay higit pa sa nauunawaan ng isipan at pagtanda at pagtanda at pag-alaala sa impormasyon. Ang uri ng pagkatuto na tinutukoy ko ay dahilan para magbalik-loob tayo sa Diyos (tingnan

sa Alma 5:7), hubarin ang likas na tao (tingnan sa Mosias 3:19), baguhin ang ating puso (tingnan sa Mosias 5:2), at magbalik-loob sa Panginoon at huwag tumalikod kailanman (tingnan sa Alma 23:6). Ang pagkatuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay nangangailangan kapwa ng puso at ng may pagkukusang isipan (tingnan sa D at T 64:34) at ito ay dahil sa Espiritu Santo na nagdadala ng kapangyarihan ng salita ng Diyos kapwa sa damdamin at sa puso. Ang pagkatuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay hindi maililipat ng tagapagturo sa estudyante, ng missionary sa investigator, sa pamamagitan ng lecture, pagpapamalas, o pagdanas; sa halip, kailangang manampalataya at kumilos ang isang estudyante para magtamo ng kaalaman para sa kanyang sarili.

Isang Huwaran sa Pagkatuto at Pagtuturo

1. Maghandang matuto. Kung dumadalo kayo sa inyong mga klase sa Sunday School at nakikinig sa paglalahad ng paksa ng inyong guro, mabuti iyan. Ngunit kung nagsikap kayo at naghanda, kung iniisip ninyo ang mga bagay na sinabi ng inyong guro na basahin, pagnilayan, at ipagdasal bago magklase, maaaring

magkaroon ng matinding pagbuhos ng Espiritu, at ang Espiritu Santo ang nagiging guro ninyo. Ang paghahanda ay nag-aanyaya ng paghahayag.

2. Makisalamuha para makapagpasigla. Gusto kong ituon ang inyong pansin sa talatang ito. “Magtalaga sa inyo ng isang guro, at huwag maging mga tagapagsalita ang lahat kaagad; sa halip magsalita nang isa-isa at makinig ang lahat sa kanyang sinasabi, upang kapag ang lahat ay nakapagsalita na ang lahat ay mapasigla ng lahat, at upang ang bawat tao ay magkaroon ng pantay na pribilehiyo” (D at T 88:122).

Ito ay isa sa mabibisang huwaran ng Panginoon sa pagkatuto at pagtuturo. Gusto kong magmungkahi ng isa pang paraan ng pagtingin sa talatang ito: “Magtalaga sa inyo ng isang guro.” Sino ang guro? Ang Espiritu Santo. Posible kaya na kung gusto ninyong ang Espiritu Santo ang maging guro, “huwag [magsalita nang sabay-sabay] ang lahat . . .; sa halip magsalita nang isa-isa at makinig ang lahat sa kanyang sinasabi, upang kapag ang lahat ay nakapagsalita na ang lahat ay mapasigla ng lahat”? Ang tanging makapagbibigay ng pagpapasiglang iyon ay ang Espiritu Santo.

Ang pakikisalamuha para makapagpasigla ay nag-aanyaya ng paghahayag. Sa Simbahan sa kasalukuyan, pinag-aaralan at ipinamumuhay natin ang mas espirituwal na sensitibo, mahigpit, at mahirap na mga huwaran ng pagkatuto at pagtuturo. Lagi ba nating gagawin ang lagi nating ginagawa at makukuha ang kaparehong resultang lagi nating nakukuha, o magsisisi tayo at matututo at magbabago at lalong magtuturo sa paraan ng Panginoon?

3. Mag-anyayang kumilos.

Isang simpleng tanong lang ay nakakatulong sa pagkakamit ng layuning

ito. Ano ang gagawin ninyo sa inyong natutuhan? Ang pagkilos ayon sa paghahayag ay nag-aanyaya ng iba pang paghahayag.

Dalangin ko na makasabay tayo sa pagpapabilis ng Panginoon, na hindi lang natin gagawin ang lagi nating ginagawa sa paraang lagi natin iyong ginagawa.

Pinatotohahan ko na totoong buhay ang Panginoong Jesucristo. Ako ay saksi na Siya ay buhay. Siya ay nabuhay na mag-uli. Siya ang

namumuno sa Simbahang ito at Siya ang namamahala sa mga gawain nito. Nagsusumamo Siya na sumabay tayong lahat sa Kanyang pagpapabilis at sumunod sa mga huwarang itinakda Niya para sa ating paglago at pagkatuto. ■

Mula sa isang mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga bagong mission president noong Hunyo 25, 2014.

TALA

1. James E. Talmage, *Articles of Faith*, 12th ed. (1924), 162.



ANG PAGHAHANDA AY NAG-AANYAYA NG PAGHAHAYAG.

5

PARAAN PARA MATUTO MULA SA PANGKALAHATANG KUMPERENSYA


Ang **PANGKALAHATANG KUMPERENSYA AY ISANG PAMBIHIRANG PAGKAKATAON NA** makasama ang mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo para makinig sa mga lider ng Simbahan at tumanggap ng patnubay mula sa Panginoon. Ang panonood, pakikinig, at pag-aaral sa mga mensahe ng pangkalahatang kumperensya ay maghahatid ng Espiritu sa inyong buhay at magpapalakas sa inyong patotoo. Pagkakataon ito para tumanggap kayo ng personal na paghahayag at kumilos kayo ayon dito.

Narito ang limang paraan para matuto kayo mula sa pangkalahatang kumperensya.

DETALE MUJA SA SI CRISTO AT ANG MAYAMANG BATA PANG PINUANO, NI HEINRICH HOFMANN

1 ISULAT ANG INYONG MGA TANONG BAGO MAGSIMULA ANG PANGKALAHATANG KUMPERENSYA

Mag-ukol ng oras para isulat ang inyong mga tanong bago magsimula ang kumperensya, at pagkatapos ay magtuon ng pansin sa mga sagot na dumarating sa inyo sa oras ng kumperensya. Ang inyong mga dalangin at tanong ay masasagot habang nakikibahagi kayo at nakikinig sa Espiritu.



2 HANGARING MATUTO TUNGKOL KAY CRISTO

Ang mga propeta ay nagpapatotoo at nagtuturo tungkol sa Tagapagligtas (tingnan sa Mga Gawa 10:43). Sa pakikinig ninyo sa mga mensahe ng kumperensya, maaari ninyong isipin kung ano ang itinuturo sa inyo ng nagsasalita tungkol kay Jesucristo. Maaari pa kayong magtala.



Kayo ay may kakayahang tumanggap ng paghahayag at kumilos ayon dito nang walang takot.

Pangulong Henry B. Eyring, “Pinamumunuan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan,” pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2017

5 MAGANYAK AT MAGKA-INSPIRASYONG KUMILOS

Isulat ang mga mensahe at sipi na naghihikayat o nag-aanyaya sa inyo na kumilos. Matutulungan kayo nitong ipamuhay ang natututuhan ninyo—at ipapaalala sa inyo ang mga naisip ninyo kalauan kapag kailangan ninyong mapaalalahanan! ■

3 ABANGAN ANG MGA TEMA

Matapos panoorin ang ilan sa pangkalahatang kumperensya, mapapansin ninyo na hindi lang minsan ninyo narinig na binanggit ang isang paksa o tema. Ang mga huwaring napapansin ninyo ay maaaring isang paraan na ipinapaalam sa inyo ng Espiritu ang isang bagay na kailangan ninyong matutuhan.



Ang pagkatuto sa pamamagitan ng pananampalataya ay nangangailangan ng espirituwal, mental, at pisikal na pagsisikap at hindi sa pagtanggap lamang nang walang ginagawa.

Elder David A. Bednar, “Pagkatuto sa Paraan ng Panginoon,” pahina 50 ng isyung ito

4 PANSININ ANG AKLAT NI MORMON

Marami kayong matututuhan sa pagbibigay-pansin sa tinutukoy ng mga lider ng Simbahan na mga talata sa banal na kasulatan, lalo na sa Aklat ni Mormon, na “saligang bato ng ating relihiyon” (pambungrad sa Aklat ni Mormon). Tingnan kung masusundan ninyo ang bawat pagkakataon na nabanggit ito sa pangkalahatang kumperensya. Mamamangha kayo sa malalaman ninyo!

TINURUAN NG ESPIRITU SANTO

Naghanda ang mga kabataang ito na maturuan ng Espiritu bago sumapit ang pangkalahatang kumperensya. Narito ang mga natutuhan nila mula sa isang nakaraang kumperensya at ang mga pagbabagong ginagawa nila dahil dito.



Inspiradong Tagubilin

Nagkaroon ako ng inspirasyon sa pangkalahatang kumperensya. Habang nakikinig sa tagubilin ng ating mga pinuno na maglingkod sa iba, magtiwala kay Cristo, at kumapit nang mahigpit sa gabay na bakal, nadama ko na nagpapatotoo sa akin ang Espiritu Santo na ang ebanghelyong ito ay totoo at na maaari tayong magtamo ng buhay na walang hanggan sa pagsunod sa mga kautusan at salita ng Diyos. Nagtakda ako ng mga mithiin na mas maglingkod sa aking komunidad at palakasin ang aking patotoo sa pamamagitan ng pagdarasal at pag-aaral ng banal na kasulatan araw-araw. Alam ko na ako ay anak ng Ama sa Langit. Buhay Siya at mahal Niya ako at lagi Niya akong mamahalina magpakailanman.

Madelyn B., edad 16, Delaware, USA

Tungkol sa kanya: Panganay sa tatlong magkakapatid; tumatakbo sa cross-country race; mahilig magbasa at kumanta; gustung-gusto ang wikang Espanyol at nangangarap magturo ng English as a second language



Mga Sagot sa mga Tanong

Bago sumapit ang pangkalahatang kumperensya, mayroon akong dalawang tanong: (1) Paano ko pananatilihin maganda ang aking ugali at tutulungan ang aking mga kaibigan kapag nakakagawa sila ng mga maling desisyon? at (2) Paano ko mapapatotohanan ang Simbahan nang hindi nila ako pinagtatawanan? Sa oras ng kumperensya, pinatotohanan sa akin ng Espiritu na hindi ako nag-iisa. Ngayon alam ko nang sa pamamagitan ng taos-pusong pag-aaral ng mga banal na kasulatan, masasagot ang mga tanong ko tungkol sa aking mga kaibigan. Alam ko na nakikinig ang Ama sa aking mga panalangin, at pipilitin kong maging mas mabuti bawat araw.

Isaak R., edad 13, Pichincha, Ecuador

Tungkol sa kanya: Kaisa-isang anak; mahilig tumugtog ng piyano, mag-skating, maglaro ng football, mag-judo, lumangoy, kumanta, at gumawa ng mga kendi; gustong maging doktor; ang paboritong kulay ay berde





Handang Matuto

Naramdaman ko nang husto ang Espiritu sa pangkalahatang kumperensya. Simula nang maghanda ako ng mga tanong at espi-rituwal na ihanda ang aking sarili para sa kumperensya, nagkaroon ito ng ibang kahu-lugan sa buhay ko, at mas marami akong natututuhan sa bawat mensahe. Labis akong nagpapasalamat sa mga propeta at apostol, at alam ko na isinugo sila ng Ama sa Langit upang pamunuan at gabayan tayo sa ating buhay!

Ben H., edad 17, Kentucky, USA

Tungkol sa kanya: Mahilig sa sports; naglalaro ng basketball at tennis sa paaralan; mahilig sa skiing, snowboarding, paglalakbay, at hiking




Inanyayahang Lumago

Pinatatag ng pangkalahatang kumpe-rensya ang pagnanais kong tahakin ang landas ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ipinaalam at ipinaunawa nito sa akin na ito ang totooang Simbahan, na naghahatid sa atin ng liwanag at kaligayahan. Nadama ko na inanyayahan ako ng Espiritu na lumago araw-araw at magbasa ng Aklat ni Mor-mon para magkaroon ako ng malakas na patotoo sa ebanghelyo. Naniniwala ako na nais ng Ama sa langit na makinig ako sa mga inspiradong mensaheng ito.

Vicente A., edad 16, Metropolitan Region, Chile

Tungkol sa kanya: Panganay sa apat na magka-kapatid; mahilig maglaro ng video games, makinig sa musika, at maglaro ng football; lumalahok sa teatro; gustong magmisyon



Paghahanap ng Liwanag

Ang taon bago noong nakaraan ay naging mahirap para sa akin. Lumaban ang aking ama sa kanser, at nagkaroon ng mga terrorist attack sa lungsod namin. Balisang-balisa ako sa kaiisip kung paano ako mapapayapa samantalang nangangamba ako para sa aking espirituwal at pisikal na kalig-tasan. Mula sa pangkalahatang kumperensya nalaman ko na mapapayapa tayo kapag nagpakabait tayo, pinuspos natin ang ating puso ng pananampalataya, at pinanatili natin ang walang-hanggang pananaw. Nagkainspirasyon akong bumaling kay Cristo sa mga panahon ng paghihirap sa halip na umasa sa sarili kong pang-unawa. Alam ko na madaraig ko ang impluwensya ng kadiliman sa paghahanap sa ningning ng liwanag ni Cristo.

Olivia H., edad 17, Belgium

Tungkol sa kanya: Swimmer; mahilig maglingkod, kabilang na ang pag-volunteer sa isang soup kitchen, isang foster home, at sa special-education program sa kanyang paaralan

“SA MGA BATANG MIYEMBRO
NG SIMBAHAN,
NANGANGAKO
AKO
NA KUNG
MAKIKINIG

KAYO [SA PANGKALAHATANG
KUMPERENSYA], MADARAMA
NINYO ANG ESPIRITU NA NAG-
UUMAPAW SA INYONG KALOOBAN.
SASABIHIN NG PANGINOON SA INYO
ANG NAIS NIYANG GAWIN NINYO.”

Elder Robert D. Hales (1932–2017) Ng Korum ng Labindalawang Apostol
“Pangkalahatang Kumperensya: Nagpapalakas ng Pananampalataya at Patotoo”
pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2013

Mga Katotohanan tungkol sa PANGKALAHATANG KUMPERENSYA

Ang organo sa Conference Center ay may

7,667

na mga tubo—ngunit mga 170 tubo lang ang nakikita ng mga manonood

Nakapagbigay na si Pangulong Russell M. Nelson ng

84

na mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa loob ng 34 na taon niya bilang General Authority

Pinanonood ng mga tao sa

221

bansa at teritoryo ang pangkalahatang kumperensya

Ang mga mensahe ay isinasalin sa


94

na wika



Ang kahoy na ginamit sa pulpito ng Conference Center ay nagmula sa matandang puno ng walnut ni

PANGULONG GORDON B. HINCKLEY
(1910–2008)



Mahigit

100,000

tao ang dumadalo sa limang sesyon sa Conference Center sa Salt Lake City, Utah, USA

ANG ISANG EROPLANONG BOEING 747—

na mga 230 talampakan (70.5 m) ang haba—ay magkakasya sa loob ng Conference Center auditorium



Mga

35

mensahe ang ibinibigay sa bawat kumperensya

MAHAHALAGANG PAHAYAG NA IBINIGAY SA MGA PANGKALAHATANG KUMPERENSYA:

SET. 1995: “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo”

ABR. 1998: Pagtatayo ng mas maliliit na templo

ABR. 2001: Nagsimula ang Perpetual Education Fund

OKT. 2012: Ibinaba ang edad para makapagmisyon

ABR. 2018: Pinalitan ng ministering ang home at visiting teaching



“Paano ko maaanyayahan ang Espiritu sa aking tahanan samantalang nag-aaway o nagtatalo ang mga tao roon?”

MAGING TAGAPAMAYAPA

“Kapag hindi natin magawang baguhin ang kilos ng iba, baguhin natin nang tama ang ating sarili. . . .

“Sa halip na magtalu-talo at mag-away-away sa pamilya, tungkulin nating magpatatag, makinig, at magpaliwanagan.”

Elder Marvin J. Ashton ng Korum ng Labindalawang Apostol (1915–94), “No Time for Contention,” pangkalahatang kumperensya ng Abr. 1978.



Magsabi ng Sorry

Noong makipagtalo ako, nalaman ko na ang pag-sasabi ng sorry at pag-amin na mali ka, kahit iniisip mo o alam mo na

ikaw ang tama, ay nakatutulong na ibalik ang kapayapaan sa silid. Pagkatapos ay lumayo, manahimik, baguhin ang paksa, o humanap ng isang bagay na mapagkakasunduan ninyo. Hindi magtatagal ay babalik ang Espiritu.

Dylan M., edad 15, California, USA

Magmahal Ka Lang

Nalaman ko na ang pagpapakita ng dalisay na pagmamahal sa aking pamilya ay inaanyayahan ang Espiritu na manatili sa aming tahanan. Nag-salita ang propeta tungkol sa pagmamahal bilang dahilan ng pagbabago at balsamong nagpapahilom sa kaluluwa. Ang diwa ng pagmamahal ay naghahatid ng kaligtasan at kapayapaan sa tahanan.

Joseph C., edad 18, Arizona, USA

Kausapin ang Pamilya Mo

Kung hindi miyembro ng Simbahan ang pamilya mo, kausapin sila na hindi maganda ang pakiramdam mo kapag nagtatalo sila at hilingin na magbago sila. Kung hindi ito gumana, magdasal at subukang muli. Kung mga miyembro sila, paalalahanan sila na anak sila ng Diyos at dapat nilang iwasang mag-away.

Carolina S., edad 19, Goiás, Brazil



Magdasal para sa Espiritu

Tuwing nagtatalo ang pamilya, mahirap mada-
ma ang presensya ng
Espiritu, ngunit hindi

ibig sabihin ay hindi mo ito madara-
ma kung karapat-dapat ka. Magdasal
nang taimtim para mas madama ang
Espiritu ng Panginoon at mas mapan-
sin ang mga paramdam na ipadadala.
Matutulungan ka ng Ama sa Langit na
madama ang kapayapaan at malaman
kung paano higit na maipadarama ang
kapayapaang iyon sa inyong tahanan.
Katie G., edad 17, Utah, USA

Subukang Makipagkasundo

Kausapin ang pamilya mo para
malutas ang problema sa paraang
mapapabuti ang lahat, o magbahagi
ng isang talata sa banal na kasulatan
o kumanta ng himno. Maaari mo ring
hilingin sa Ama sa Langit na tulungan
kang lutasin ang problema. Sa gani-
tong paraan, lahat ay mapapanatag at
malulutas ang problema nang hindi
na kailangang sumigaw o maging
marahas. Siguradong pupuspusin
kayo ng Espiritu Santo ng kapayapaan
at bibigyan ang lahat ng pagnanais na
huwag nang mag-away ulit.

Luis F., edad 14, Playa del Carmen, Mexico

*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at mag-
bigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na
pahayag ng doktrina ng Simbahan.*



Ang patotoo ba ay higit pa sa damdamin?

Patotoo ang binabanggit ng Tagapagligtas nang sabihin Niya kay Pedro na, “Hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit” (Mateo 16:17). Kaalaman ito mula sa Diyos na inihayag sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Ang Espiritu Santo ay nangungusap sa isang tinig na mas nadarama natin kaysa naririnig, ngunit ito ay nagmumula “sa iyong isipan at sa iyong puso” (D at T 8:2; idinagdag ang pagbibigay-diin)—sa ating mga iniisip pati na rin sa ating nadarama.

Inilarawan ni Propetang Joseph Smith ang diwa ng paghahayag bilang isang damdaming dumarating “kapag nadarama ninyo ang pagdaloy ng dalisay na talino sa inyo, [at] may bigla kayong maisip” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 153).

Kapag ibinaling natin ang ating puso’t isipan—ang ating mga iniisip, nadarama, at hinahangad—sa Diyos, mangungusap Siya sa ating puso’t isipan sa marahan at banayad na tinig ng Espiritu Santo. Habang nangu-
ngusap Siya sa ating espiritu, tila may dumadaloy na damdamin at ideya sa atin. Ito ang patotoong ibinibigay Niya sa atin.

Ipadala ang iyong sagot at, kung nais mo, isang high-resolution na larawan bago sumapit ang Nobyembre 15, 2018, sa liahona.lds.org (i-klik ang “Submit an Article”).

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ano sa Palagay Mo?

“Paano ako makakahanap ng mga kaibigang may magagandang pamantayan?”

Mga Landas na Maghahanda sa Inyo para sa Inyong Kinabukasan

Ni Leah Barton

Mga Magasin ng Simbahan

Palagay ko hindi pangarap ng sinumang 14-na-taong-gulang na dalagita na makita ang sarili niya sa isang maalikabok na kamalig, hawak ang isang makalawang na pala, at naglilinis ng mabahong kuwadra ng kabayo. Pero naroon ako araw-araw pagkauwi ko mula sa eskuwela hanggang sa umabot ako sa tamang edad para makakuha ng ibang trabaho.

Talagang hindi ko pinangarap na magtrabaho noong high school ako, pero naunawaan ko noon na kung nais kong makakuha ng trabaho na talagang gusto ko—na walang kasamang paglilinis ng kuwadra ng mga hayop—kailangan kong mag-aral sa kolehiyo, at para makapag-aral sa kolehiyo, kailangan ko ng pera. Alam ko na para sa akin, edukasyon ang tamang hakbang para matupad (sana) ang pangarap kong propesyon.

Ang maganda ay na ang landas na pinili ko ay isa lamang sa ilan na makakatulong sa inyo na matutong magtrabaho at matustusan ang sarili ninyong mga pangangailangan. Ito ay tinatawag na pag-asa sa sarili sa temporal at sa espirituwal. Habang iniisip ninyo ang inyong mga opsiyon, subukang pumili ng landas na sa tingin ninyo ay higit na maghahanda sa inyo.

Ang mga kuwentong ito ay nagmula sa mga taong kaedad ninyo ilang taon pa lang ang nakararaan. Sa pagsunod sa mga halimbawa ng mga young adult na ito, mahahanap ninyo ang inyong sariling landas tungo sa matagumpay na pag-asa sa sarili.

ISIPIN ANG MGA PANGANGAILANGAN SA PALIGID NINYO

Ni Oudom Piseth, Cambodia

Para makamit ang aking mga mithiin, lagi kong sinasabi sa sarili ko na napakahalagang magpakasipag, pero ang isa pang paraan para matagumpay ay magtrabaho nang may katalinuhan. Pagkatapos kong magmisyon sa England, bumalik ako sa Cambodia at naghanap ng trabaho. Tiningnan ko ang mga bagay na katulad ng haba ng training para matanggap sa bawat trabaho at kung magkano ang training.

Nalaman ko na ang training program para maging clothing merchandiser ay maikli pero mahirap, at iilan lang ang gumagawa nito. Nakita ko na magandang oportunidad iyon at ipinasiya kong pasukin iyon. Natapos ko na ngayon ang programa at nagtatrabaho ako bilang merchandiser para sa isang clothing company.

Maaaring mahirap maghanap ng tamang propesyon, pero nariyan ang Tagapagligtas para tulungan at suportahan ako.



Kayo man ay nasa kolehiyo, naghahanap ng trabaho, o natututong mangalakal, nagkakaroon kayo ng isang katangian na mahalaga sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

GAMITIN ANG EDUKASYON PARA MAGKAROOON NG MGA OPORTUNIDAD

Ni Iolanda Teixeira, Cape Verde, Africa

Laging pinalalakas ng nanay ko ang loob ko sa mga katagang, “Edukasyon ang susi sa tagumpay.” Gusto kong magkaroon ng mas magandang kinabukasan para sa sarili ko at lalo na para sa aking pamilya, at para magawa ito, kinailangan kong magpatuloy sa pag-aaral. Walang pera para makapag-aral sa kolehiyo noon, nag-aplay ako sa isang scholarship para makapag-aral sa vocational school ng computer systems and maintenance.

Sa buong pag-aaral ko dumanas ako ng iba’t ibang hamon, pero hindi iyon nakapigil sa pagsulong ko na nakapako ang mga mata sa mas magandang kinabukasan. Malaking tulong sa akin ang panalangin; lagi akong humihingi ng payo sa Panginoon. Noon pa man ay tapat na ako sa pag-aaral, at ngayo’y nananatili akong tapat sa aking trabaho, at ginagawa ko ang lahat ng makakaya ko bilang computer technician at marketing assistant.



MAGTRABAHO NGAYON PARA SA KINABUKASANG NAIS NINYO

Nina Ann-Sophie at Lawrence Cavin, Scotland, UK

Ann-Sophie: Noon pa ma'y gusto ko nang mag-aral sa unibersidad, pero noong tinedyer ako, nagbago nang husto ang mga plano ko kung ano ang pag-aaralan ko. Pagkatapos ko ng high school, nagboluntaryo ako sa hospital nang anim na buwan. Mula noon gustung-gusto ko na ang ideyang maging nurse, pero hindi ko inisip na kaka-yanin kong gawin iyon.

Sa aming ward self-reliance class, pinapili kami ng trabahong gusto naming pasukan kahit wala kaming mga kwalipikasyon. Ipinagdasal ko

kung ano ang dapat gawin, at laging pumapasok sa isip ko ang nursing. Nagpasiya akong sundin ang mga pahiwatig ng Panginoon.

Hindi naging madali ang pagtahak sa landas na ito. Para makapagsimula, sinaliksik ko ang nursing program at kung ano ang kailangan para makapag-aral ako. Kinausap ko ang mga tao na nagdaan din sa prosesong ito. Nang una akong mag-aplay sa nursing program, isinama ako sa waiting list. Pero hindi

ako sumuko; nag-aplay ako ulit at kalaunan ay nakapasok ako. Kung minsan kailangan ninyong magtiyaga at magtiwala sa Panginoon dahil may sarili Siyang plano para sa inyo.



Lawrence: Noong bata-bata pa ako, nagtakda ako ng mithiin na maging pinakamahusay sa anumang asignaturang pinag-aralan ko o anumang trabahong pinasukan ko. Lagi akong nagsisikap na matuto at magpakahusay para lalo akong magtagumpay.

Nagtatrabaho ako ngayon bilang manager sa isang clothing company, pero gusto kong maging pulis. Sa Scotland, kailangan ninyong manirahan sa bansa nang tatlong magkakasunod na taon bago kayo mag-aplay para maging pulis. Dahil dalawang taon akong nasa labas ng bansa nang magmisyon ako, kailangan kong maghintay ng ilang buwan pa bago ako makapag-aplay.

Bagama't naging malaking hadlang ito, hindi pa ako sumusuko. May magandang trabaho ako para matustusan ang pamilya ko, at nagpakasipag ako para matiyak



PAGTUKLAS SA INYONG LANDAS

na makakakuha ako ng magandang reference kapag nag-aplay ako sa ibang trabaho sa hinaharap.

Tulad ng mga young adult na ito, makikita ninyo na maihahanda kayo ng iba't ibang landas na pangalagaan ang inyong sarili at ang inyong pamilya sa hinaharap. Nasasaisip ang mithiing iyan, maaari kayong magplano para magtagumpay. Itinuro ni Elder Dieter F. Uchtdorf ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Gawin natin ang pinakamahasag nating magagawa at lumikha ng reputasyon sa pagiging mahasag sa lahat ng ating gawain. Ituon natin ang ating isipan at katawan sa napakagandang oportunidad na makapagtrabaho sa bawat araw na dumarating" ("Dalawang Alituntunin para sa Alinmang Pamumuhay," pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2009). Kapag nagtuon kayo ngayon sa pag-aaral at pagtatrabaho, magkakaroon kayo ng mga gawi na tutulong sa inyo na mas magtiwala sa kinabukasan. ■

Paunawa ng patnugot: Isiping hilingin sa inyong bishop na ipakilala kayo sa mga self-reliance specialist sa inyong stake. Matutulungan nila kayong tuklasin ang mga posibilidad na makapag-aral at makapagtrabaho kayo sa hinaharap.

1.

KILALANIN ANG INYONG SARILI

Saan kayo mahasag? Ano ang gustung-gusto ninyong gawin? Ang pagsagot sa mga tanong na ito ay makakatulong sa inyo na matukoy ang isang potensyal na propesyon na akma sa anumang mga kasanayan, interes, at talentong mayroon na kayo.

HINT: Isiping tanungin ang inyong mga magulang, guro, at kaibigan kung anong talento ang nakikita nila sa inyo. Baka magulat kayo sa sinasabi nila!

2.

UNAWAIN ANG MUNDO SA INYONG PALIGID

Anong mga trabaho ang kailangang-kailangan sa lugar kung saan kayo nakatira? Aling mga kumpanya ang nagha-hire? Makabubuting pumili ng kurso sa isang area na lumalago at malamang na magkaroon ng mga oportunidad sa hinaharap.

HINT: Madalas ay alam ng mga kolehiyo, unibersidad, o trade school kung anong mga kasanayan ang kailangang-kailangan at kung anong mga industriya ang lumalago.

3.

ALAMIN KUNG ANO ANG KAILANGAN NINYONG SUNOD NA GAWIN

Anong paghahanda ang kailangan para sa trabahong gusto ninyo? Saan kayo kukuha ng training at edukasyon na kailangan ninyo? Paano ninyo ito babayaran? Para makamit ang minimithing pangmatagalang propesyon, kailangan ninyong alamin kung paano mararating iyon.

HINT: Isiping kausapin ang isang taong ginagawa na ang gusto ninyong gawin. Tanungin sila. Karamihan sa mga tao ay nasisiyahang magpaayo at magmungkahi.

Pagpapadama ng Pag-ibig ng Diyos



Ni Allie B., edad 12, Kentucky, USA

Kani-kanina lang lumipat ang pamilya namin sa Kentucky. Nagalit talaga ako dahil maiwan ko ang lahat ng kaibigan ko at kamag-anak. Ibang-iba ang Kentucky sa

nakasanayan ko na. Noong una kaming magsimba, nakita ko na kakaunti ang tao roon. Nang malaman ko kung gaano kaliit ang branch namin, nagpasiya ako na sa halip na mag-isip ng masama tungkol dito, kikilos ako.


Kinabukasan, nagpunta kami ni Inay sa tindahan. Bago kami umalis ng bahay, kumuha ako ng isang bungkos ng pass-along cards. Pagdating namin sa tindahan, kumuha ako ng kendi at magbabayad na sana. In-scan ng kahera ang kendi, at iniabot ito sa akin. Ibinalik ko ito sa kanya. Mukhang nalito siya at nagsabing, “Kababayad mo pa lang para dito.”

Sabi ko, “Alam ko, pero regalo ko na ito sa iyo.” Pagkatapos ay sinamahan ko ng isang pass-along card ang kendi. Ngumiti siya at nagpasalamat. Tiningnan niya ang likod ng pass-along card, kung saan isinulat kong, “Lahat ay anak ng Diyos.” Umalis akong masaya, alam na kahit hindi siya sumapi sa Simbahan, may nagawa pa rin akong mabuti.

Kalaunan nang araw na iyon, naalala ko na naiwan ko ang natitirang pass-along cards sa tabi ng cash register! Nang magpunta kami ulit sa tindahan, itinanong ko kung naroon pa ang mga iyon. Pagkatapos ay may nakita ako, at tumigil ako sa paglakad. Mga lima sa cash registers ang may pass-along cards na may nakasaad na, “Lahat ay anak ng Diyos.” Ipinamigay pala ito ng kahera! Napakasaya ko dahil sa ginawa ko. ■



Panalangin sa Canyon



Ni Carsen K., edad 11, Utah, USA

Noong nakaraang taon nag-hiking kami ng tatay ko at kapatid kong lalaki. Nag-hiking kami hanggang sa kaloob-looban ng canyon. Di-nagtagal sinimulan naming galugarin ang isang munting daanan sa gilid ng bundok. Nakakita kami ng malalaking yungib at mga lugar kung saan kita ang magagandang tanawin. Umakyat kami nang umakyat sa mga bato at matatarik na burol.

Hindi nagtagal talagang naligaw na kami. Hindi namin alam kung saan kami pupunta para makarating sa paanan ng canyon. Nabalaho kami sa makapal na palumpong, at hindi na namin matanaw ang itaas at ibaba ng canyon. Nagsimula akong panghinaan ng loob. Hindi ko alam kung saan pupunta, at hindi rin alam ni Itay!

Dumidilim na at lumalamig, at malayong makalabas kami ng canyon. Alam kong alam ng Ama sa Langit ang tamang daan.

Sinabi ko, “Kung gusto nating makalabas dito, kailangan nating magdasal!” Kaya lumuhod kaming tatlo at nagdasal, na hinihiling sa Ama sa Langit na akayin kami palabas ng canyon.

Nang magsimula kaming lumakad, nadama ko na kapag may nakita akong mataas at tuwid na puno, dapat akong kumaliwa. Nang kumaliwa na ako, nakita ko ang kotse namin. Alam kong tinulungan kami ng Ama sa Langit na makalabas ng canyon. Sinagot ng Ama sa Langit ang aming panalangin, at ligtas kaming nakalabas—na papalubog pa lang ang araw.

Labis akong nagpapasalamat sa kapangyarihan ng panalangin at sa pakikinig ng Ama sa Langit. ■

Maningning ang Liwanag sa Czech Republic

Tinipon ni Sharon Goodrich, Mga Magasin ng Simbahan

Kami ay mga batang
Primary sa Czech Republic.
Ganito namin pinaniningning ang liwanag
namin sa aming bansa.

Minsan naiwala ko ang paborito kong guwantes.
Lungkot na lungkot ako. Nagdasal kami ng nanay
ko, pero hindi namin nakita iyon. Sinikap kong
sumampalataya. Pagkaraan ng isang linggo, nakita
ng bunsong kapatid ko ang guwantes ko sa kalye!
Sinasagot ng Diyos ang ating mga dalangin. Mahal ko
Siya at alam kong Siya ay buhay.

Andre W., edad 9



May mga kaibigan ako sa eskuwela na hindi
miyembro ng Simbahan pero nirerespeto pa
rin ang aking mga pamantayan. Minsa'y sinabi
ko na dapat kaming magdasal, at pumayag sila!
Napakasaya ko.

Ivana A., edad 11



Pababa kami ng mga kaibigan ko.
Pagdating namin sa elevator, hindi
panatag ang pakiramdam ko at
sinabi ko sa mga kaibigan ko na
huwag sumakay roon. Nagpasiya
pa rin silang sumakay. Naghagdan
ako. Pagdating ko sa ibaba, wala
roon ang mga kaibigan ko.



Huminto ang elevator! Natagalan
bago sila nakalabas. Masaya ako
na walang malubhang nangyari.
Maganda rin ang pakiramdam
ko dahil sinunod ko ang Espiritu
Santo.

Amalie N., edad 10



Sa beach, nagsimulang dumilim ang langit.
Umihip ang hangin at lumikha ito ng
malalaking alon! Kumulog, kumidlat, at
bumagsak ang ulang may yelo. Nagtakbuhan
ang lahat para kumanlong. Hindi kami
nasaktan sa bagyo. Sa daan pauwi, nakakita
kami ng tatlong bahaghari. Alam namin na
tinulungan at pinrotektahan kami ng Diyos.

Jakub B., edad 10



Sa eskuwela may kaibigan ako na ayaw
kaibiganin ng iba. Sinimulan siyang sabihan
ng ibang mga bata ng masasamang bagay



na nagpadama sa
kanya na pangit
siya. Sinabi ko
ito sa titser ko
at niyaya kong
maglaro ang
kaibigan ko.
Sumaya ang
kaibigan ko
dahil dito!

Ludmila V., edad 8

Nagalit ako sa nanay ko dahil
ayaw kong maligo at matulog.
Kinabukasan nalungkot ako dahil
sa maling pasiya ko. Sabi ni Inay
maaari naming ipagdasal sa Ama sa
Langit na patawarin kami. Lumuhod
kami at nagdasal. Gumanda ang
pakiramdam ko. Nalaman ko na tayo
ay maaaring magsisi, at dahil kay
Jesucristo, ay mapapatawad tayo.

Samuel H., edad 5



Nagpatotoo ako sa
simbahan. Naglakas-loob
ako Mula noon, nadama
ko na ang Espiritu.

Eliska K., edad 11

Nang magkasakit ang alaga kong
guinea pig, ipinagdasal ko siya.
Nagpapasalamat ako sa Ama sa Langit
sa pagtulong sa amin.

Aneta P., edad 10



PADALHAN KAMI NG ISANG BITUIN!



Halos tapos na
kaming mangolekta
ng mga bituin! Kung wala ka pang
naipapadala, bilisan mo at i-email sa amin
ang isang larawan ng iyong bituin lakip
ang iyong kuwento, retrato, at pahintulot
ng magulang sa liahona@ldschurch.org.



“Pinatototohanan ko Siya, ang Manunubos ng daigdig at Panginoon nating lahat. Siya ang Bugtong na Anak ng Diyos na buhay.”

Ni Elder Jeffrey R. Holland

Ng Korum ng Labindalawang Apostol


“Miracles of the Restoration,” Ensign, Nob. 1994, 34.

Ang Ating Pahina



Kapag nagsisimba ako, nadarama ko ang Espiritu ng Diyos at ang pagmamahal ko sa Kanya at sa aking Tagapagligtas na si Jesucristo. Mahal ko ang aking Manunubos.

Ayana B., edad 7, France




Gustung-gusto kong magpunta sa templo kasama ang pamilya ko. Magandang lugar iyon na mapupuntahan ko kapag 12 taong gulang na ako. Ito ang bahay ng Panginoon.

Aldo C., edad 10, Mexico



"Pangulong Monson at kanyang mga tagapayo"
Omar A., edad 9, Peru



Masaya akong ibahagi ang ebanghelyo sa paaralan sa mga kaibigan ko, lalo na sa isang batang lalaking nahhirapang magsalita, magsulat, at magbasa. Ang isang paraan para maibahagi ang ebanghelyo gaya ng itinuro ni Jesucristo ay sa pagtulong at paglilingkod sa iba. Tuwing binibigyan kami ng guro ng assignment sa homework book, lagi akong pumapayag na tulungan ang batang ito. Gustung-gusto kong maglingkod sa iba dahil ipinadarama nito sa akin ang pagmamahal ng aking Ama sa Langit.

Allison M., edad 10, El Salvador

Pag-asa sa Holland

Ni Megan Armknecht

Batay sa tunay na buhay

Si Grace ay isang 15-taong-gulang na batang nanirahan sa Holland noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Matagal nang nag-simula ang digmaan. Gutom na gutom ang mga tao sa Holland, at inasam nilang matapos na kaagad ang digmaan.

Ang huling taon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang pinakamalala para sa Holland. Kinuha ng mga Nazi ang lahat. Hindi makapasok sa paaralan si Grace. Walang uling para mapainit ang bahay nila. Para hindi magutom, kinailangang kumain ni Grace at ng kanyang pamilya ng mga talbos ng tulip. Ang *pangit* ng lasa nito! Ang pinakamalala sa lahat, bilanggo pa rin ng digmaan si Itay.

Pero may pag-asang nadama sa paligid. Sabi ng mga tao, natatalo na sa digmaan ang mga Nazi. At noong Mayo ng 1945, sumuko na ang mga Nazi. Sa wakas ay malaya na ulit ang Holland! Nagdiwang ang mga tao sa kalsada. Makakapag-aral na ulit ngayon si Grace. Wala nang katatakutang mga sundalo.

Ang pinakamasaya sa lahat, habang naglalakad pauwi si Grace at ang kanyang mga kapatid isang araw, nakita nila ang bandila ng Holland na nagwawagayway sa harap ng bahay nila. Alam nila na isa lang ang ibig sabihin niyon.

“Nakauwi na si Itay!” sigaw ni Heber.

Tumakbo papasok si Grace at ang kanyang mga kapatid. Niyakap nang mahigpit ni Grace si Itay. Niyakap din siya nito nang mahigpit. Talagang napakasayang makasama si Itay sa bahay.

Hindi nagtagal, nagdatingan ang mga pakete ng pagkain, damit, at gamot sa Holland. Nagpadala ang



mga pinuno ng Simbahan sa Salt Lake ng maraming suplay para tulungan ang mga tao pagkatapos ng digmaan. Nakakuha pa nga ng bagong bestida si Grace! Limang taon na niyang suot ang bestida niya, kaya masayang-masaya siyang makakuha ng bago.

Sa unang pagkakataon sa loob ng maraming taon, nagkaroon ng sapat na makakain si Grace. Nagpasiya ang mission presidency at ang pamahalaan sa Holland na magpasimula ng potato project para magpatubo ng mas maraming pagkain. Nagtanim

ng maraming patatas ang mga miyembro ng Simbahan sa kalapit na mga bukirin. Pagsapit ng taglagas, magkakaroon sila ng libu-libong patatas na makakain.

“Tingnan ninyo!” sabi ni Grace kay Itay, habang nakaturo sa isang umuusbong na tanim na patatas. “Hindi na tayo magugutom ulit!”

Tumango si Itay pero hindi ngumiti. Sabi niya, “Kausap ko kanina si President Zappey. Sabi niya sa akin, nagugutom pa rin ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Germany, tulad natin dati. Wala silang natatanggap na tulong mula sa pamahalaan tulad natin.” Inakbayan ni Itay si Grace.

“Nagtanong si President Zappey kung puwede nating ibigay ang mga patatas natin sa mga Banal sa Germany.”

“Ibigay ang mga patatas natin!” hiyaw ni Grace. Pero ang mga *Nazi* ay taga-Germany! “Maaaring mga Banal sa mga Huling Araw sila, Itay, pero German pa rin sila.”

“Alam kong hindi iyan madali,” sabi ni Itay. “Pero anak din sila ng Diyos. Mahal din Niya sila. Pinatawad ko sila sa pagbibilanggo nila sa akin. Matutulungan tayong lahat ng Panginoon na magpatawad.”

Tumingala si Grace kay Itay. Siya ang pinakamatapang na taong nakilala niya, pero hindi niya alam



kung may tapang siyang magpatawad na tulad nito. Pagkatapos ay bigla niyang naalala ang isa sa kanyang mga guro noong may digmaan. Sinabi ng guro niya na hindi lahat ng German ay Nazi, at hindi lahat ng sundalong Nazi ay masama. At ngayon ang mga batang babae at lalaki sa Germany ay nagugutom, tulad ni Grace dati.

Huminga nang malalim si Grace. “Naiintindihan ko po,” sabi niya. “Ibigay natin sa kanila ang mga patatas natin.”

Niyakap siya ni Itay at ngumiti ito. “Napakatapang mong bata. Mahirap gawin iyan. Pero tayo ay mga disipulo ni Jesucristo, at gayundin ang mga kapatid nating German.”

Ngumiti si Grace. Naglaho ang galit sa kanyang

puso, at kumalma siya at gumanda ang kanyang pakiramdam. Mapapatawad niya ang mga German.

At matutulungan siya ni Jesus na mahal din sila. ■


Ang awtor ay naninirahan sa New Jersey, USA.

Ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Holland ay nagbigay ng 140,000 libra (70 tonelada) ng patatas at 180,000 libra (90 tonelada) ng tawilis sa mga Banal sa mga Huling Araw sa Germany. Kalaunan, noong 1953, nagpadala ng mga suplay ang mga Banal sa Germany sa mga miyembro ng Simbahan sa Holland pagkaraan ng isang malaking baha.

Samahan ng mga Nagbabasa ng Aklat ni Mormon

SUMALI SA PAMAMAGITAN NG PAGBABASA NG AKLAT NI MORMON!

Maaari kang magbasang mag-isa, kasama ang pamilya mo, o kasama ang isang kaibigan. Pagkatapos ay ipadala sa amin ang isang retrato na nagbabasa ka ng Aklat ni Mormon at ikuwento sa amin ang natutuhan mo o paborito mong kuwento sa Aklat ni Mormon. Ipadala ito sa liahona.lds.org (i-klik ang "Submit an Article").



Talata sa banal na kasulatan para sa buwang ito: **Moroni 10:4**

“... Kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.”



Ang paborito kong kuwento sa Aklat ni Mormon ay matatagpuan sa 3 Nephi 17, at tungkol ito sa pagbabasbas ni Jesus sa mga bata. Gusto ko ang kuwentong ito dahil sinasabi rito kung gaano

tayo kamahal ni Jesus at ng Ama sa Langit. Naiintindihan ko ang mga bata, at iniisip ko na naroroon ako mismo.

Barbora J., edad 11, Czech Republic



Mahal ko ang Aklat ni Mormon dahil totoo ang aklat na ito. Isinulat ito ng mga propeta. Tinutulungan ako nitong piliin ang tama, at kapag may problema ako, nakakatulong ito sa akin. Naniniwala ako rito.

Jason S., edad 10, Maharashtra, India

Si Esther ay Matapang

Si Esther ang reyna ng Persia noon. Hindi alam ng hari na si Esther ay isang Judio. May masamang kaibigan ang hari na namumuhi sa mga Judio. Nilo-ko nito ang hari sa pagsasabi na lahat ng Judio sa lupain ay kailangang patayin. Nagpasiya si Esther na pakiusapan ang hari na iligtas ang kanyang mga kababayan. Ngunit maaari niyang ikamatay ang pagpunta sa trono ng hari. Pinakiusapan ni Esther ang mga Judio na ipag-ayuno siya. Nang pumunta si Esther sa trono ng kanyang asawa, tinanggap siya nito. Inanyayahan niya ito at ang kanyang kaibigan sa hapunan. Doon, sinabi niya sa kanila na isa siyang Judio. Hindi maaaring baguhin ng hari ang batas, ngunit pinayagan siya ang mga Judio na protektahan ang kanilang sarili. Sa tulong ng Diyos, nailigtas ni Esther ang kanyang mga kababayan!



"Queen Esther," Rebecca C., edad 8, Aragua, Venezuela

Magbasa tungkol kay Esther sa Esther 2–8.



ESTHER

Si Esther ay matapang at nanalig sa Diyos. Maaari akong maging matapang at manindigan sa tama!

- ☐ Isaulo ang huling bahagi ng Esther 4:14.
- ☐ Panoorin ang kabanata 45 ng mga kuwento sa Lumang Tipan sa scripturestories.lds.org.
- ☐ Kung sasabihin ng mga magulang mo na nasa hustong gulang ka na, ipag-ayuno ang isang taong mahal mo.
- ☐ Maaari akong maging matapang sa pamamagitan ng...

Si Reyna Esther

Ni Kim Webb Reid



Si Esther ay isang reyna. Kasal siya sa hari ng Persia.




May kaibigan ang hari na isang masamang tao. Niloko nito ang hari na gumawa ng isang batas na kailangang patayin ang lahat ng Judio! Hindi alam ng hari na ang kanyang asawang si Esther ay isang Judio.

Nagpasiya si Esther na hilingin sa kanyang asawa, ang hari, na iligtas ang kanyang mga kababayan. Pero nag-alala siya na baka magalit ito. Hiniling ni Esther sa lahat ng Judio na mag-ayuno at manalangin para sa kanya. Pagkatapos ay nagpunta si Esther sa hari. Hindi ito nagalit!




Inanyayahan ni Esther ang hari at ang kanyang kaibigan sa isang hapunan. Sa hapunan, sinabi ni Esther sa hari na *siya* ay isang Judio. Nagalit ang hari na niloko siya ng kanyang kaibigan. Sasabihin niya sa mga Judio na maaari nilang protektahan ang kanilang sarili. Nailigtas ni Esther ang kanyang mga kababayan!



Maaari tayong humingi ng tulong sa Ama sa Langit
sa panalangin. Maaari tayong maging matapang,
gaya ni Esther. ■

Mula sa Esther 2–8.

Maipadarama Ko sa Iba na May Nagmamahal sa Kanila





**Ni Pangulong
James E. Faust
(1920-2007)**

Pangalawang
Tagapayo sa Unang
Panguluhan

ANG ATING SUMUSU- PORTANG PAGSANG-AYON

*Ang espirituwal na patnubay sa maraming
pagkakataon ay nakasalalay sa pakikiisa
sa . . . mga propeta, tagakita,
at tagapaghayag.*



Hangad kong magsalita tungkol sa mga sagradong tungkulin ng mga lider ng priesthood na iyon na “tinawag at pinili” (D at T 55:1) upang gabayan ang Simbahan sa panahong ito. . . .

. . . Ang aking mga Kapatid [sa Korum ng Labindalawang Apostol], lahat sila, ay mabubuti, mararangal, at mapagkakatiwalaang kalalakihan. Alam ko ang nasa puso nila. Sila’y mga alagad ng Panginoon. Ang hangarin lamang nila ay gawin ang kanilang dakilang mga tungkulin at itatag ang kaharian ng Diyos sa lupa. Ang ating mga Kapatid na naglilingkod ngayon ay tunay, subok na, at tapat. . . . Dalisay ang kanilang puso, napakaganda ng kanilang karanasan, napakalinaw ng kanilang isipan, at napakalalim ng kanilang espirituwal na karunungan kaya’t mapapanatag ka kapag kasama mo sila.

. . . [Nang matawag ako, pinayuhan ako] na ang pinakamahalagang

bagay na dapat kong gawin ay makiisa palagi sa aking mga Kapatid. . . . Iyan ang isang bagay na gusto kong gawin nang buong puso ko.

. . . Naisip kong halos lahat ng espirituwal na patnubay ay nakasalalay sa pagiging kaisa sa Pangulo ng Simbahan, sa Unang Panguluhan, at sa Korum ng Labindalawa—lahat sila’y sinang-ayunan bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Hindi ko alam kung paano tayo lubos na makikiisa sa Espiritu ng Panginoon kung hindi tayo nakikiisa sa Pangulo ng Simbahan at sa iba pang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. . . .

Ang payo ko sa mga miyembro ng Simbahan ay suportahan ang Pangulo ng Simbahan, ang Unang Panguluhan, Korum ng Labindalawa,

at iba pang mga General Authority nang ating buong puso at kaluluwa. Kung gagawin natin ito, tayo’y maliligtas. . . .

Kailangan din nating suportahan at sang-ayunan ang ating mga lokal na lider, sapagkat sila rin ay “tinawag at pinili.” Bawat miyembro ng Simbahang ito ay maaaring tumanggap ng payo mula sa bishop o branch president, stake o mission president, at sa Pangulo ng Simbahan at sa kanyang mga kasama. Walang sinuman sa mga kapatid na ito ang hiniling ang kanyang tungkulin. Walang sinumang perpekto. Gayunpaman sila’y mga alagad ng Panginoon, na tinawag Niya sa pamamagitan ng mga taong karapat-dapat na mabigyang-inspirasyon. Ang mga tinawag, sinang-ayunan, at itinalaga ay nararapat sa ating pagsang-ayon. ■

Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2005.



EDMUND BLAIR LEIGHTON (1852-1922). ANG LALAKING BULAG SA TANGKE NG SILOE. 1879, IPININTA SA CANVAS, 40 X 50 1/4 PULGADA. BRIGHAM YOUNG UNIVERSITY MUSEUM OF ART, BINILI MULA SA PONDONG BIGAY NI JACK R. WHEATLEY, 2014.

**ANG LALAKING BULAG
SA TANGKE NG SILOE,
NI EDMUND BLAIR
LEIGHTON**

"Sumagot siya, Ang lalaking tinatawag na Jesus ay gumawa ng putik, at pinahiran ang aking mga mata, at sinabi sa akin, Humayo ka sa Siloe, at maghugas ka: kaya't ako'y humayo at naghugas, at ako'y tumanggap ng paningin. . . .
"Kung ang taong ito'y hindi galing sa Dios, ay hindi makagagawa ng anoman" (Juan 9:11, 33).

MGA YOUNG ADULT

**PAGSUSURI SA
INYONG "BAKIT"**

*Ano ang gumaganyak sa iyo na
ipamuhay ang ebanghelyo?*

44

MGA KABATAAN
**PAANO KAYO
MATUTURUAN NG
ESPIRITU SANTO**

50, 56

**MAGSIKAP NA
NGAYON PARA SA
KINABUKASANG
NAIS NINYO**

62

PANGKALAHATANG
KUMPERENSYA

**LIMANG PARAAN
PARA MATUTO
MULA SA
KUMPERENSYA**

50, 54,
58



ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

